JUST IF

MONTEMAYOR SERIES Copyrights © SiMarcoJoseAko August 25, 2014 Cover made by ESTAZCY

PROLOGUE/TEASER

«He is my fianc«.« Pinanlakihan ko nang mata ang babaeng lumapit sa fianc« ko. I even raised my eyebrow para mas nakakatakot akong tignan.

«I«I«m sorry.« Sagot naman ng babaeng lumapit sa fianc« ko at tsaka ito nagmamadaling umalis.

«Hoy, grabe ka naman. Nambababae ka harap-harapan? Hindi mo man lang ba inisip na nandito lang sa paligid mo ang fianc«e mo?« Umupo ako sa harapan niya.

«Tss. Bakit? Nasasaktan ka ba?« Tanong niya sa akin.

«Oo naman, kahit papaano ang sakit na makita na nambabae ang fianc« mo.« Sabi ko sa kanya. Kinuha ko ang frappe niya at tsaka humigop sa straw niya. Hindi naman ako naniniwala sa indirect kiss.

«So, sino siya? New prospect?« Tanong ko sa kanya.

«Selos ka?« Tanong niya sa akin. Inagaw niya sa akin ang frappe niya sabay higop sa straw niya. Aba«t!

«Nalawayan ko na «yan, akin na «yan!« Sabi ko sa kanya.

◆Basehan mo ba ◆yon para masabing sa◆yo na ◆to?◆ Tanong niya sa akin. Napataas ako ng kilay.

◆Oo, bakit? May angal ka?◆ Mataray kong sabi sa kanya.

Bigla akong nagulat ng tumayo siya at walang sabi-sabi akong hinalikan sa labi. Hindi ako nakakilos o nakapagsalita man lang. Wala sa sariling ipinikit ko na lamang ang mga mata ko. This is the first time he kissed me and the feeling was really foreign. Yes, I admit. Marami nang lalaki ang nakahalik sa labi ko pero siya? Iba, ibang-iba.

He suddenly ended the kiss.

◆Now, nalawayan na kita. So it means, pagmamay-ari na kita.◆

Axcel, gave me a playful smile.

ONE

"Kapag hindi ka bumangon sa loob ng isang minuto, sinisigurado kong hindi ka na talaga babangon diyan kahit kaylan." I crossed my arms and looked at him, the sleepy birdy jerk.

"Hmmmn, six minutes." Inaantok na sabi niya sabay taklob ng unan sa mukha niya.

Sinusubukan talaga ako ng Montemayor na 'to eh. Ang aga-aga kong gumising para lang dalhan siya ng pagkain dito sa unit niya sabay ganito lang ang dadatnan ko?

We are now both in fourth year college. He's taking Business while I am taking

Accountancy. He is my fianc◆ since we were in highschool and we don't take it seriously. Wala naman akong pakielam doon, kaartehan lang 'yon ng mga magulang namin at akala ay nasa 19th Century pa kami. He could do whatever he wants to do. Basta ba ay hindi siya mambababae harap-harapan. Ipinagkasundo ako ng mga magulang ko sa kanya dahil baka raw hindi na ako mag-asawa kung puro paglalakwatsa at school lang ang iniitindi ko. I am now twenty-one years old at isang taon na lang, graduate na ako. Siya na ang nakasama ko sa lahat ng bagay at masaya ako roon. He is my savior kapag nasasangkot ako lagi sa gulo. But I know it won't last for a lifetime. Wala naman kasing forever at tsaka alam kong itititigil din namin ang kahibangan naming ito. Pero sa ngayon, I am going to enjoy his accompany. Minsan nga lang ang hirap niyang i-handle dahil napaka isip bata niya. Ayaw umaktong matanda!

"Tumayo ka na diyan! Tignan mo nga 'tong condo mo dinaig pa lungga ng daga sa sobrang dumi!" Sabi ko at tsaka ko hinatak ang unan niya. Hindi ko nga alam ang irereact ko ng pagpasok ko ay sumalubong sa akin ang mga nagkalat na basyo ng beer at mga pinagkainan niya. Wala ba sa katawan niya ang maging malinis man lang kahit isang araw? Kahit kaylan talaga, burara ang mga lalaki at isang malaking patunay na si Axcel Vinn Montemayor, the little birdy.

"Heena naman! I am still sleeping, napuyat ako kagabi!" Reklamo niya.

"At bakit? Nambabae ka na naman, ano?" Tinaasan ko siya ng kilay.

"Eh ayaw mo namang makipag sex sa akin. Di sana hindi na ako nambababae!" Dahilan pa niya kaya walang sabi-sabi ko siyang binatukan.

Nagkasundo kami na ayos lang na mambabae siya basta huwag siyang mag-uuwi nang babae sa condo niya, kung hindi puputulan ko siya.

"Gusto mo bang putulan kita diyan?! Itahimik mo 'yang bastos mong bibig. Sinasabi ko sa'yo Montemayor, mawawalan ka ng pagkalalaki." Banta ko sa kanya.

"Kung umasta ka parang kasal na tayo ah! Ni hindi pa nga kita riyan sinasagot." Sabi niya at tsaka siya tumayo. Boxer brief lang ang suot niya kaya naman bakat ang dapat bumakat. Wala na namang kaso sa akin iyon dahil nakita ko na siyang hubo't hubad. Iyon nga lang, hindi pa siya tuli noon.

"Bakit ka ba nandito?" Tanong niya sa akin pagkatapos niyang magsuot ng shorts.

"Dinalhan kita ng food." Sabi ko sa kanya sabay turo sa plastic sa may lamesa.

"Ang sweet naman ng future wife ko." Sabi pa niya.

"Hindi ako sweet nagkataon lang na naalala kong tamad ka kaya dinalhan kita ng pagkain." Sabi ko sa kanya. Ibinaba ko ang bag kong Jansport sa may lamesa at sinimulan na ayusin ang mga kalat sa may sala.

"Huwag na, ako na mag-aayos niyan mamaya." Sabi pa niya.

"Kumain ka na lang diyan at ikaw maglilinis? Oh, you are just telling me na pwede pala ihalo ang mantika sa tubig." Sabi ko sa kanya.

"Okay. Hindi naman ako mapapagod, pero kung gusto mo mapagod pwede naman kitang pagurin sa ibang paraan nga lang." Sabi niya sabay kindat sa akin na sinamahan pa niya ng nakakalokong ngiti.

"Itigil mo 'yang bibig mo. Pasalamat ka at nandito ako sa tabi mo. Paano na lang kapag nawala na ako sa'yo? Sino na lang ang gigising sa'yo tuwing umaga? Sino na lang ang magluluto para sa'yo? O maglilinis ng marumi mong unit? Aba, ang swerte mo nga at dumating pa ako sa buhay mo." Sabi ko sa kanya habang isa-isang pinupulot ang mga basyo ng beer.

"Di 'wag mo akong iwan." Seryoso niyang sabi. Bigla ay natigilan ako.

"Hindi naman kita iiwan, baka nga magulat na lang ako isang araw. Ikaw pala ang mang-iwan." Sabi ko at tsaka ako ngumiti. Ano ba 'tong pinag-uusapan namin? Para kaming mga sira.

"Have you eaten?" He suddenly asked, I just shook my head.

"Tara tabihan mo ako dito, hindi naman kita kakainin. Basta pag sinabi mo lang." Sabi niya at tsaka niya sinabayan ng nakakalokong tawa.

"Sira ka talaga eh 'no?" Sabi ko nang medyo natatawa na rin. Tumabi naman ako sa kanya.

"Heena, paano kung ituloy na lang natin ang engagement?" Tanong niya sabay kagat sa tinapay na dala ko.

"Ayoko nga, di parang nagpukpok ako ng malaking bato sa ulo ko kapag pinakasalan kita." Sabi ko sabay higop sa kape niya. Isa lang kasi ang binili ko.

"Isipin mo Heena, kapag pinakasalan mo ako. Maaanakan kita! Masarap kaya gumawa ng bata." Bigla ko siyang sinubuan ng tinapay sa bibig pagkasabi niya 'non. Ayaw tumigil eh.

"Nasa harap tayo ng pagkain! Kung anu-ano nalabas diyan sa bibig mo!"

"Pero seryoso, ayaw mo talaga? Malaki naman itong◆ARAY!" Hindi na niya naituloy ang sasabihin niya ng bigla ko siyang batukan.

"Di ba sabi ko itikom mo 'yang bastos mong bibig? Makikita mo pipitikin ko 'yang sinasabi mong malaki!" Sabi ko sa kanya.

"Itong condo ko 'yong malaki! Ano bang iniisip mong malaki?" Bigla niyang tanong. Nag-iwas naman ako ng tingin. Minsan hindi ko na alam ang mga iniisip ko kapag kasama ko 'tong lalaking 'to eh. Nagiging bastos na rin ang utak ko.

"W◆Wala! Kumain ka na nga lang diyan!" Sabi ko sa kanya.

"Ikaw ha! Kung anu-ano ang iniisip mong malaki ah." Natatawa niyang sabi.

"Magtigil ka Montemayor, papatayin kita diyan." Sabi ko sabay irap sa kanya.

"Sa sarap ba? Sure, why not!" Tumawa ulit siya ng nakakaloko.

"Bakit hindi mo maitigil 'yang bastos mong bibig?" Naiinis kong tanong sa kanya.

"Aba, magaling manromansa 'tong sinasabi mong bastos kong bibig. Want to try?"

"Kung tahiin ko kaya 'yan ng magtigil ka? It's a good idea, isn◆t it? Para naman hindi na ako napapagod sa kakasaway sa◆yo." Sabi ko sa kanya. Nawalan naman ng dugo ang buo niyang mukha.

"Heena, bakit hindi mo subukang pumasok sa isang relasyon?" Bigla naman akong napatigil sa tanong niya.

"Masaya na ako sa'yo, bakit pa ako maghahanap ng iba? Kahit na isip bata ka, makulit at bastos. Masaya na akong kasama ka, tsaka sinusulit ko lang ang mga panahong kasama kita."

"Paano kapag iiwan na kita?"

Ngumiti ako bago sumagot sa tanong niya. "Huwag kang mag-alala, sa oras na iiwan mo na ako. Alam kong magiging masaya ako, dahil alam kong iiwan mo lang ako kapag masaya ka na. Sa piling ng iba." Seryoso kong sabi sa kanya.

Ngumit naman siya ng pagkaluwag-luwag. "Huwag mo akong iiwan ah? Gagahasain kita kapag iniwan mo ako." Sabi niya.

"Ayokong magahasa kaya hindi kita iiwan." Sabi ko sa kanya.

***

"Hoy bata bakit ka nakahubad?" Tanong ko sa maputing bata na naliligo sa may malaking swimming pool. Wala siyang suot na kahit anong saplot. Bigla akong napatawa ng dumako ang mga mata ko sa birdy bird niya.

"Why are you laughing?!" Nakasimangot nitong tanong sa akin.

"Bata, kita kasi si birdy mo." Natatawa kong sabi. Tinakasan ko kasi sina Mommy and Daddy at dito ako napunta.

"Ano naman ngayon?! Malaki naman!" Pagmamalaki pa niya. Mas lalo akong napatawa.

"Maliit kaya." Sabi ko sa kanya.

"Malaki 'yan! Hawakan mo pa eh!" Giit niya sa akin.

"Yuck! Kadiri ka, bakit mo pahahawak sa akin 'yan eh dirty 'yan." Sabi ko sabay irap sa kanya.

"Ang sungit mo di ka naman maganda." Sabi niya.

"Hoy batang may maliit na bird! Maganda ako!" Sabi ko sa kanya.

"Sus, nasaan? Ang liit liit mo nga eh, pangit pa!" Sabi niya sa akin.

"Ikaw 'yon! Ang liit nga ng bird mo eh!" Sabi ko sa kanya. Sumimangot naman siya.

"Kapag lumaki 'to, ipapakita ko sa'yo 'to tapos hahabulin ka n'yan!" Sabi niya. Tinaasan ko naman siya ng kilay.

"Bakit may ilalaki pa ba 'yan? Eh baka nga lumiit pa 'yan!" Sabi ko sa kanya.

"Oo, lalaki pa 'yan! Hintayin mo lang, hahabulin ka n'yan pag lumaki 'yan kaya matakot ka na batang pangit!" Sabi niya.

"Magtatago ako kapag lumaki 'yan! Tsaka isusumbong kita kay Mommy!"

"Magsumbong ka, samahan pa kita eh!" Sabi pa niya. Magsasalita pa sana ako ng may biglang matabang babae na lumapit sa kanya.

"Axcel! Naku, ikaw talagang bata ka pinapahirapan mo ako! Sabi kong 'wag kang aalis at papaliguan pa kita eh!" Sabi noong matabang babae sa batang tinawag niyang Axcel.

"Eh, gusto ko mag-swim. Tsaka Mamita sabi niya maliit daw 'yong birdy ko." Sabi niya sabay turo sa akin.

"Naku, kayo talagang mga bata kayo, oo! Tara na at maliligo ka pa, magagalit na naman ang Mommy mo n'yan!" Sabi ulit noong matabang babae at tsaka siya hinawakan sa kamay. Umalis na sila pero lumingon ulit 'yong batang maputi.

"Tandaan mo, lalaki pa 'to!" Sabi niya sabay kindat sa akin. Sumimangot lang ako. I won't forget that name.

Axcel, the little birdy.

***

Follow me and tweet me in twitter @MarcoJose008 send me your comments there! :)
Axcel at the side! :)

TWO

"Hoy panget! Ano'ng ginagawa mo dito? Gatecrasher ka 'no?" Bigla akong nagulat ng sumulpot si Axcel the little birdy sa may harapan ko. Katulad ko, nakaayos din ito at nakasuot ng suit. Birthday kasi ng bunso nilang kapatid at imbitado kami dahil matalik na magkaibigan ang mga magulang naming at business partners din.

"Hindi ah! Invited kaya kami dito!" Sabi ko sa kanya. Tinaasan ko rin siya ng kilay para magmukha akong mataray. Napatingin naman ako sa kanya. Kahit pala papaano gwapo siya. Lalo na ngayon na medyo nagmamature na ang itsura niya. We're now in grade 9 and unfortunately, classmate ko silang dalawa ng kakambal niya na sinamahan pa ng mga demonyo niyang tropa.

"Sus, I never thought that Mom would invite some beggar here in the party." Mayabang niyang sabi. Bigla ay naramdaman ko ang pag-init ng mukha ko dahil sa galit. Impokritong 'to!

"Ano tingin mo sa akin little birdy, pulubi? I am not a beggar at kung maging pulubi man ako, aba. Ang ganda ko naman atang pulubi." Sabi ko sa kanya na sinabayan ko pa ng pagtaas ng kilay.

"Marunong ka rin pa lang mag english. Ang galing naman, pulubing nagsasalita ng english." Sabi niya sabay tawa ng nakakaloko.

"Palibhasa maliit 'yang bird mo eh." Inirapan ko siya.

"Anong maliit?! Di tara sa kwarto ko at tignan mo! Kung gusto mo hawakan mo pa eh!" Naiinis niyang sabi dahil medyo magkasalubong na ang makapal niyang kilay. Iyon kasi ang lagi kong pang-asar sa kanya kapag pinagtitripan nila akong magkapatid kasama na rin ang mga wala nilang kwentang kaibigan.

"Ang tanong, may makikita ba ako?" Nang-aasar kong sabi na sinabayan ko ng mapang-asar na tawa. Ha! Akala niya ah.

"Oo! Kahit nga hindi pa 'to matigas malaki na 'to eh! Tara papakita ko sa'yo sa kwarto ko!" Giit niya. Tumaas ulit ang maganda kong kilay.

"Ewww. Kadiri ka alam mo 'yon?" Sabi ko sa kanya. Kahit kaylan napakabastos.

"Tang'na pala eh! Sinasabi mong maliit eh dati mo pa 'yon nakita!" Naiinis o mas magandang sabihin kong galit na sigaw niya sa akin. Magkasalubong na kasi ang makakapal niyang kilay at nagtatagis na ang kanyang mga bagang.

"Aba, talaga naman! Ano'ng magagawa ko kung maliit talaga! Alam mo kasi Axcel the little birdy. May mga bagay talaga na dapat tinatanggap mo na lang. Kapag maliit 'di maliit talaga. Palaki rin kasi minsan. Try mong gumamit ng cherifer at baka sakaling hindi lang ikaw ang tumanggkad, pati na rin ◆yang oh so little birdy mo." Sarkastikong sabi ko.

Hindi siya nagsalita pero laking gulat ko ng bigla niya akong hatakin sa braso at kaladkarin ako papasok sa loob ng bahay.

"Hoy! Impakto ka! Saan mo ko dadalhin?!" Sigaw ko sa kanya pero kahit pa magpumiglas ako, hindi rin ako makawala sa hawak niya lalo na't lalaki pa siya. Ang payat payat ko kaya!

Hinatak niya ako o mas magandang sabihin ko ulit na kinaladkad niya ako paakyat sa hagdan ng malaki nilang bahay papasok sa kwarto nila ng kakambal niya. Bigla ay nakaramdam ako ng kaba. Don't tell me na tototohanin niya nga ang sinabi niya at ipapakita at ipapahawak sa akin ang kanyang small birdy! Oh my gosh!

"Hoy Axcel! Bitiwan mo ako!" Nagpupumiglas kong sabi pero bigla niya lang akong tinulak kaya napaupo ako sa dulo ng kama at nakatayo siya sa harapan ko.

"Ngayon mo malalaman na hindi ito maliit!" Sabi niya at tsaka niya sinimulang tanggalin ang sinturon ng pantalon niya at tsaka niya ibinaba ang zipper hanggang sa lumaglag ang pantalon niya hanggang sa tuhod.

Oh my! Naka-boxer lang siya sa may harapan ko at kitang kita ko na parang may tent na namumuo roon. Wala sa oras na napalunok ako.

"P◆Pwede naman siguro natin itong pag-usapan hindi ba? Hehe." Ngumiti ako sa kanya ng pilit.

"Hindi! Dapat ng matigil 'yang bibig mo!" Sabi niya. Don◆t tell me na ipapakain niya sa akin ang small birdy niya? Hindi maaari! Bigla niyang ibinaba ang kanyang pantalon at kasabay noon ay ang biglang pagbukas ng pinto at pagpasok ng mga magulang niya pati na rin ng Daddy ko.

"What the hell is this Axcel?! Heena?!"

***

"Axcel, ano na naman bang katangahan ito?!" Naiinis kong sabi sa kanya. Sumimangot lang siya.

"Hindi nga kasi ako marunong magluto!" Nakasimangot niyang sabi sa akin. Tinawagan niya kasi ako sa gitna ng klase ko at sinabing puntahan ko siya sa unit niya. Wala kasi siyang klase at ako na naman ang napagdiskitahan niyang guluhin. Kinabahan ako na baka mayroong nangyari dahil pinipilit niya akong pumunta sa unit niya, ◆yon naman pala ay dahil sa katangahan niya.

"Jusko ko naman, hindi kasi tubig ang gagawing mantika! Sino ba namang tanga ang nagprito sa tubig?!" Singhal ko sa kanya na siya namang ikisinamangot niya lalo.

"Malay ko bang ginagamitan 'yan ng ganoon!◆ Rason niya sa akin.

"Di bakit tubig ang ginawa mong mantika? Hindi ka ba nag-aral sa H.E o sadyang hindi ka nakinig? Aba, sigurado akong babatukan ka ng Mommy mo at ni Mamita sa katangahan mong 'yan!" Naiinis ko pa rin na sabi sa kanya.

"Akala ko pwede eh! Sa naubusan ako ng cooking oil at baka pwedeng tubig ang gamitin, masama na bang subukan?! Tsaka bakit ka ba nakasigaw?! Malapit lang naman ako sa'yo!" Singhal niya sa akin.

"Eh kung ipamukha ko kaya sa'yo 'yang katangahang ginawa mo?! At bakit? May angal ka kung sigawan kita?! Kung isumbong kaya kita sa Daddy ko!" Sabi ko sa kanya.

"Di magsumbong ka! Pagbuhulin ko pa kayo eh." Sabi niya ng nakasimangot. Hindi na ako sumagot sa sinabi niya. Baka kasi mas lalo lang akong mainis sa katangahan niya.

"Kumain ka na ba?" Masungit ko pa rin na tanong sa kanya. Hindi siya sumagot, inirapan niya lang ako at parang batang nagtatampo.

"Hoy! Tinatanong kita kung kumain ka na!" Sabi ko sa kanya.

"Hindi pa!" Parang bata niyang sabi habang nakatalikod sa akin.

Inilapag ko na lang ang gamit ko sa may kitchen counter at tsaka naghanap sa refrigerator niya ng pwedeng lutuin. Sakto namang nakakita ako ng baka. Ipagluluto ko na lamang siya ng tapa. Bahala siya kung magutom siya, kasalanan naman niya iyon.

"Himala ata na hindi ka aalis ngayon?" Tanong ko sa kanya. Hindi rin siya nakatiis na hindi ako lapitan lalo na ng maamoy na niya ang tapang niluluto ko.

"Kaka break lang namin ni Ria."

"Ria? Akala ko ba Teressa?" Kunot-noong tanong ko sa kanya. Sinasabi kasi niya lagi sa akin kapag may bago na siyang girlfriend slash fling.

"Magkatunog naman ah!" Giit niya sa akin. Kung tadyakan ko kaya ang gagong 'to at ginagawa akong tanga. Kaylan pa naging magkatunog ang Ria at Teressa?

"Ano pa lang ginawa mo pagkaalis ko kaninang umaga?" Tanong ko sa kanya. Pinapanood niya lang ako habang nakaupo siya sa may lamesa at nakapalumbaba.

"Wala nanood lang ng porn." Sabi niya.

"Bukod doon?" Tanong ko.

"Nagsarili rin?" Hindi na ako nakatiis at bigla ko siyang binato ng basahan.

"Joke lang eh! Ikaw naman hindi ka na mabiro!" Sabi niya sabay taas ng dalawa niyang kamay.

"Tignan mo! Itong hawak kong kutsilyo na ang ibabato ko sa'yo kapag hindi ka sumagot ng maayos." Banta ko sa kanya.

◆Oo na hindi na. Natulog ulit ako tapos paggising ko nagutom ako, kaya ayon sinubukan kong magluto. Mag piprito sana ako ng itlog pero naubusan ako ng cooking oil kaya sinubukan kong tubig ang gamitin. But it was failed, lumutang lang.◆ Proud pa niyang sabi sa akin na sinabayan pa niya ng pag-alog ng mga balikat niya.

◆Tapos?◆

◆Hindi na ako nakatiis sa gutom, kaya tinawagan na kita. Tinatamad naman akong bumaba para bumili ng pagkain.◆ Sabi niya sa akin.

Isinalin ko na sa isang mangkok ang tapa at inilapag iyon sa harapan niya. Kumuha na rin ako ng kanin sa rice cooker at pagkatapos ay inihain sa kanya. Nakita ko naman ang pagningning ng mga mata niya.

◆Tang◆na, sulit ang paghihintay ko!◆ Sabi niya pa at tsaka sunod-sunod na sumubo. Umupo lang ako sa harapan niya at pinanood siyang kumain. Inilabas ko naman ang isang tuna sandwich sa may bag ko.

◆Ayaw mo kumain ng kanin?◆ Sabi niya habang puno pa ng kanin ang bibig niya.

◆Ayoko, diet ako.◆ Kaswal kong sagot.

◆Sus, diet ka pa sa lagay na ◆yan? Ang payat mo na nga nagdadiet ka pa. O susubuan kita.◆ Sabi niya.

◆Huwag kang makulit, Montemayor!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Bili na, isa lang oh. Susubuan kita.◆ Sabi niya

◆Isa! Ayoko nga sabi!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Huwag ng maarte, nangangalay na ako tignan mo.◆ Sabi niya pa. Ayaw talaga paawat ng mokong na ◆to at dahil doon ay napanganga ako ng wala sa oras at sinubuan niya ako gamit ang kutsarang gamit niya rin.

◆Good.◆ Sabi niya sabay ngiti. Aaminin ko, sa loob ng mahabang panahon. Hindi kami naging magkasundo pero lumipas ang mga panahon. Nakuha ko na si Axcel, nakilala ko na siya. Isip bata siya pero kapag sa seryosong bagay, seryoso siya. He is smart, no doubt. Pero hindi niya iyon ipinapakita, gusto niyang inaalagaan siya at nilalambing lalo na kung nilalagnat o lasing siya. Naging kasama ko na siya sa maraming bagay at doon ko napatunayan na kahit makulit siya, masarap naman siyang kasama.

◆Pagkatapos mo diyan magbihis ka, mag gogrocery tayo.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sus, palusot mo eh. Sabihin mo na lang na gusto mo akong ka-date may pa-grocery ka pang nalalaman!◆ Sabi niya na sinabayan niya ng isang nakakalokong ngiti.

◆Heh!◆

***

Follow me and tweet me @MarcoJose008 and send me your comments there! Balik heavy drama po ulit ako guys :) I assure you guys, mas maganda 'to sa plot ng Walang Iba! :) Trust me ;) *winks*

THREE

"I will not tolerate this anymore, Heena. You guys are just highschool students yet you both know how to do it?!◆ Galit na galit na sabi ni Daddy. I could see disspointment written all over his face.

"Dad! Wala kaming ginagawang masama ni Axcel! It◆s not what you think!" Mariing sabi ko. Wala naman talaga kasi kaming ginagawa ni Axcel at hindi namin ginawa kung ano bang iniisip nilang ginagawa namin.

"Shut your mouth, young lady! Do not talk when I am talking. If you can resist your Mom, you can't resist me, Heena. Hindi ko hahayaang umiral na naman 'yang katigasan ng ulo mo at pagiging spoiled mo sa Mommy mo! Hindi mo man lang ba inisip kung ano ang magiging reaksyon naming ng Mommy mo kapag nalaman namin na ginagawa n◆yo ang bagay na hindi n◆yo naman dapat na ginagawa?!" Sabi ni Daddy. Napahawak na siya sa sentido niya tanda na sumasakit ang ulo niya nang dahil sa akin. Napayuko naman ako dahil kahit ano ang gawin kong paliwanag, ayaw pa rin nila kaming pakinggan.

Kinausap nila kami ni Axcel pagkatapps ng party. Sinadya nila iyon para sa tingin ko ay mas masigawan nila kami. Tinignan ko naman ang walang kwentang si Axcel sa gilid na nakasimangot na rin tulad ko at parang walang pakielam sa nangyayari sa paligid niya.

"I already talked to my son, Crisosmo. I won't also tolerate this too. Masyado pa silang bata para gawin ang mga ganoong bagay." Kalmadong sabi ni Tita Freen.

"Mom! I said, we didn't do what were you thinking!" Reklamo ni Axcel, but just like mine. Wala rin iyong silbi.

"Don't raise your voice to your Mom, Axcel." Maawtoridad na sabi ni Tito Levinn.

"Sorry, Mommy." Sabi ni Axcel.

"I have a plan, Crisosmo." Bigla naman kaming natigilan ng magsalita si Tita Freen.

"What is it?" Tanong ni Daddy.

"If you will agree, why don't we engage them? Tutal naman kilala natin ang isa◆t isa at alam kong malapit din sila sa isa◆t isa." Sabi ni Tita Freen. Biglang nanlaki ang mata ko.

"No! Hindi pwede, ayoko!" Mariin kong reklamo. Agad naman akong tumingin kay Axcel pero katulad kanina, wala man lan siyang naging reaksyon sa sinabi ng Mommy niya.

"Dad, no! Ayokong matali sa unggoy na 'yan!" Sabi ko. Wala na akong pakielam kung

magalit pa sa akin si Tita Freen o si Tito Levinn sa pagtawag ko na unggoy sa anak nila. Basta ang akin, ayokong matali sa Montemayor na 'yan!

"I agree. Let's engage them." Sabi ni Daddy. This time napatayo na ako.

"No Dad! You are just kidding, right? You are not going to do this to me, right?" Halos magmakaawa kong sabi.

"I am tired because of you, Heena. I don't want to talk about this anymore. Let's go home." Sabi ni Daddy. Nagtagis ang mga bagang ko at walang sabi-sabi akong tumayo at hinatak si Axcel palabas ng bahay nila. Hinatak ko siya sa may pool area nila.

"Wala ka man lang bang gagawin para mapigilan ang sinabi nila?!" Singhal ko sa kanya.

"Wala." Kaswal niyang sagot.

"Ayokong makasal sa'yo!"

"Ayoko rin naman.◆ Bored na sabi niya.

"At bakit wala ka man lang ginagawa para mapigilan ang engagement?!" Sigaw ko sa kanya. Iniinis talaga ako ng Montemayor na ◆to eh.

"Look, Heena. It's just a stupid engagement. We don't need to take it seriously. Mga bata pa lang tayo at sa ngayon, binabalot sila ng galit dahil sa akala nilang ginagawa natin. Makakalimutan din nila iyon 'pag malaki na tayo." Sabi niya. Bigla naman akong napaisip. He is right, he is really right.

"Minsan pala ginagamit mo rin 'yang utak mo 'no? Yes, you are right. May point ka." Sabi ko sa kanya.

"As what I've said, we don't need to take it seriously but we need to act like we are serious on it." He said.

"Okay deal, we need to act like we are serious on it pero sa harapan lang nila. Knowing how stupid and manyak you are." Sabi ko na ikisinimangot niya lang muli.

***

"Sabi ng hindi 'yan pwede! Ipapalunok ko sa'yo ◆yan, makikita mo." Inis na suway ko kay Axcel. Paano, nilagyan ng upo ang cart at sabi niya ang cute raw. Bilhin daw namin.

"Sungit nito." Saad naman niya.

"Paano ako hindi magsusungit, kung pinapairal mo 'yang katangahan mo. Simpleng pag gogrocery na nga lang hindi mo pa alam, pag prito na nga lang ng itlog hindi mo pa magawang ayusin. Paano na lang kapag wala ako sa tabi mo? Ang laki mong tanga." Masungit na sabi ko sa kanya.

"Grabe ka naman sa akin, parang hindi mo naman ako fianc◆e niyan." Sabi niya habang itinutulak ang push cart. Kumuha naman ako ng dalawampung fit 'n right at inilagay iyon sa cart. Mahilig kasi siya uminom ng ganoon at minsan ako rin.

"Hindi nga ako makapaniwala na may tanga akong fianc◆e eh." Sagot ko naman sa kanya.

"Kukuha rin ako ng beer ah." Sabi niya. Kumuha naman siya ng sampung beer can at inilagay iyon sa cart.

"Bakit ayaw mong mag boyfriend, Heena?" Tanong niya sa akin.

"Gugustuhin ko pa bang mag boyfriend kung lahat na ng oras ko na sa'yo. Hindi ko nga magawang makapaggala dahil sa bawat araw na ginawa ng diyos, inaalala ko ang katangahang gagawin mo." Walang kakurap-kurap na sabi ko sa kanya. Suminangot naman siya na parang bata. Nakasuot siya ngayon ng white v-neck shirt at jersey shorts at mayroon din siyang cap na patalikod niyang suot. Lumalabas tuloy ang pagiging mestizo niya.

"Lagi mo na lang akong sinasabihang tanga, nakakarami ka na ah! Matalino naman ako ah!" Mariing wika niya.

"Aba, bakit? May reklamo ka? Kung ganoon ka naman talaga ano'ng magagawa ko?" Sabi ko sa kanya na sinabayan ko ng pagtaas ng kilay.

"Puriin mo naman ako kahit isang beses lang. Sabihan mo naman ako kahit cute lang." Sabi niya.

"Di ka aso para sabihan ko ng cute."

"Di kahit pogi, gwapo, macho o magandang lalaki man lang." Sabi niya. Hindi ko siya pinansin.

Naglagay ako ng beef, pork at chicken sa cart at ilang delata. Para kung sakaling magutom siya, bubuksan na lang niya. Kumuha rin ako ng noodles at pagkatapos ay isang dosena ng itlog. Para sa susunod na buwan na siya ulit mag grocery.

Kapag siguro natuto ka na, baka puruhin pa kita. Sabi ko sa kanya.

"Asawahin na lang kaya kita?'' Sabi niya sa akin. Napataas naman ang kilay ko.

"At bakit?' Tanong ko sa kanya.

"Para hindi na ako mahirapan, tsaka aanakan na lang kita ng marami. Tutal naman sigurado na future mo sa akin." Sabi niya sa akin.

"Ngayon pa nga lang hirap na ako sa'yo, paano pa kapag nagpakasal ako sa'yo? Kaya isang malaking ayoko ang sagot ko." Sabi ko sa kanya.

"Bakit? Gwapo naman ako ah!"

"Ano'ng gagawin ko kung gwapo ka nga, wala naman alam 'yang utak mo kung hindi mga katangahan sa buhay. Huwag mo akong itulad sa mga babaeng nakakasalamuha mo, mas maganda na ang maging practical sa buhay. Kung pipili na lang ako ng lalaking mamahalin at pagtutuunan ko ng oras at pagod, iyon ay sa lalaking mahal ako at may alam din sa mundo. Aanhin ko ang mga tulad mong gwapo kung mangmang naman?" Sabi ko sa kanya.

"Lagi mo na lang ako inaaway, maging mabait ka naman sa akin kahit minsan oh. Tsaka hindi ako mangmang, nagkataon lang na hindi ko alam ang mga pambabaeng ginagawa mo. Tsaka lagi ka namang nasa tabi ko, hindi ko na kaylangang aralin pa yon." Sabi niya.

Hindi sa lahat ng oras, nasa tabi mo ako. Darating din ang araw na aalis ako o iiwan mo ako dahil makakakita ka na ng babaeng pakakasalan mo. Sa ngayon, nandito lang ako sa tabi mo at wala pang babaeng dumarating sa tabi mo na pakakasalan mo. Iiwan mo rin ako at aalis naman ako. Sabi ko sa kanya.

"Di hindi ako maghahanap ng ibang babae para hindi ka umalis sa tabi ko. At tsaka kapag natuto talaga ako ng mga ginagawa mo, hindi kita papansinin." Bulong niya na narinig ko naman.

"Di wag, pakielam ko ba sayo. Parang ikamamatay ko naman kapag hindi mo ako

pinansin. At pumila ka na sa counter, bayaran mo na ◆yan.◆ Mataray na sabi ko sa kanya. Wala naman siyang nagawa kung hindi ang sumunod.

It◆s been almost seven years since my father and his family declared that we are engaged. I thought it would be a hard time for me, dahil baka hindi ko na magawa ang nagagawa nang mga normal na teenager dahil sa mayroon na akong fianc◆e. For almost seven years, nariyan ako lagi sa tabi niya. Kapag nakikipag-away siya at naooffice, ako ◆yong unang susundo sa kanya at ako ang unang manenermon sa kanya na bakit pa niya kaylangang makipag-away. Para ano? Para mapatunayan na lalaki siya? O hindi naman kaya hahanapin niya ako at pagagawin ng project niya, dahilan niya. Responsibilidad daw ng isang fianc◆e na tulungan ang kanyang mapapangasawa sa mga bagay bagay. Ako naman itong tanga noon na nagpapauto sa kanya. But those things are treasure for me. Kahit pa na sabihin na hindi kami seryoso sa engagement. The memories are still there, I won◆t ever forget every fight we had, every laugh we shared and every day I am with him.

I won◆t ever forget him.

***

Follow me and tweet me @MarcoJose008. Send me your comments there and be updated! I◆m going to update in no time.

FOUR

◆Porn na lang kasi panoorin natin! Dami mo pang alam eh.◆ Tinapunan ko ng masamang tingin si Axcel ng bigla itong magsalita. May hawak itong beer can at kanina pa siya nag-iinom. Nakaka-apat na siyang beer at ako naman ay juice lang at snacks. Hindi kasi ako mahilig uminom, kapag may okasyon lang.

◆Manahimik ka na lang diyan at itong The Vow ang panonoorin natin.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Bakit kayong mga babae ang hihilig sa romance? Tapos iiyak-iyak kapag nasaktan. Sus, aarte n◆yo.◆ Walang sabi-sabi ko siyang binatukan ng pagkalakas-lakas.

◆Kung hindi mo itatahimik ◆yang bibig mo, ipapalunok ko sa◆yo ◆yang beer mo. Nakakaapat ka pa lang pero lasing ka na? At ano ang karapatan mong sabihan kaming maaarte? Palibhasa puro pasarap ka lang sa buhay! Sipain kita diyan eh.◆ Sabi ko sa kanya sabay irap.

 ◆Ang ingay-ingay mo! Halikan kita diyan makikita mo.◆ Sabi niya sa akin. Tinignan ko naman siya, walang siyang suot na pang-itaas at tanging boxer shorts na naman ang suot-suot niya, namumula na rin ang buo niyang mukha pati na rin ang mestizo niyang katawan. Marahil ay tinamaan na ng alak. Pinilit niya kasi ako kaning huwag ng umuwi at doon na lamang matulog, pumayag naman ako sa sinabi niya. At dahil na rin sa tanghali pa ang pasok namin bukas, napagdesisyunan naming mag movie marathon na mdalas naming ginagawa noon. It◆s already twelve fifty in the evening and we◆re still awake. Madalas kasi kaming nagpapatatagan kung sino ang unang tutumba sa aming dalawa.

◆Kung ikaw kaya patahimikin ko diyan! Porket alam mong nandito lang ako, ang lakas ng loob mo maglasing! Tignan mo nga ◆yang tarasa mo! Para kang walang dapat itago at kulang na lang ay maghubad ka sa harapan ko!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Kunwari ka pa, gusto mo naman ang nakikita mo.◆ Sabi niya sa akin. Katabi ko lang siya sa sofa niya habang nainom siya.

◆At bakit ko gugustuhin, aber? Pumasok ka na nga sa kwarto at matulog ka na!◆ Sagot ko sa kanya. Nagsimula na ang pinapanood namin.

◆Alam mo Heena, kulang ka sa halik kaya ka madaldal. Halikan kaya tayo?◆ Sabi niya. Naramdaman ko ang mga braso niya na biglang umakbay sa akin at bigla ko rin naramdaman ang init ng katawan niya na marahil ay dala na rin siguro ng alak na kanyang ininom.

◆Lumayo ka sa akin, Axcel. Sasapakin kita, makikita mo.◆ Sabi ko sa kanya. Pero mas lalo niya lang inilapit ang katawan niya sa akin at mas humigpit ang akbay niya sa akin.

◆Hindi ◆yan, fianc◆e naman kita at wala naman tayong ginagawang masama. Pwede kitang akbayan kung kaylan ko gusto, kahit anong araw o oras. Walang makakapigil sa akin, tandaan mo ◆yan.◆ Sabi pa niya. Bigla akong napatitig sa mukha niya na malapit lamang sa akin. I could also feel his warm breathe in my face. Alam ko sa sarili ko na lasing na siya, at kapag nalalasing siya. Para siyang batang hindi mo maawat kung ano ba ang gusto niyang gawin.

◆Tandaan mo ◆yan, kapag gusto ko. Gusto ko, kapag gusto kitang halikan, hahalikan kita.◆ Sabi niya ng nakatingin sa mga labi ko. Hindi ko alam pero parang may kakaiba akong nararamdaman. He put some strands of my hair behind my ear.

◆Your lips are mine, just mine.◆ He huskily said. Naramdaman ko ang paghigpit ng akbay niya sa akin at ang unti-unting paglapit ng mukha niya sa akin habang ang mga mata niya ay nakatingin sa labi ko.

Alam kong nasa sarili pa akong pag-iisip kaya agad akong nag-iwas ng tingin kaya lumapat ang mga labi niya sa pisngi ko. Pero hindi ko inaasahan ang sunod niyang ginawa. Dahil bigla niya akong inihiga sa sofa at doon ay hinalikan niya ako.

His lips met mine. I admit, this is not the first time he kissed me. Marami nang beses niya akong hinalikan lalo na◆t kapag nasa harap kami ng mga magulang namin. Agad ko siyang itinulak ng pagkalakas-lakas.

◆Di ba sabi ko, huwag kang lalapit?!◆ Sigaw ko sa kanya. Ngumiti lang siya nang nakakaloko.

◆Your lips are still the same, it◆s still sweet.◆ He said. Bigla ko siyang binato ng unan na nasalo naman niya kaya tinawanan niya lang ako.

◆Nakakainis ka!◆ Sabi ko sa kanya ng nakasimangot. Nagulat ako ng bigla siyang humiga sa lap ko at tinignan ako sa mukha.

◆Pahiga lang, medyo tinamaan na ako ng alak. Gusto ko lang mahiga sa sexy mong legs.◆ Sumilay naman ang nakakalokong ngiti sa mukha niya.

◆Tumayo ka diyan! Ang laki laki ng ulo mo tapos hihigaan mo lang ang legs ko?◆ Naiinis kong sabi sa kanya.

◆Saang ulo ka ba nalalakihan? Sa ibaba ba?◆ Sabi niya sabay tawa ng nakakaloko. Medyo pumipikit-pikit na siya at amoy ko na rin ang alak sa hininga niya.

◆Ang bastos mo.◆ Sabi ko sa kanya. Wala na rin akong nagawa kung humiga pa siya sa may lap ko. Dati na naman niya iyong ginagawa.

◆Gwapo naman.◆ Sabi niya pero nakapikit na siya.

◆Ang kulit mo, lagot ka kay Tita Freen kapag sinumbong kita.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di magsumbong ka, halikan kita diyan eh.◆ Sabi niya. Tinignan ko ang mukha niya.

His face is really smooth na tipong parang nahiya tumubo ang mga pimples sa mukha niya. Matangos din ang ilong niya na parang kay Tito Levinn at ang mga labi naman

niya ay parang kay Tita Freen. I looked at his lips, his mole makes him more sexy. Iyon ang nagustuhan ko sa kanya, ang nunal sa gilid ng labi niya. Parang sinadyang lagyan ng nunal ang pwestong ◆yon ng labi mukha niya. Matagal ko nang naamin sa sarili ko na gwapo si Axcel, pero hindi ko iyon sinasabi sa kanya. Alam ko kasing kapag sinabi ko iyon sa kanya, lalaki na naman ang ulo niya.

Wala sa sarili akong napangiti ng bigla kong maalala na isang beses ay pumunta siya sa akin dahil nakipag-away siya sa kaklase niya. Nakipagsuntukan siya noon at ako agad ang una niyang pinuntahan, nakasimangot lang siya noon habang pinagsasabihan ko siya. Sabi niya, ayos na raw na ako ang manermon sa kanya. Kasi sa huli naman daw, patatawarin ko pa rin siya. Hindi ako nakasagot noon, kaya binatukan ko na lang siya. Totoo naman kasi ang sinabi niya. Hanggang sa nag-college kaming pareho. Binilhan siya ng condominium na malapit lang sa school at doon kami laging tumatambay. Sinabi ko sa kanya na huwag na huwag siyang magdadala ng babae sa condo niya dahil magagalit ako sa kanya na tinupad naman niya. Ayos lang na mag girlfriend o makipaglandian siya sa ibang babae, pero huwag lang siyang maguuwi ng babae. Dahil sabi ko sa kanya, kahit na hindi kami parehong seryoso sa engagement, dapat pa rin naming respetuhin ang isa◆t isa.

◆Poging-pogi ka na naman sa akin?◆ Bigla siyang nagmulat ng mata at tsaka ngumiti.

◆Pogi ka diyan, di ka naman pogi. Ang pangit mo nga eh.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sus, indenial pa.◆ Sabi niya. Nagulat ako ng bigla niyang kunin ang kamay ko at ilagay iyon sa may leeg niya. Tipong yakap yakap ko siya.

◆Kunwari may lagnat ako, tapos aalagaan mo ako ulit. Okay?◆ Sabi niya sabay pikit ulit. Hindi ko na inalis ang kamay ko na nakayakap sa may braso niya. Pinakatitigan ko na lamang siya sa mukha.

◆Alam mo minsan, ang kulit kulit mo. Hindi ko alam kung bakit ka ganyan ka-immature. Minsan ang sarap mo sapakin, minsan nakakaawa ka, minsan naman ang bata mo mag-isip. Tapos kapag nag-iinom ka hindi ko magawang hindi mag-alala sa◆yo, dahil iba nagagawa mo kapag umiinom ka. Kung hindi lang talaga kita kilala, naku matagal na talaga kitang iniwan.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Bakit mo naman ako iiwan? Iiyak ako kapag iniwan mo ko, sige ka.◆ Sabi niya habang ang mga mata niya ay nakapikit pa rin.

◆At bakit ka naman iiyak? Baka nga kapag umalis na ako, maging masaya ka diyan eh.◆ Sabi ko sa kanya. Mahina kong kinurot ang pisngi niya. He just groaned, a sexy one.

◆Basta, iiyak ako kapag umalis ka. Subukan mo lang, iiyak ako ng iiyak. Gusto mo bang umiyak ako?◆ Sabi niya.

◆Para kang sira diyan, lasing ka na nga.◆ Natatawa kong sabi. Minsan na lang ako tumawa kapag kasama ko ang unggoy na ◆to.

◆Oo nga, bakit ka tumatawa?! Iiyak nga sabi ako kapag iniwan mo ako.◆ Sabi niya.

Bigla niyang niyakap ang braso kong nakayakap sa kanya. Tipong ayaw niya akong mawala, ayaw niya akong umalis, at tipong huwag ko siyang iwan. Marahan kong hinaplos ang mukha niya.

Sometimes, when you give up on someone, it's not because you don't care anymore. It is because you realized that they don't. Narinig kong sabi noong bidang lalaki sa palabas.

"Paano kapag ako ang iniwan mo? Di ako naman ang iiyak?" Sagot ko sa kanya.

"Di hindi kita paiiyakin." Sabi pa niya. I traced his nose down to his lips.

"So it means hindi mo ako iiwan?" Tanong ko sa kanya.

"Oo. Ayokong aalis ka, iiyak ako." Sabi niya.

"Paulit-ulit ka na lang, Montemayor." Sabi ko sa kanya.

"Sabi mo kasi iiwan mo ako!" Giit niya.

"Wala akong sinabing iiwan kita." Sagot ko sa kanya.

"Ganoon na rin 'yon, basta lagi mong tatandaan. Kapag iniwan mo ako, iiyak ako." This time nagmulat na siya ng mata. Diretso siyang nakatingin sa akin, sa mga mata ko.

"Kaya huwag mo akong iiwan kung ayaw mo akong umiyak." Seryoso niyang sabi.

"Matulog ka na nga diyan, lasing ka na." Sabi ko sa kanya. Ipinikit naman niya ang mga mata niya.

"Huwag kang aalis sa tabi ko ah, gusto ko paggising ko nasa tabi mo ako." Seryoso niyang sabi sa akin. Pinisil ko lamang ang matangos niyang ilong.

"I won't."

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Guys, hindi naman ako nagbabatay sa comments sa votes ako nagbabatay kung gusto n'yo ang isang chapter at doon ako ginaganahan kung mag u-update pa ba ako o hindi o tutuloy pa ba akong magsulat. Kung gusto n'yo 'yong Walang Iba, okay fine. Wala akong magagawa pagdating sa bagay na 'yon. I deleted it because of a personal reason. It is just a three chapters at sinisigurado kong mas maganda 'to kesa doon. It's up to you, it

you will find it out or not. Enjoy! :)

PS: Always remember that I am the author, just me.

FIVE

◆Hoy, ang tahimik mo ata?◆ Tanong ko sa kanya. Nandito kami sa Rancho De Montemayor, namatay na kasi si Lolo Gabriel. Nasa labas naman si Daddy kausap ang parents ni Axcel, the little birdy.

◆Get out.◆ Sabi naman niya.

◆Don◆t be sad, susunod ka rin naman kay Lolo Gabriel.◆ Sabi ko sa kanya. Sinamaan naman niya ako ng tingin.

◆If you have nothing to do, please leave me alone.◆ Masungit niyang sabi sa akin. Aba, bakit masungit na rin siya? Akala ko si Aivan lang ang masungit?

◆Alam mo, hindi mo naman kaylangang maging malungkot. It◆s a choice to be happy but it◆s not a choice to be unhappy. Pwede ka namang umiyak sa harapan ko, di naman kita aasarin na girly.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Ang ingay-ingay mo! Iwan mo ako.◆ Sabi niya sa akin. Tumingin naman ako sa paligid. Wala atang gustong lumapit sa kanya ngayon, ang sungit kasi niya ngayon.

◆Kapag may umaalis, may bumabalik at kapag walang bumalik may darating.◆ Bigla kong sabi sa kanya. Hindi pa rin siya sumasagot. Tahimik lang siyang nakatitig sa ataul ni Lolo Gab.

◆Mamimiss ko siya.◆ Sabi niya.

◆Gusto mo sumunod sa kanya? Sabihin mo lang, pwede naman.◆ Sabi ko sabay ngiti sa kanya ng pagkaluwag luwag. Sinamaan niya lang ulit ako ng tingin.

◆Alam mo kasi Axcel, wala namng permanente sa mundong ◆to. Lahat nawawala, lahat umaalis at lahat natatapos. Wala naman kasing forever. At tatandaan mo na kung may aalis man, may darating naman. Kaya ◆wag kang magmukmok diyan. Hindi ako sanay na tahimik ka.◆ Sabi ko sa kanya.

Pinaktitigan niya lang ako.

◆Bakit ikaw? Ang tagal mo umalis sa buhay ko?◆ Naiirita niyang sabi.

◆Grabe ka naman, hayaan mo hinihintay ko rin na dumating ang time na ◆yon at kapag dumating ◆yong time na ◆yon, ◆wag mo akong hahabulin ah!◆ Sabi ko sabay ngiti sa kanya.

Hindi na siya sumagot pa.

***

Nagising ako sa tunog na nanggagaling sa cellphone ko. I looked at the bedside and

took my phone. I answered it without even looking who is the caller.

◆Hello.◆ I huskily said.

◆Heena! Where the hell are you?!◆ It◆s my Dad.

◆Dad, I◆m fine. I◆m with Axcel.◆ I said.

◆You should told me that you◆re with him.◆ He said. Kumalma naman ang boses niya. Kapag kasi alam niyang si Axcel ang kasama ko, alam niyang safe ako which is not. Dahil ako pa ata ang nagiging tagapagtanggol ni Axcel.

◆I◆m fine Dad, you should sleep.◆ I said.

◆Hindi na ako makatulog, hija. Alam mo naman kapag tumatanda na, nahihirapan na matulog. Basta mamaya umuwi ka, okay? I want to see you.◆ Sabi ni Daddy. I smiled even though I know he couldn◆t see my smile.

◆I will, Dad. I◆ll call you later.◆ I said. I ended the call. Tinignan ko naman si Axcel na mahimbing na natutulog sa tabi ko. Yes, we shared the same bed. Wala na namang kaso sa amin ◆yon dahil minsan na rin kaming natulog ng magkatabi. Hanggang sa nasanay na kami, alam ko naman kasing kahit manyak siya. Nirerespeto pa rin niya ako.

It◆s already 5:50 in the morning at medyo nawala na ang antok ko sa pagtawag ni Daddy. Nasanay na rin kasi ako na ilang oras lang matulog, that◆s being a college student.

Tinaggal ko ang braso ni Axcel na nakayakap sa bewang ko at tsaka tumayo. Nakita ko naman siyang medyo naalimpungatan kaya nilagyan ko ng unan ang gilid niya para iyon ang yakapin niya. Kinumutan ko rin siya hanggang sa may dibdib niya, naka full blast kasi ang aircon tapos nakahubad pa siya, baka ubuhin na naman siya. Nang masigurado kong hindi na siya magigising, lumabas na ako ng kwarto niya. Mamaya pang tanghali ang klase naming dalawa pero kaylangan kong umuwi. But before that, I will cook his breakfast. Nakasanayan na niya kasing ako ang nagpeprepare ng breakfast niya simula nang lumipat siya sa condominium niya. Kinuha ko lang ang bacon at egg sa refrigerator niya. Ipagtitimpla ko na lang siya ng kape dahil sigurado naman akong may hang over ang isang ◆yon. Nagsaing din ako sa rice cooker dahil mahilig siya mag rice kapag ka umaga. Nag heheavy breakfast kasi siya dahil minsan nakakaligtaan na niyang kumain ng tanghalian na ikinagagalit ko naman.

After almost one hour, I already prepared our breakfast. Pumasok ulit ako sa kwarto niya pagkatapos kong ayusin ang mga pagkain sa lamesa. He◆s still sleeping like a baby. I smiled at the scene, nakayakap siya sa unan niya at mahimbing na natutulog

na parang batang pagod na pagod galing sa paglalaro. Kinuha ko ang cellphone ko na nakapatong sa gilid at pinicturan siya. Gagawin kong wallpaper.

﷼Axcel, gumising ka na.﷼ Marahan kong tinapik ang pisngi niya. He just moaned, a sexy one.

﷼Axcel, bumangon ka na.﷼ Sabi ko. Dumilat naman siya agad. Kinusot niya ang mga mata niya na parang bata at tsaka nag-unat unat.

﷼Oh sh*t, my head hurts.﷼ He suddenly said. Napakapit siya sa sentido niya. I just crossed my arms in my chest.

﷼Akala mo kasi pang lasenggero ﷼yang tiyan mo, hindi mo naman kaya pinipilit mong uminom. Tumayo ka na diyan at mag bebreakfast na tayo.﷼ Sabi ko sa kanya. Para naman siyang batang sumunod sa sinabi ko. Tumayo siya habang nakahawak sa ulo niya. Lumabas na kami ng kwarto niya at umupo na siya sa harap ng lamesa.

﷼Pinagtimpla na kita ng kape, para mawala kahit papaano ﷼yang sakit ng ulo mo. Uminom ka na lang ng gamot kapag masakit pa rin, ang tigas tigas kasi ng ulo.﷼ Sabi ko sa kanya.

﷼Inalagaan mo ba ako kagabi?﷼ Tanong niya sa akin.

﷼Oo, lagi naman akong nag-aalaga sa﷼yo kahit hindi ka pa lasing.﷼ Sabi ko sa kanya.

﷼May nangyari na ba sa atin? Nag s*x na ba tayo?﷼ Tanong niya. Pinaningkitan ko lang siya ng mata, lagi niya kasi ﷼yong tinanong kapag gigising siya at alam niyang nag-inom siya at kasama niya ako.

﷼Wala at huwag kang umasa. Kumain ka na nga diyan, kahit bagong gising napakabastos ng bibig mo.﷼ Sabi niya. Sumimangot naman siya.

﷼Pero natatandaan ko na naghalikan tayo kagabi.﷼ Sabi niya. Bigla namang namula ang mukha ko.

﷼A﷼Ano, panaginip mo lang ﷼yon.﷼ Sabi ko sa kanya sabay iwas ng tingin.

﷼Okay. Panaginip lang, kaya pala narinig kong may umuungol.﷼ Sabi niya.

﷼Axcel, isa!﷼

﷼Oo na, hindi na. Sabi mo eh. May magagawa pa ba ako?﷼ Sabi niya. Sumimangot lang ako at tsaka umupo sa tabi niya.

﷼Aasawahin na lang talaga kita, para gigising na lang ako sa umaga. May pagkain na

at bonus pa na may sexy at maganda akong asawa.◆ Sabi niya sabay subo ng kanin.

◆Di sana naghanap ka ng katulong hindi asawa.◆

◆Sus, maghahanap pa ba ako? Nasa harap ko na, titikman ko na lang.◆ Sabi niya sabay ngiti ng nakakaloko. Tinaasan ko lang siya ng kilay.

◆Alam mo, minsan naman kiligin ka. Parang wala ka nang romance diyan sa katawan mo sa sobrang sungit mo.◆ Sabi niya habang nanguya at punong puno pa ng laman ang bibig niya. Wala talagang manners ang mga lalaki kumain, hindi kasi kain ang ginagawa nila. Lamon.

◆At kanino naman ako kikiligin? Sa◆yo?◆ Mataray kong sabi sa kanya.

◆Oo, kunwari sinabihan kita ng I love you, dapat kikiligin ka.◆ Sabi niya.

◆At bakit naman ako kikiligin sa I love you mo? May nakakakilig ba ◆don?◆ Tanong ko. Kumagat ako sa tinapay ko na pinalamanan ko ng peanut butter.

◆I love you, Heena.◆ Sabi niya sa akin. Hindi ko alam kung scripted ba ◆yon o hindi, pero nakaramdam ako na parang binayo ang dibdib ko.

◆K◆Kumain ka na nga lang diyan!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di man lang nag-alabyu too.◆ Narinig ko siyang bumubulong bulong.

◆May sinasabi ka?◆ Tanong ko sa kanya.

◆Wala!◆ Sabi niya sabay subo ng sa kutsara niya. Pinanood ko naman siya, bakit ganoon? Kahit bagong gising siya para siyang ramp model sa gulo-gulo niyang buhok. May baby hair din siya sa may dibdib niya pababa sa tiyan niya at six pack abs niya. Ang sexy tuloy lalo niyang tignan. Alam ko na ako lang nakakakita sa tarasa niyang ganyan, ayaw niya kasing ipapakita sa iba ang katawan niya. Loyal daw sa akin ◆yon.

◆Gusto mo hawakan? Pwede naman.◆ Bigla siyang nagsalita kaya napatingin ako sa kanya.

◆H◆Hindi ah! Tinitignan ko lang kung may abs ka pa. Baka mamaya mawalan ka ng fans sa school.◆ Sabi ko na lang sa kanya sabay higop sa baso ko.

◆Nagpapalusot ka pa. Kagabi nga nararamdaman kong hinahawakan mo nipples ko eh. Nilalaro-laro mo pa, hindi lang ako nag react dahil nasasarapan ako.◆ Sabi niya sabay tawa ng mahina.

◆Oh, ano naman sa◆yo ngayon kung laruin ko nipples mo? Dati ko na namang ◆yong ginagawa kahit pa gising ka.◆ Mataray ko pa rin na tanong sa kanya.

◆Unfair ◆yon! Dapat ako rin laruin ko rin sa◆yo.◆ Sabi niya sa akin na sinabayan naman niya ng nakakalokong ngiti. Tinapunan ko lang siya ng masamang tingin. Kahit bagong gising, wala pa rin siyang tigil.

◆Aalis na ako.◆ Sabi ko sa kanya pagkatapos kong kumain. Bigla naman siyang natigilan. Papatapos pa lang kasi siyang kumain.

◆Iiwan mo ako?◆ Tanong niya.

◆Oo, tumawag si Daddy kanina. He wants to see me.◆ I said. Hindi siya sumagot, seryoso lang siyang nakatingin sa akin.

◆Oh, bakit?◆ Tanong ko sa kanya.

◆Dito ka na lang, ◆wag ka muna umalis.◆ Seryosong sabi niya. Hindi ko kasi makita sa mukha niya na nagbibiro lang siya.

◆Hindi pwede, kaylangan kong umalis. Magkikita naman tayo mamaya sa school ah?◆ Sabi ko sa kanya. Inayos ko na ◆yong bag ko.

◆Samahan mo ako, wala akong kasama dito.◆ Sabi pa niya.

◆Jusko, wala namang multo dito, Montemayor. Magkikita pa tayo sa school at ◆wag kang mag-alala. I◆ll cook your dinner later, is that okay to you?◆ Sabi ko sa kanya.

◆Dito ka na lang, bakit ka pa aalis. May damit ka naman dito.◆ Sabi niya.

◆Bakit ba ayaw mo akong umalis? Para kang sira diyan, babalik naman ako.◆ Sabi ko sa kanya pero hindi pa rin nagbabago ang mukha niya.

◆Babalik ako, okay? Huwag ka nang mag-inarte diyan para ka na namang bata. Basta, babalik ako. Alam mo namang hindi ko kayang tiisin ◆yang makulit mong ugali.◆ Sabi ko sa kanya. Lumapit ako sa kanya at tsaka siya hilakan sa pisngi.

◆Basta sabi mo ah, babalik ka. Hihintayin kita.◆ Seryoso niyang sabi.

I just smiled then I left.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Mas active na po ako sa twitter at mas marereplyan ko mga tanong niyo doon! :) Mas naappreciate ko po ang votes kesa sa comments, but I also appreciate how affected you are because of them! :) Thankyou for the support! :)

SIX

◆Ang tagal mo.◆ Nakasimangot na sabi sa akin ni Axcel. Umupo lang ako sa harap niya at tsaka inilapag ang pagkain na binili ko.

◆Wala ka bang klase?◆ Tanong ko naman sa kanya pero hindi niya sinagot ang tanong ko.

◆Bakit diyan ka umupo? Dito ka sa tabi ko.◆ Seryoso at nakasimangot niyang sabi.

◆Ang arte mo Montemayor.◆ Sabi ko sa kanya sabay subo sa macaroni spaghetti ko. Nagugutom na ako lahat-lahat gusto pa ako paupuin sa tabi niya.

◆Bilis na, dito ka sa tabi ko umupo.◆ Sabi niya sa akin. Tinaasan ko naman siya ng kilay.

◆Ayoko, mas gusto ko nang kaharap ka. Tsaka anong oras ba klase mo? Mamaya niyan ma-late ka pa.◆ Sabi ko sa kanya. Hindi niya ako sinagot, nagulat na lang ako ng bigla siyang tumayo at tumabi sa akin.

◆Para ka talagang sira.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Subuan mo ako.◆ Sabi niya sa akin. Tumingin naman ako sa paligid, marami na namang babae ang nakatingin sa pwesto namin. Ang lakas kasi ng appeal ng Montemayor na ◆to.

◆Bumili ka na lang ng iyo, gutom ako ngayon.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Subuan mo ako, nagugutom din ako.◆ Sabi niya pa ulit. Hays, ang kulit.

◆Bumili ka na nga lang kasi, gusto mo pa susubuan ka hindi ka naman na bata para subuan.◆ Naiinis kong sabi sa kanya.

◆Tinatamad ako, bili na. Subuan mo ako, nangangalay ako.◆ Seryoso siyang sabi. Wala naman akong nagawa pa, sinubuan ko siya. Pinanood ko naman siyang ngumuya, ang sexy ng mokong ngumuya. Nag feflex kasi ang muscles niya sa pisngi habang nanguya tapos seryoso pa ang mukha niya. Nakakadagdag appeal din ang makapal niyang kilay at ang jaw line niya.

◆Kumain ka naman ba kanina?◆ Tanong ko sa kanya. Nagagalit kasi ako kapag hindi siya kumakain ng tanghalian. Tumango naman siya sa tanong ko.

◆Isa pa, subuan mo pa ako.◆ Sabi niya sa akin. Sinubuan ko naman ulit siya.

◆Order pa ako ng isa? Gusto mo ba?◆ Tanong ko sa kanya. He just shook his head.

◆Pupunta ka sa condo ko mamaya ah, sabi mo ◆yan.◆ Sabi niya sa akin habang nanguya. Wala talagang manners ◆tong unggoy na ◆to.

◆Wala kang gimik ngayon? Himala ata na hindi ka nambababae.◆ Sabi ko sa kanya sabay subo sa kutsara.

◆Iniiba mo naman usapan, sabi ko pupunta ka sa condo ko mamaya.◆ Sabi niya ulit.

◆Oo na, ano bang oras tapos ng klase mo?◆ I asked. Sinubuan ko ulit siya, malamang at gutom na naman ◆to. Lagi naman kasi siyang gutom.

◆Six, sunduin mo ko ah.◆ Sabi niya, sinubuan ko ulit siya. Aware akong iisang kutsara lang ang ginagamit naming pero wala na naman kaming pakielam doon. Sanay na kami sa isa◆t isa.

◆Ano ka bata? Hintayin na lang kita sa parking lot.◆ Sabi ko sa kanya.

◆H◆wag ◆don, maraming gago ◆don. Papabantayan na lang kita kay Allen at Alex, si Aivan nauna nang umuwi. Tapos na klase n◆ya ako hindi pa.◆ Sagot naman niya sa akin. Kinuha ko naman ◆yung panyo ko sa bag at tsaka pinunasan ang gilid ng labi niya. Ang gaslaw kasi kanina habang sinusubuan ko, ayan tuloy.

◆Bakit ba ayaw sa◆yo sumama ni Aivan? Sa bahay n◆yo pa rin nauwi.◆ Tanong ko sa kanya. Uminom naman ako sa soda ko. Para sa kanila talaga kasi ni Aivan ◆yung condominium na binili ni Tita Freen, pero ayaw sumama sa kanya ni Aivan. Mas gusto raw nito na sa bahay lang naglalagi. Wala namang magawa si na Tita Freen dahil malaki na si Aivan at kaya na nitong magdesisyon mag-isa.

◆Ewan, maarte ◆yun eh. Tetext ko ◆yung dalawa, sabihin ko samahan ka. Dinner tayo sa labas mamaya.◆ Nagulat naman ako sa sinabi niya.

◆Wow ha, libre mo ba?◆ Tanong ko sa kanya. Usually kasi ako nanlilibre sa kanya, napakakuripot kasi.

◆Oo. Kain tayo sa labas, idedate kita.◆ Sabi niya na sinabayan niya ng ngiti.

◆Kapag ganyan ka kamo, ang pogi mo sa paningin ko.◆ Sabi ko sa kanya sabay kurot ng mahina sa pisngi niya. Sumimangot naman siya.

◆Bakit? Hindi ba ako pogi lagi sa pangingin mo?◆ Tanong niya.

◆Hindi, ang bastos mo kasi lagi tapos minsan ang sungit mo.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di hindi na.◆ Parang bata niyang sabi.

◆Ang cute mo ◆pag ganyan ka. Pumasok ka na nga sa klase mo. Nanggigigil lang ako sa◆yo eh, pacute ka masyado.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Mamaya na, dito muna ako.◆ Bigla niyang kinuha ◆yung soda ko sabay sipsip sa straw ko. Bastos talaga ◆tong lalaking ◆to. Hindi man lang nagpaalam.

◆Heena!◆ Bigla akong napalingon sa taong tumawag sa akin.

◆Jusko naman Heena! Kaya pala nagmamadali kang iwan ako sa field kanina dahil sa impaktong ◆to.◆ Sabi niya sabay turo kay Axcel.

◆Get out, you are so loud.◆ Masungit na sabi ni Axcel sa kanya.

◆Hindi ka pa nasanay sa akin? Grabe ka naman talaga Axcel!◆ Sabi ni Felice sabay hampas sa likod ni Axcel. Nakita ko namang napangiwi si Axcel sa lakas ng pagkahampas ni Felice.

◆Felice, enough.◆ Suway ko sa kanya. She has been my bestfriend since my elementary days. She◆s taking Bachelor of Arts in Mass Communication. Bagay kasi sa madaldal na tulad niya ang kurso niya.

◆Nilalandi ka na naman ba ng lalaking ◆to? Aba, Heena! Gumising ka na diyan sa kabaliwan mo, alam mo namang ang landi-landi ng impaktong ◆to nagpapalandi ka pa!◆ Sabi niya o mas magandang sabihi kong sigaw niya sa amin. Lalong sumimangot ang mukha ni Axcel. Ayaw niya kasi ng maingay.

◆Paalisin mo nga ◆yan, ang ingay.◆ Bulong sa akin ni Axcel. Naramdaman ko naman ang init ng hininga niya sa may leeg ko. His warm breath send shivers down to my spine. I don◆t know why.

◆May nalalaman pa kayong pabulong-bulong! Ang lalandi n◆yo! Ikaw Ana! Ahas ka! Inagaw mo si Rodrigo kay Manuela!◆ Sabi bigla ni Felice. Napakunot ako ng noo.

◆Felice, I said enough. Ano na naman ba ◆yang kaartehan ◆yan?◆ Sabi ko sa kanya. Tumigil naman siya.

◆Ano ka ba, masama bang magpractice ng line? Kayo naman.◆ Sabi niya sabay upo sa harap namin ni Axcel.

◆Para ka talagang sira, minsan gusto na kitang tanungin kung may pinagdadaanan ka ba sa buhay o wala.◆ Iniripan naman niya ako.

◆Matino pa ako, masaya lang ako.◆ Sabi ni Felice.

◆So, ano◆ng ginagawa mo dito?◆ Tanong ko sa kanya. Usually kasi kasama nito ang mga kagrupo nito, dancer kasi si Felice at member din ng writing club ng school.

◆Wala, gusto ko lang sabihin na ang landi mo Axcel. Pakyu ka. Bye. Kita tayo bukas Heena, pupunta ako sa bahay n◆yo!◆ Iyon lang ang sinabi ni Felice at nagmamadali na itong umalis.

◆Oh, papatulan pa.◆ Awat ko kay Axcel na akmang magsasalita pa.

◆She is really loud, I hate her.◆ Reklamo ni Axcel.

◆Hindi ka pa nasanay. Pumasok ka na, late ka na.◆ Tinignan ko naman siya. Inaantok nga ang mokong. Kapag kasi inaantok siya, nagsusungit siya o minsan tatahimik lang siya.

◆May ten minutes pa. Ayoko pa pumasok.◆ Walang gana niyang sabi. Kinuha naman niya bigla ang phone ko at binuksan iyon. Alam niya rin kasi ang password n◆on.

◆Bakit ako wallpaper mo?◆ Tanong niya. Ginawa ko kasing wallpaper ko ◆yung picture niya na natutulog siya habang yakap yakap iyong unan niya na mahaba.

◆Ang cute mo naman diyan ah.◆ Sabi ko. Inedit ko rin kasi tapos nilagyan ko ng bunny ears.

◆Ayoko niyan, palitan mo.◆ Utos nyia.

◆Subukan mo lang! Sasakalin kita, tsaka kita nga ◆yung pink nipples mo diyan eh.Ang sexy mo nga oh.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Ayoko niyan, pwede mo naman ako picturan ◆yung maayos.◆ Sabi niya sa akin. Inagaw ko naman sa kanya ◆yung phone ko. Baka kasi mamaya, i-delete pa niya ◆yung picture niya.

◆Ikaw magpapapicture? Takot ka nga ata sa camera at ayaw mong magpapicture, pero kapag tayong dalawa gustong gusto magpicture. Crush mo ko ◆no?◆ Sabi ko sa kanya sabay ngiti ng nakakaloko.

◆Pangit ka, di kita magiging crush.◆ Sabi niya sa akin.

◆Weh? Ako pa lokohin mo diyan! Akala mo naman hindi ko napapansin na kapag tayong dalawa lang magkasama panay simpleng yakap ka o minsan hahawakan mo ◆yung kamay ko tapos dahilan mo lalaruin mo lang. Ikaw Montemayor ah! Sinasabi ko sa◆yo, ◆wag kang maiinlove sa akin.◆ Pabirong sabi ko sa kanya. Medyo natatawa na nga ako dahil nag mamake face lang siya. Ang kulit lang. Ang sarap kasi niyang asarin kapag ganitong inaantok siya at nagsusungit. Ang daling mapikon.

◆Di naman ako maiinlove sa◆yo, ang sungit sungit mo sa akin. Parang hindi mo ako fianc◆e. Di ka nga pumapayag na mag-sex tayo eh. Arte-arte mo pa.◆ Sabi niya. Binatukan ko naman siya.

◆Siyempre ◆no! Gusto ko pa magkaroon ng magandang kinabukasan!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Bakit? Natatakot ka bang mabuntis kita? Papanagutan naman kita ah! Tinali mo na nga agad ako sa◆yo eh.◆ Sabi niya. Medyo ngumingiti ngiti na siya. Ibig sabihin, di

na ◆yan masungit. Aasarin na naman ako ng unggoy na ◆yan.

◆Siyempre, bata pa ako at may pangarap ako sa buhay. Tsaka wala ka pa ngang magandang trabaho, kung makaasta ka akala mo kumikita ka na agad.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Gagamit naman ako ng condom, tsaka sa una masakit pero kapag inulit na hindi na◆◆ Bigla kong tinakpan ang bibig niya.

◆Itikom mo nga ◆yang bibig mo!◆ Minsan talaga, kapag nagtutuloy tuloy siya magsalita. Kung anu-ano na lang ang lumalabas sa bibig niya.

◆Talaga naman, masakit sa una pero masarap na◆◆

◆Isa!◆

◆Oo na hindi na, ayaw mo kasing i-try para malaman mo. Subukan natin mamaya sa condo ko, ano? I◆ll be gentle.◆ Sabi niya sabay ngisi.

◆Sige, magsalita ka pa ng magsalita. Hindi talaga ako sasama sa◆yo sa condo mo.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sus, di mo naman ako matitiis. Love mo ko di ba?◆ Sabi niya. Bigla naman akong natigilan.

◆Para ka talagang sira, kapag ikaw nalate! Tatawanan kita, balita ko pa naman crush ka nung professor mong bading.◆ Sabi ko sabay tawa. Sumimangot naman ulit ang mukha niya. Napapadalas ata ang pagsimangot niya.

◆Di hindi na ako papasok, sasama na lang ako sa◆yo.◆ Seryosong sabi niya.

◆Gusto mong sipain kita? Umayos ka Axcel, graduating tayong dalawa kaya umayos-ayos ka.◆ Sabi ko sa kanya. Inakbayan ko naman siya, buti nga abot ko pa siya kasi ang laki niyang tao six footer ata siya. Samantalang ako, 5◆8 lang pero hindi na masama kasi medyo matangkad naman ako kung ikukumpara sa ibang babae.

◆Sisipain mo ako, tapos aasarin mo ako! Kinakawawa mo ako masyado.◆ Sabi niya sa akin. Ginulo ko naman ang buhok niya.

◆Hindi na, hindi ko na aasarin ang isip batang tulad mo.◆ Sabi ko. Nag poker face lang siya.

◆Hindi? Sige nga, kiss mo nga ako.◆ Sabi niya sa akin.

◆Ano ka sira? Mga galawan mo eh ◆no? Akala mo naman maloloko mo◆◆ My eyes widen

when he suddenly kissed me.

◆See you later, fianc◆e!◆ Sabi niya na sinabayan niya ng kindat at tsaka siya nagmamadaling umalis.

I◆ll kill him later.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Sana makapagupdate ako bukas. Pipilitin kong humabol guys! ;)

SEVEN

"Di naman kasya sa akin 'yan. Malaki nga kasi 'to!" Reklamo sa akin ni Axcel. Binatukan ko naman siya. Nandito kasi kami ngayon sa men section ng department store ng LCM. Mall na pagmamay-ari ni Tita Freen.

"Anong malaki! Stretchable naman 'tong boxer shorts na bibilhin natin. Ang dami dami mong reklamo." Sabi ko sa kanya sabay irap.

"Magagawa ko? Sa malaki 'to di naman kasya 'yan. Sukatin pa natin eh." Sabi pa niya. It's already seven o'clock in the evening at dito agad kami dumiretso sa LCM. Hindi muna agad kami kumain dahil dumiretso kami agad sa men section ng department store para ibili siya ng underwear. Pinagtitinginan na nga kami ng mga tao dahil sa puro reklamo siya.

"Huwag mong paandarin 'yang katangahan mo, Montemayor." Naiinis kong sabi sa kanya. Kapag ganitong medyo gutom pa naman ako, mainit ang ulo ko.

"Talaga naman, hindi kasya." Bulong pa niya na narinig ko naman.

"May sinasabi ka?" Mataray kong tanong sa kanya.

"Wala! Sabi ko ang ganda mo!" Sagot niya sa akin. Inirapan ko lang siya.

"Ang laki laki mo na, underwear lang nagpapasama ka pa magpabili. Isip bata ka talaga eh 'no? Pasalamat ka at nasa tabi mo ko lagi." Sabi ko sa kanya. Sumimangot naman niya. Kinuha ko naman ang mga pinamili namin, walong boxer shorts at dalawang pack ng new briefs niya. May mga t-shirt din akong ibinili sa kanya at tsaka ilang sando.

Pumunta na kami sa counter para bayaran ang mga pinamili namin. "Send it to my tab." Seryosong sabi ni Axcel sa counter.

"Yes, sir." Iyon lang ang isinagot sa kanya ng cashier. Pagkatapos na ayusin ang mga pinamili namin, umalis na kami roon.

"Nagugutom ka na ba?" Tanong ko sa kanya. He just nod.

"Saan mo ba gusto kumain?" Tanong ko sa kanya.

"McDo, gusto ko ng fries tsaka burger." Parang batang sabi niya. Paborito niya kasi ang McDonalds since bata pa siya.

Pumunta naman kami sa McDonalds dala ang mga pinamili namin. Naghanap lang kami ng pwesto at tsaka ko siya iniwan doon. I ordered what he wants. Umorder din ako ng rice at chicken para sa aming dalawa at kung ano pa. Pagkatapos kong umorder, bumalik na ako sa pwesto namin dala ang mga inorder namin. Pero nadatnan ko siyang may kausap na babae. Abot tenga rin ang ngiti niya at hindi ko alam kung bakit bigla akong nakaramdam ng inis.

"Just call me." Sabi ni Axcel sa babaeng kausap niya kanina na may kasama pang kindat. Umalis na 'yung babaeng kausap niya. Hindi ko siya pinansin. Umupo lang ako sa harap niya at tsaka inilapag sa lamesa ang mga inorder ko.

"Ang tagal mo naman." Reklamo niya.

"Di sana ikaw ang umorder, hindi 'yung ako ang pinag-order mo para hindi ka matagalan." Seryoso kong sabi sa kanya.

"Hindi ka na mabiro." Sabi niya. Kumagat na siya sa burger na inorder ko. Kinuha ko ang cellphone ko at nag-check ng mga messages.

"Hoy, bakit hindi ka nagsasalita diyan?" Tanong niya.

"May dapat ba akong sabihin?" Tinapunan ko siya saglit ng tingin pero muli kong ibinalik ang tingin ko sa cellphone ko.

"Ang sungit mo naman, umorder ka lang saglit nagsungit ka na. May nakilala tuloy ang chicks kanina. Mas maganda sa'yo." Sabi niya sa akin.

"Okay." Iyon lang ang isinagot ko. I checked some important messages from my father and my brother. Yes, I have a brother. He is ten years older than me. President at my Dad's company.

"Hindi ka kakain?" Tanong niya. Hindi ko siya sinagot. Pinagpatuloy ko lang ang ginagawa ko.

"Hindi mo ba ako sasaluhan? Di ako sanay na hindi ka naimik." Sabi niya. Hindi ko ulit siya sinagot.

"May problema ba, Heena?" This time he stopped eating.

"Wala, kumain ka na diyan. Hindi ba't gutom ka?" Sabi ko sa kanya at tsaka ko muling ibinaling ang atensyon ko sa cellphone ko.

Bigla akong nagulat ng bigla niyang kuhanin ang phone ko. I glared at him.

"Axcel, I'm serious. Give back my phone." I said seriously.

◆Tang◆na! Ano bang mayroon sa cellphone na ◆yan at hindi mo ako mabigyan-bigyan ng pansin?!◆ Bigla niyang sigaw. Napatingin naman sa amin ang ilang kumakain sa paligid sa biglang pagsigaw ni Axcel.

◆Ikaw?! Ano bang problema mo kung hindi kita pansinin?!◆ Sigaw ko rin sa kanya.

◆Tinatanong mo kung ano ang problema ko?! Ikaw! Dahil nagseselos ako sa tang◆nang cellphone na ◆yan. Kanina pa kita kinakausap pero hindi mo man lang ako magawang kausapin dahil sa cellphone na ◆to!◆ Sabi niya. Bigla naman akong natigilan. Pati ba cellphone pagseselosan na rin niya ngayon?

◆Uhmm, Sir? May problema po ba?◆ Biglang tanong ng isang crew.

◆No, we◆re fine. Thanks for the concern.◆ Ako na ang sumagot.

◆Ah, okay Ma◆am.◆ Iyon lang at umalis na ◆yung crew.

Tinignan ko naman si Axcel na nakasimangot sa harapan ko. Kahit kaylan para talagang bata pa rin kumain. Kinuha ko ◆yung panyo ko sa bag ko at tsaka pinunasan ang gilid ng labi niya na may ketchup. Nakasimangot lang siya habang ginagawa ko ◆yon.

◆Huwag ka nang sumimangot diyan, papansinin na kita.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Papansinin mo lang ako kasi no choice ka? Kasi nagtampo na ako? Kung hindi pa ako magtatampo, hindi mo pa ako papansinin.◆ Sabi niya.

◆Huwag ka nang magreklamo diyan.◆ Sabi ko at tsaka ko kinuha ang burger niya at doon kumagat.

◆Kumain ka diyan, sabi ni Allen kanina hindi ka naman daw kumain ng lunch. Sinasabi ko sa◆yo, Montemayor. Kapag umatake na naman ◆yang ulcer mo, papatayin na kita ng tuluyan.◆ Sabi ko sa kanya. Hindi naman siya kumilos. Nanatili siyang nakasimangot lang at nakatingin sa akin ng seryoso.

◆Di sana bumalik ka kanina tapos pinagluto mo ako.◆ Sabi niya.

◆Sabi ko namang babalik ako, hindi ba?◆

◆Di ka naman bumalik ah!◆

◆Kahit na! Lagi ko sa◆yong sinasabi na kakain ka, kaya hindi ko magawang hindi mag-alala kapag iiwan kita eh. Mamaya kung ano na namang katangahan ang gawin mo.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Tss.◆ Iyon lang ang sinagot niya. Kinuha ko naman ang kutsara at tsaka siya sinubuan ng kanin. Ayaw pa kasing kumilos, gustong susubuan pa.

◆Huwag mo akong aartehan, Montemayor. Ngayong mainit ang ulo ko at ayokong sinasabayan ako.◆ Sabi ko sa kanya. Sinubo naman niya ang kanin na isinubo ko sa kanya. Kinamay ko na lang ang fried chicken at tsaka iyon pinakagat sa kanya. Para naman siyang batang sumunod. Napansin ko naman ang ilang pares ng mata na

tumitingin sa pwesto namin ni Axcel. Hindi ko na lang pinansin iyon, sanay na naman kami na laging pinagtitinginan.

◆Paanong hindi ako kakain, hindi ka nga bumalik tapos sinungitan mo pa ako at ayaw ko akong pansinin.◆ Sabi niya habang nanguya. Kumagat naman ulit ako sa burger niya.

◆Paanong hindi kita susungitan, hindi ba◆t sabi ko sa◆yo huwag kang mambabae sa harapan ko? Paano kung sa◆yo ko gawin ◆yon? Manlalaki kaya ako sa harap mo at makipaglandian?◆ Naiinis kong sabi sa kanya.

◆Subukan mo lang! Babasagin ko ang mukha ng gagong lalapit sa◆yo.◆ Naiinis niyang sabi. Sinubuan ko naman ulit siya.

◆Tignan mo, sinasabi ko pa lang sa◆yo pero nagagalit ka na? Paano kung tinotoo ko pa?◆ Sabi ko.

◆Number mo naman ang ibinigay ko sa babaeng ◆yon ah? Nagseselos ka ba?◆ Sabi niya sa akin.

◆Hindi ako nagseselos pero naiinis ako, kasi napagkasunduan natin na kapag magkasama tayong dalawa. Walang sabit, walang iba. Tayo lang dalawa.◆ Direditretso kong sabi sa kanya.

◆Subukan mo lang ulitin na hindi ako pansinin, hahalikan kita sa harap ng maraming tao.◆ Sabi niya at tsaka niya padabog na inabot sa akin ang cellphone ko.

◆Para kang bata diyan! Kumain ka na nga, ikaw na magsubo sa sarili mo oh.◆ Sabi ko sa kanya at tsaka ko inabot sa kanya ang kutsara pero hindi naman niya tinaggap ◆yon.

◆Ayoko, ikaw na magsubo sa akin. Masarap sa pakiramdam ◆yung may nag-aalaga sa◆yo.◆ Sabi niya.

◆Ano ka baby? Sadyang isip bata ka lang at gusto mo sinusubuan pa kita.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sa◆yo lang naman.◆ Sabi pa niya. Sinubuan ko na lang ulit siya.

◆Bakit ba hindi ka kumain kaninang tanghali?◆ Tanong ko sa kanya.

◆Hinintay kita. Di ka naman dumating, kaya nawalan na ako ng gana.◆ Sabi niya.

◆Sabi ko naman kasi sa◆yo, sa school na tayo magkikita. Ang dami mo pa kasing arte.◆ Sumubo rin ako ng kanin dahil medyo gutom rin ako.

◆Sabi mo babalik ka eh, di hinintay kita.◆ Sabi niya.

◆Hindi mo man lang ako tinawagan?◆ Tanong ko sa kanya.

◆Hindi na, hindi ko mahanap phone ko. Tinamad ako.◆ Sabi niya. Sumubo naman siya ng fries at pinanood akong kumain.

◆Ano◆ng tinitingin-tingin mo diyan?◆ Tinaasan ko siya ng kilay.

◆Wala, basta ◆wag mo nang gagawin ulit ◆yun. Para akong walang halaga sa◆yo kapag hindi mo ko pinapansin. Gusto ko bibigyan mo ako lagi ng atensyon mo.◆ Sabi niya sa akin.

◆Ikaw ang ◆wag nang uulit. Subukan mo lang na mambabae pa ulit sa harap ko, sasakalin kita hanggang sa hindi ka na makahinga.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di ituloy na lang natin ang kasal.◆ Sabi niya.

◆Ano ako hilo? Ikaw makukunteto sa akin? Baka kapag tinuloy natin ang kasal gabi-gabi na lang akong umiyak sa pagsisisi.◆ Sabi ko sa kanya. Sumimangot naman siya bigla.

◆Parang isang pagkakamali naman kapag pinakasalan mo ako ah.◆

◆Talaga naman, and besides. Sabi ko sa◆yo hindi ba◆t walang forever? Alam naman natin sa huli na hindi rin tayo magtatagal.◆ Sabi ko.

◆Sigurado ka? Paano kapag tinototoo ko lahat? Paano kung pakasalan kita at gawin kitang ina ng mga magiging anak ko, papayag ka ba?◆

I suddenly froze because of his question.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there. My head hurts right now T.T

EIGHT

Tinignan ko ang lalaking nakaidlip na ata sa sobrang pagod sa may gilid ko. Alas diyes y media na ng gabi at pauwi na kaming dalawa galing sa isa sa branch ng LCM.

Ako na ang nag drive dahil alam kong pagod siya. Hindi rin kasi kami agad umuwi, nanood pa kami ng sine at naglibot-libot pa hanggang sa makaramdam kami pareho ng pagod.

Maamo ang mukha niya kapag natutulog at hindi mo aakalaing isip bata siya at masungit. His stubbles makes him more look masculine. Nakakadagdag sa kagwapuhan niya 'yon at sa appeal niya. Matagal ko nang naamin sa sarili ko na gwapo talaga si Axcel. Naalala ko na lagi siyang pinagkakaguluhan noon, kung hindi naman. Maraming babae ang nagkakagusto sa kanya, mapa-babae man o bading. Axcel is really good looking like his father, Mr. Levinn Montemayor. Kahit pa may edad na ito, marami pa rin ang nagkakagusto kay Tito Levinn na kinaiinis naman ni Tita Freen.

Wala sa sariling napangiti ako habang napapailing ng may maalala ako.

"Hoy!" Napalingon ako sa lalaking tumawag sa akin. Napasimangot naman ako ng makita ko ang pangit niyang mukha.

"Ginagawa mo ditong tonta ka?" Sabi ko sabay irap sa kanya.

"Bakit? Masama ka bang samahan ha, fianc◆e?" He smirked.

"Ano'ng palagay mo sa akin walang friends? Gago ka ah!" Sabi ko sa kanya. Nasa library kasi ako at nagrereview sa Earth and Science at tsaka Trigonometry para sa long quiz mamaya.

"Wala ka naman talagang friends, 'yung maingay na babae lang ata na laging kasama mo 'yung kaibigan mo dito. At himala na hindi mo ata siya kasama." Sabi niya.

"So? Pakielam ko sa'yo?" Sabi ko sa kanya. Inayos ko ang eye glasses ko.

"Sungit mo naman sa akin fianc◆e, parang di kita magiging asawa someday ah." Sabi niya. Nagpantig naman ang dalawa kong tenga.

"At sinong tonta ang nagsabi sa'yo na magiging asawa mo ako? Wala nga sa bokabularyo ko ang maging boyfriend ka, maging asawa pa kaya? Duh." Sabi ko sa kanya sabay irap ng bongga.

"Sus, pakipot ka pa. Gusto mo naman na alam ng lahat na fianc◆e kita? Kunwari ka rin eh 'no? Pasimpleng landi ka pa◆ARAY!" Walang sabi-sabi ko siyang binatukan pagkasabi niya 'non.

"Isa pang sabihan mo akong malandi, gigitilan kita ng leeg." Nangigigil kong sabi sa kanya.

"Grabe ka naman sa fianc◆e mo. Halikan kita diyan eh!" Sabi niya.

"Huwag ka ngang maingay diyan! Ang ingay-ingay mo, kita mong nasa library tayo eh. Tsaka pwede ba, kung wala kang magawa. Huwag mo akong guluhin?!" Konti na lang talaga at papatayin ko na siya ng wala sa oras.

"Halikan tayo, try natin kung marunong ka na ng french kiss." Sabi niya bigla.

"Di bakit hindi mo laplapin 'yang sarili mong labi? You are so stupid, you know." Sabi ko na sinabayan ko ng irap.

"Mas masarap kapag labi ng babae, bili na." Pangungulit niya.

"Tumigil ka nga, Montemayor!" Naiinis kong sabi. Ang tahimik ng mundo ko kanina,

tapos dumating lang 'tong gagong 'to, gumulo na bigla.

"Ang sungit mo kahit kaylan, fianc◆e. Di ka marunong mag french kiss 'no? Virgin ka pa 'no?◆ Sabi niya. Hindi na ako nakatiis at bigla kong sinampal ang bibig niya.

"Itikom mo 'yang bastos mong bibig, kung hindi tatahiin ko 'yan. At wala ka bang balak mag-review? Hindi 'yung ginugulo mo ang tahimik kong buhay." Sabi ko sa kanya.

"Sus, chicken lang naman 'yan. Bili na, turuan kita. Basics, base 1." Sabi niya na sinabayan niya ng nakakalokong ngiti.

"Itikom mo sabi 'yang bibig mo eh!" Sigaw ko. Nakuha ko naman ang atensyon ng lahat.

Tumayo naman si Axcel at mukhang iiwan na rin ako. Hindi naman ako nagkamali ng lumakad na siya palabas ng library. Pero nagulat ako ng bigla siyang sumigaw.

"Heena, practice tayo maghalikan mamaya sa kwarto ko!" Sigaw niya kaya halos lahat ng nasa library napatingin sa akin.

I am going to kill you, Axcel.

***

"Axcel, gumising ka na. Andito na tayo." Sabi ko kay Axcel at tsaka ko marahang tinapik ang pisngi niya. Dahan dahan naman siyang nagmulat ng mata.

◆Nakatulog ka sa biyahe, pagod ka ◆no?◆ Tanong ko sa kanya. Parang bata naman siyang tumango. Bumaba na ako ng kotse niya at tsaka ko kinuha ang mga pinamili namin sa likod. Bumaba na rin siya at halata sa kanya na medyo inaantok pa siya.

◆Tara na, anong oras na. Buti na lang at wala tayong klase bukas.◆ Sabi ko sa kanya. Pumasok na kami sa loob ng building na tinutuluyan ni Axcel. Tahimik lang siyang nakasunod sa akin, marahil ay naistorbo ang tulog niya. Pumasok agad kami sa nakatigil na elevator at tsaka ko pinindot ang floor kung saan ang unit niya. Tinignan ko naman siya.

◆Magpahinga ka agad, pagod na pagod ka. Halata sa◆yo. Ang kulit mo kasi kanina,

sabi kong umuwi na tayo ayaw mo pa.◆ Sabi ko sa kanya. Ginulo ko ang buhok niyang gulo na kanina pa.

Lumabas agad kami pagkabukas ng elevator. Pinindot ko lang saglit ang pin ng condo niya at tsaka kami pumasok.

◆Matulog ka na, ako na mag-aayos nito.◆ Sabi ko sa kanya pagkapasok namin.

◆Tabihan mo ako.◆ Sabi niya.

◆Uuwi pa ako, Axcel. Baka hanapin ako ni Daddy.◆ Sabi ko sa kanya. Bigla naman siyang lumapit sa akin.

◆Hindi ka uuwi, ano◆ng oras na! Baka mapahamak ka pa sa labas, I◆ll call your Dad and I◆ll tell him that you◆re here.◆ He said seriously.

◆Axcel, hindi na ako bata. I can◆◆

◆No. You are not going home. Kapag sinabi ko, sinabi ko. Dito ka na matulog, tabi tayo.◆ Sabi niya.

◆Para ka talagang bata kapag ganyan ka. Baka naman tsansingan mo lang ako kapag tabi na naman tayong natulog?◆ Sabi ko sa kanya. Pinisil ko ang ilong niya kaya sumimangot lang siya.

◆Hindi, tabi lang tayo matutulog. Yakap lang naman ah? Hindi naman kita hinahalikan diyan.◆ Sabi niya.

◆Oo na, sige na. Mauna ka na sa kwarto, mag-bibihis lang ako.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Hihintayin kita ah, five minutes lang.◆ Sabi niya.

◆Oo na, ang excited mo masyado.◆ Sabi ko sa kanya.

◆I◆ll wait.◆ Iyon lang ang sinabi niya at tsaka siya pumasok sa kwarto niya. Napailing na lang ako.

Inilipag ko muna ang mga pinamili namin sa lamesa. Kinuha ko ang extra kong damit sa bag ko at tsaka pumasok sa banyo niya para makapagpalit. Simpleng sando lang at tsaka short shorts ang ipinalit ko. Sanay na naman akong magsuot ng ganoon lang kapag kaharap ko si Axcel. Hindi ko alam kung bakit, pero parang wala na akong itinatago kay Axcel. Iyon nga lang, wala pang nangyayari sa amin ni-isang beses. Kahit kasi nasa 21st Century na kami, pinapahalagahan ko pa rin ang virginity ko. Dahil sabi sa akin noon ng Mommy ko. The best gift to your future husband is yourself. Kaya pinapahalagan ko ang lahat ng mayroon ako, dahil gusto kong ibigay ng buong-buo ang sarili ko sa magiging asawa ko.

Pagkatapos kong ayusin ang gamit ko, pumasok na ako sa kwarto ni Axcel. Napasinghap ako ng makita kong naka-boxer shorts na lang siya at nakahiga na sa kama habang pikit ang mga mata. Gusto ko man siyang sipain, hindi ko na magawa. Alam naman kasi niyang tabi kami matutulog pero ganoon ang tarasa niya. Pero katulad nga ng sinabi ko, sanay na ako sa mga galawan niya.

Nagmulat siya ng mata ng maramdaman niyang umupo ako sa kama niya. ◆Dito ka sa tabi ko.◆ Sabi niya.

◆Bakit ganyan itsura mo?◆ Sabi ko sa kanya. Tinignan ko ulit ang kabuuan niya at ng mapadako ang mata ko sa bagay na ◆yon, agad akong umiwas ng tingin. Bakat kasi ang dapat bumakat.

◆Bakit ba? Parang ito lang naiilang ka. Nakita mo akong nakaganito dati ah, tsaka boxers lang naman talaga ang suot ko kapag matutulog tayo ah?◆ Sabi niya.

◆Oo na, ang ingay mo.◆ Sabi ko sa kanya. Humiga na ako sa tabi niya.

◆Ang layo mo masyado.◆ Nagulat ako ng bigla siyang humarap sa akin.

◆Naiilang nga kasi ako.◆ Sabi ko sa kanya. Tumawa naman siya ng mahina.

◆Ang prude mo naman, kapag naman tinuloy natin ang kasal may mangyayari sa atin ah. Makikita mo ang dapat makita at makikita kitang hubo◆t hubad.◆ Sabi niya. Hinampas ko naman siya sa matipuno niyang dibdib.

◆Ang kapal mo ha!◆ Sabi ko sa kanya. Bigla ay parang may kuryenteng dumaloy sa sistema ko ng biglang pumulupot ang kanyang mga braso sa bewang ko.

◆A◆Axcel.◆

◆Payakap lang, tayo lang naman dalawa nandito, walang makakakita.◆ Sabi niya. Wala naman na akong nagawa nang tuluyan ng yumakap siya sa akin. Sobrang lapit lang naming dalawa at hindi ako sanay ng ganito pero bakit pakiramdam ko ang sarap ng ganitong pakiramdam? Iyong siya at ako, ganito. Nasa iisang kama, magkayakap.

Ramdam ko ang init at kung gaano katigas ang katawan niya.

◆Huwag kang aalis sa tabi ko ah, aanakan kita.◆ Sabi niya.

◆Para kang sira, hindi na nagtino ◆yang bibig mo at kung anu-ano na lang na kababuyan ang nalabas.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Ituloy na lang kasi natin ang kasal, pwede ka na namang pagtyagaan ah.◆ Sabi niya.

◆So, ◆ganon?◆

◆Joke lang, ang sexy mo nga tsaka maganda ka. Gwapo ako, medyo maganda ka naman. Pwede na. Ayaw mo sex tayo?◆ Narinig ko siyang tumawa ng mahina pagkasabi niya ◆non.

◆Isa hindi mo ititigil ◆yang bibig mo?◆

◆Sige na, isa lang eh. Hindi ba◆t sabi ko sa◆yo sa una lang masakit? I will be gentle kapag ipapasok◆◆ Tinakpan ko na ang bibig niya.

◆Sabi nang itikom mo ◆yan eh. Uuwi ako sige ka.◆ Sabi ko sa kanya. Tumigil naman siya at doon ko lang tinanggal ang kamay ko na nakatakip sa bibig niya.

◆Hindi na, bebehave na ako.◆ Sabi niya. Kahit naiilang ako, inilagay ko ang kamay ko sa dibdib niya at tsaka nilaro ang kanyang nipples.

◆Heena, nakikiliti ako. Itigil mo ◆yang ginagawa mo.◆ Sabi niya sa akin pero hindi ako tumigil. Hindi ko alam, pero trip na trip ko ang nipples niya. Ang sarap kasing laruin.

◆Kapirasong laman, ipinagdadamot mo? Palaro lang.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Isa, kapag hindi ka tumigil. Magagahasa kita ng wala sa oras.◆ Seryoso pa rin na sabi niya.

◆Bakit ba? Ang damot nito.◆

◆Isa, hindi ka titigil?◆

◆Ayoko nga, parang ito lang.◆

◆Ayaw mo talagang tumigil? Bahala ka, may magagalit.◆ Sabi niya. Huh? Magagalit? Sino naman magagalit?

◆Wala namang magagalit, niloloko mo naman ako.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Ayaw mo maniwala? Sabing may magagalit.◆ Sabi pa niya.

◆Sino ba?◆ Medyo naiinis kong sabi.

◆Hindi sino, ano.◆ At nagulat ako ng bigla niyang idiin ang ibaba niyang katawan sa

akin. Bigla ay nanlaki ang mata ko ng maramdaman ko ang kanyang nabubuhay na pagkalalaki.

◆Axcel!◆

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there. Active ako roon. I have to attend a party tomorrow, so this is an advance update for your guys.

NINE

◆Bakit ka ba nakasimangot diyan? Ayusin mo nga ◆yang mukha mo, ang aga-aga nakabusangot.◆ Naiinis kong sabi sa kanya. Pauwi kasi kami ngayon sa bahay nila. Wala naman kasi kaming pasok kaya napagpasyahan naming dalawin ang Mommy niya. Sabi rin kasi sa akin ni Tita Freen na umuwi si Tito Levinn galing sa Rancho. Simula kasi ng mamatay si Lolo Gabriel, si Tito Levinn na ang namahala sa buong Rancho at si Tito Arthur naman ang pumalit sa pwesto niya.

◆Sabi mo kasi kakain tayo sa labas, pero hindi mo naman tinupad.◆ Nakasimangot niyang sabi.

◆Sabi ko nga hindi na, hindi ba? Kasi nga pupunta tayo sa inyo para dalawin ang Mommy mo.◆ Paliwanag ko sa kanya. Alas otso na ng umaga at kasalukuyang tinatahak namin ang EDSA. Ako rin ang nag dadrive dahil nag-iinarte na naman siya.

◆Saglit lang naman tayong kakain ah! Sabihin mo lang ayaw mo akong pakainin.◆ Sabi pa niya. Kaunti na lang talaga kakaltukan ko na ◆tong Montemayor na ◆to.

◆Gutom ka na ba?◆ Tanong ko sa kanya na hindi inaalis ang tingin sa kalsada.

◆Huwag mo na akong pakainin! Ayos lang naman sa◆yo na ginugutom ako.◆ Parang batang sabi niya.

◆Hindi na, kakain na tayo. Saan mo ba gusto?◆ Tanong ko sa kanya. Kapag ganito pa namang nagtatampo siya, ang hirap niyang amuhin.

◆Ayoko. Kumain ka mag-isa mo.◆ Nakasimangot pa rin niyang sabi.

◆Di ◆wag, kakain talaga ako mag-isa ko. Pakielam ko sa◆yo.◆ Sabi ko sa kanya. Akala naman niya papatulan ko siya, lagi na lang siyang ganyan.

◆Talaga!◆ Parang batang sagot niya sa akin at tsaka siya nag-iwas ng tingin. Hindi ko na lang siya pinansin at pinagpatuloy ko na lang ang pagmamaneho, pero nang makakita ako ng isang fast food chain dumaan ako roon para umorder. Mag dadrive thru na lang ako. Umorder lang ako ng dalawang burger, isang spag at dalawang coffee. Gutumin kasi si Axcel, pero kahit na matakaw siya. Madalas naman siyang mag-jogging tuwing umaga at mag-gym lalo na kung may free time siya. Minsan nga isinasama niya ako mag-gym para raw mapanatili ko ang sexy kong katawan.

◆Oh, kumain ka na.◆ Sabi ko sa kanya sabay abot ng burger at spag. Ipinatong ko naman sa may harap ang coffee naming dalawa. Pinagpatuloy ko na ang pagmamaneho pero hindi pa rin siya nagsasalita at ayaw niya akong pansinin.

◆Axcel, tigilan mo ◆yang pag-iinarte mo. Hindi na ako natutuwa.◆ Seryoso kong sabi sa kanya.

◆Sabi mo wala kang pakielam sa akin, hindi ba? Bakit mo ko kinakausap.◆ Sagot niya sa akin.

◆Kinakausap kita dahil may pakielam ako sa◆yo, kaya kumain ka na diyan.◆ Seryoso ko pa rin na sabi sa kanya.

◆Sabi mo kanina wala.◆

◆Sabi ko lang ◆yon, alam mo namang hindi kita kayang tiisin. Lalo na◆t ganyang katigas ang ulo mo.◆ Sabi ko sa kanya. Alam naman kasi niya talaga ◆yon, lagi niya lang akong inaartehan.

◆Talaga? Sabi mo ◆yan ah!◆ Nakangiting sagot niya sa akin. Kumagat na siya sa burger na inorder ko.

◆Alam mo Heena, pwede ka na naman pumasa sa tipo kong babae eh. Inaalagaan mo ako, kabisado mo na ugali ko, hindi mo ako kayang tiisin. Tsaka sa◆yo lang ako ganito. Sure ka bang ayaw mong ituloy natin ang kasal? Kasi sa akin ayos lang.◆ Sabi niya sabay kagat ulit sa burger niya.

◆Di ginawa mo akong katulong? Tsaka ang kasal, para sa dalawang taong nagmamahalan lang. Hindi naman natin mahal ang isa◆t isa, hindi ba? So bakit tayo magpapakasal.◆ Sagot ko sa kanya na hindi inaalis ang tingin sa kalsada. Maingat kasi akong magmaneho.

◆Hindi ka na naman lugi sa akin ah? Gwapo naman ako.◆ Sabi niya sa akin. Pinapanood niya lang akong magmaneho habang siya kumakain.

◆Gwapo ka nga, tanga ka naman. Mapapala ko sa◆yo?◆ Diretsa kong sabi sa kanya.

◆Hindi naman ako tanga ah. Matalino naman ako, hindi ko lang talaga alam ◆yong mga pambabaeng gawain. Kaya ka nga nandyan sa tabi ko eh.◆ Sabi niya.

◆Hindi talaga sa◆yo uso ang salitang humble, ◆no?◆

◆Sus, bakit pa ako magiging humble kung totoo naman. Teka, susubuan kita.◆ Sabi niya. Nagulat naman ako ng bigla niyang ilapit ang burger niya sa bibig ko.

◆Kagat ka na, nagmamaneho ka. Ayokong nagugutom ka.◆ Seryoso niyang sabi sa akin. Parang awtomatikong kumilos naman ang bibig ko at kumagat sa burger niya. Sumilay naman ang pamatay niyang ngiti. Hindi ko alam pero parang uminit ang pisngi ko at pakiramdam ko ay namumula ang buo kong mukha.

◆Pero seryoso, kapag na-inlove ako sa◆yo hindi na kita pakakawalan pa. Bahala ka kung ayaw mong magpakasal sa akin, basta ako papakasalan kita.◆ Seryosong sabi niya habang kumakain.

◆Para kang sira, Axcel. Tsaka huwag ka ngang magsasalita na puno ang bibig. Wala ka talagang manners sa katawan ◆no?◆ Sabi ko sa kanya.

◆Basta sinabi ko sa◆yo na hindi kita pakakawalan kapag na-inlove ako sa◆yo.◆ Iyon lang ang sinabi niya at tsaka siya muling tumahimik.

<><><>

◆Mommy, si Kuya naman talaga nagsabi sa akin ◆non eh!◆ Sabi ni Francisco sa Mommy niya. Nakasuot pa ◆to ng trunks habang pinapagalitan ni Tita Freen. Iyon ang nadatnan namin ni Axcel pagkapasok namin sa bahay nila.

◆Nakinig ka naman diyan sa Kuya mo? Hindi ba◆t sabi ko sa◆yo na huwag kang papaloko diyan sa mga Kuya mo?! Sinabi ko talaga sa◆yo Francisco, ipapadala kita sa Rancho kapag hindi ka nagtino!◆ Naiinis na sabi ni Tita Freen. Wala sa sarili naman akong napangiti. Ganoon din kasi si Axcel at Aivan kapag pinapagalitan ni Tita Freen noon.

◆Hindi na nga, Mommy. Tsaka matitiis mo ba akong hindi nakikita? Love mo kaya ako!◆ Sabi ni Francisco sabay yakap kay Tita Freen. Napatili naman ng wala sa oras si Tita Freen dahil basa pa si Francisco ng yumakap siya sa Mommy niya.

◆Francisco!◆ Tawag ni Tita Freen ng biglang tumakbo si Francisco at tsaka bumalik sa swimming pool. Naroroon din si Aivan na nag-suswimming.

◆Heena, just wait me here. Okay? Titignan ko lang ang iniluluto ko sa loob. Pakibantayan na lang ◆yang tatlong makukulit na ◆yan.◆ Sabi sa akin ni Tita Freen. Tumango lamang ako bilang tugon sa sinabi niya.

◆Ayaw mong mag swimming?◆ Tanong ko kay Axcel. Pinapanood niya kasi sina Aivan at Francisco na naghaharutan sa may swimming pool.

◆Sus, gusto mo lang ako makitang naka-trunks eh.◆ Sabi niya. Tinaasan ko naman siya ng kilay.

◆Bakit? Macho ka ba? Kung macho ka pa pagnanasaan kita, eh hindi ka naman macho eh. Wala ka ngang abs.◆ Sabi ko sa kanya. Bigla namang nagsalubong ang makakapal niyang kilay.

◆Sino◆ng nagsabing wala akong abs? Kayakap mo nga lang ako kagabi tapos sasabihin mong wala akong abs!◆ Naiinis niyang sabi.

◆Napaka-pikunin mo, ◆no? Kaya ang sarap mong asarin dahil ang bilis mong mapikon.◆ Sabi ko sabay pisil sa ilong niya. Sinimangutan niya lang ako.

◆Ano? Ayaw mo sila sabayan? Alam ko namang miss mo na silang dalawa.◆ Sabi ko kay Axcel. Hindi siya sumagot, nagulat na lang ako ng bigla siyang tumayo at tsaka hinubad iyong v-neck na suot niya at pati na rin ang khaki shorts na suot niya. Boxer brief niya lang ang itinira niya.

◆Axcel!◆ Naiinis kong sabi sa kanya sa kanya ng bigla niyang ibato sa mukha ko ang suot niyang damit. Naamoy ko tuloy ng wala sa oras ang panlalaki niyang pabango.

Nagmamadali siyang tumakbo sa pool at tsaka nakipagharutan sa mga kapatid niya. Na-miss siguro ng mokong makaharutan ang mga kapatid niya. Naaalala ko pa kasi dati,

naghahabulan silang tatlo ng mga naka-brief lang kahit pa nasa high school na sina Aivan at Axcel noon.

“Ngayon ko na lang ulit sila nakitang magkakasama at naglalaro.” Bigla akong napalingon ng marinig ko ang boses ni Tita Freen.

“Oo nga po, Tita. Si Axcel, ang saya-saya ng mukha oh. Lagi kasi akong sinusungitan niyan kapag kaming dalawa lang. Lagi akong binabara tsaka inaasar.” Sabi ko kay Tita Freen. Narinig ko naman ang mahina niyang pagtawa.

“Alam mo naman ‘yan, iisa lang ang pinagmanahan. Ganoon din naman ang Daddy nila sa akin noon. Walang ibang ginawa kung hindi ang asarin ako, paiyakin at awayin. But those things are the best memories that I won’t ever forget.” Sabi ni Tita Freen. Napangiti naman ako.

“Lagi mong tatandaan na kahit maghiwalay man kayo ng taong ‘yon, hindi pa rin mawawala ang mga memories na nagawa n’yo ng magkasama. Alam kong kabisado mo na si Axcel, I have already observed about that. May tiwala ako sa inyong dalawa at kilala kita, Heena. You are a smart girl, kaya mong i-handle ang isang Montemayor. Ang hirap kaya nilang palakihin. Sa Daddy pa nga lang nilang unggoy hirap na ako eh, dinagdagan pa ng tatlo? Pero masaya ako na dumating sila sa buhay ko. Iba magmahal ang isang Montemayor, Heena. Always note that to yourself.” Nakangiting sabi ni Tita Freen sa akin.

“Once a Montemayor always a Montemayor.” Sabi ko kay Tita Freen na sinabayan namin ng pagtawa.

“Misis!” Napalingon naman kami ni Tita Freen sa lalaking tumawag sa kanya. It’s him, Tito Levinn. Nakakunot-noo ito at magkasalubong ang mga kilay. Kamukha ni Axcel at Aivan ang Daddy nila kapag nakaganoon. Si Francisco kasi ay mas kamukha si Tita Freen.

“Heena, iiwan muna kita dito ah? May topak na naman ‘yong siraulo kong asawa. I’ll call you kapag kakain ka.” Sabi ni Tita Freen. Ngumiti lang ako bilang tugon. Umalis na si Tita Freen at sa pag-alis niyang ‘yon, bigla akong napaisip.

Iba magmahal ang isang Montemayor. Hindi ko alam kung ano ang gustong sabihin ni Tita Freen. Pero isa lang ang gusto kong malaman.

Paano nga ba magmahal ang isang Montemayor?

Biglang naputol ang pag-iisip ko ng may biglang bumuhat sa akin. Napatili ako ng wala sa oras ng makitang si Axcel iyon. Pero mas lalo akong napatili ng bigla siyang tumalon sa pool kasama ako.

“Montemayor!”

<><><>

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there.

TEN

Hindi ako natutuwa sayo, Montemayor. Seryoso kong sabi sa kanya habang inaayos ko ang sarili ko. Buti na lang talaga at wala akong suot na sapatos kanina nang tumalon siya kasama ako sa may pool. Kami na lang ang naiwan ngayon dito dahil tinawag na ni Tita Freen si Aivan at Francisco para kumain. Nagpaiwan lang kaming dalawa.

Parang yon lang, ang saya kaya. Nakangiti niyang sabi sa akin. Hindi ko na lang siya pinansin. Hindi talaga kasi ako natuwa sa ginawa niya kanina. Halos kasi malunod na ako sa biglaang pagtalon niya sa pinakamalalim na parte ng pool kanina.

Kinuha ko ang tuyong twalya sa may lamesa na malapit lang sa pool at agad kong pinunasan ang sarili ko. Nakaupo ako habang nagpupunas ng tumabi siya sa akin.

Oy, sorry na. Sungit nito. Pabirong sabi niya. Pero hindi ko pa rin siya pinansin. Pagkatapos niya akong pag-tripan kanina? Ayoko pa naman ng ganoon, madali kasing uminit ang ulo ko sa mga bagay na hindi nakakatuwa.

Pansinin mo ako, nag-sorry na naman ako. Sabi niya sa akin. Hindi ko pa rin siya pinansin. Patuloy ko lang na pinupunasan ang sarili ko.

Heena, sorry na. Gusto lang naman kita lambingin kanina. Sabi niya.

Kung panlalambing ang tawag mo don, hindi nakakatuwa. Seryoso kong sabi sa kanya at tsaka ko siya tinapunan ng saglit na tingin.

Hindi ko na uulitin, promise. Sabi niya sabay taas ng kaliwang kamay. I just

rolled my eyes. May nangako bang kaliwang kamay ang nakataas?

Tumayo na ako pagkatapos kong punasan ang sarili ko. Hindi ko na lang siya pinansin at tsaka naglakad papasok sa loob ng malaking bahay nila. Pero nakakailang hakbang pa lang ako ng bigla akong yakapin ni Axcel mula sa likuran. Bigla ay parang may kuryenteng dumaloy sa buong sistema ko nang yakapin niya ako. Wala kasi siyang ibang saplot kung hindi boxer brief lang kaya halos wala na siyang saplot

◆Sorry na, hindi na ako uulit. Susundin na kita, mag-bebehave na ako tsaka lilinisin ko na lagi unit ko. Kausapin mo lang ako.◆ Bakas sa tono ng boses niya na seryoso siya sa sinabi niya. Pero hindi ko pa rin maiwasan ang makaramdam ng kakaiba sa pagkakayakap niya mula sa may likuran ko. Oo, aaminin ko. Maraming beses na niyang nagawa ang ganitong bagay sa akin. Pero bakit ganito? Bakit sa puntong ◆to may kakaiba akong nararamdaman? Bakit parang gusto kong nakayakap na lang siya sa akin? Na para bang ako ang lakas niya at siya ang lakas ko. I shook my head. Nasisiraan na siguro ako ng ulo.

I turned myself at him and I suddenly met his eyes. Those sincere eyes he has, those eyes who were so meaningful to me.

◆Hindi lahat ng biro, nakakatuwa.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sorry na nga, hindi na ko uulit. Bati na tayo?◆ Parang batang sabi niya at tsaka siya ngumiti ng maluwag. Hinampas ko naman siya sa dibdib niya.

◆Nakakainis ka kamo.◆ Medyo nakangiti kong sabi sa kanya.

◆Bakit naman?◆ Tanong niya nang nakangiti. Alam naman niya kung bakit.

◆Alam mong hindi kita matitiis! Kukurutin na kita sa singit, makikita mo.◆ Sabi ko sa kanya. Narinig ko naman ang mahina niyang pagtawa.

◆Love mo kasi ako kaya hindi mo ko matiis, kiss mo nga ako!◆ Sabi niya at akma niya akong hahalikan pero agad kong tinakpan ang bibig niya.

◆Akala mo naman papauto ako sa◆yo, mga galawan mo eh ◆no? Sipain kita diyan.◆ Sabi

ko sa kanya. Inakbayan naman niya ako.

◆Di ka naakit sa akin? Labas ◆yung abs ko oh tsaka nipples ko.◆ Natatawa niyang sabi.

◆Hindi naman porket macho ka, maaakit agad ako sa◆yo. Mas prefer ko pa rin ang mga lalaking may laman pati utak.◆ Seryoso kong sabi sa kanya.

◆Hindi naman ako bobo ah!◆ Nakasimangot niyang sabi.

◆Wala naman akong sinasabi ah? Baliw ◆to.◆ Natatawa kong sabi sa kanya.

◆Baliw one lang, pag dalawa ◆to.◆ Sabi niya.

◆Weh! Ang corny mo na, Montemayor.◆ Sabi ko sabay hampas ng mahina sa dibdib niya.

◆Chansing ka.◆ Sabi niya kaya napataas ang kilay ko.

◆Ang kapal ha.◆ Sabi ko.

◆Talaga naman. Pero seryoso? Hindi ka man lang naakit sa katawan ko? Kahit konti?◆ Tanong niya.

◆Para kang sira, Axcel. Sige na nga, aamin na ako. Naaakit ako sa katawan mo kahit papaano. Lalo na sa nipples mo, pakurot nga.◆ Sabi ko sabay kurot sa kanyang nipples.

◆Lagi mo na lang trip ◆yan. Kapag may nagalit na naman, bahala ka.◆ Sabi niya. Tinampal ko naman ng mahina ang bibig niya. Ayan na naman kasi ang bastos niyang bibig.

◆Tara na nga, gutom ka na ba?◆ Tanong ko sa kanya. Tumango naman siya.

◆Bakit? Pakakainin mo ba ako?◆

◆Magtigil ka, hindi na kita susubuan. Mahiya ka naman sa parents mo. Ang laki-laki mong tao tapos nagpapasubo ka pa?◆ Sumimangot naman siya.

◆Ano naman ngayon kung subuan mo ako sa harap nila? Kinakahiya mo ba ako?◆ Seryoso niyang sabi.

◆Alam mo kapag ang seryoso mo, ang guwapo mo sa paningin ko.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sagutin mo ◆yong tanong ko. Kinakahiya mo ba ako?◆ Seryoso pa rin niyang sabi habang diretsong nakatingin sa mga mata ko. I smiled, a smile which is only for him.

◆Hindi kita ikinakahiya, ipinagmamalaki pa kita. I◆m so proud to have you, Axcel. Kahit na isip bata ka pa at minsan tanga. Hinding-hindi kita ikakahiya, tandaan mo ◆yan. Okay?◆ Sabi ko sa kanya. Sumilay naman ang ngiti sa mukha niya.

◆Paano kapag may nagawa akong mali tapos lahat ng taong importante sa akin talikuran ako. Ano ang gagawin mo?◆ Tanong niya sa akin.

◆Hindi naman kita kakampihan agad, aalamin ko muna ang nagawa mong mali. Pero hindi ko kayang talikuran ka. Hindi kita iiwan sa oras na nag-iisa ka lang, unless ikaw ang mang-iwan.◆ Seryoso kong sabi sa kanya. Hindi siya sumagot, nakatitig lang kami sa mata ng isa◆t isa na tila ba nag-uusap. Hindi ko mabasa ang nasa isip niya pero sa pamamagitan ng mga mata niya, alam kong masaya siya. Magsasalita pa sana ako pero hindi ko inaasahan ang sunod niyang ginawa.

He suddenly kissed me.

*

Nagising ako nang maramdaman kong mayroong tumabi sa akin sa may kama. Agad naman akong lumingon at si Axcel iyon, may nunal kasi siya sa gilid ng labi niya at tsaka kabisado ko na ang mga galaw niya. Tumingin ako sa orasan sa may gilid ng kama.

It◆s already eleven in the evening. Wala kasi akong ibang ginawa kung hindi ang makipagkwentuhan kay Tita Freen. Tinuruan niya rin akong mag-luto ng iba pang putaheng alam niya at tinuruan din ako ni Tita Freen mag-bake.

◆Bakit hindi ka pa natutulog?◆ Tanong ko sa kanya. Sa guest room ako natulog, may sarili kasing kwarto sina Aivan at Axcel. Si Francisco naman, katabi ng mga magulang niya matulog.

◆Hindi ako makatulog.◆ Sabi niya. Tinignan ko siya, bakas naman sa mukha niya na inaantok siya.

◆Bakit hindi ka makatulog?◆ Umupo naman ako sa may kama.

◆Hindi ko alam, patulugin mo ako. Tatabi ako sa◆yo, hindi ako makatulog sa kwarto namin ni Aivan.◆ Sabi niya.

◆Baka kung ano isipin ni Tita Freen kapag dito ka natulog. Bumalik ka na ◆don.◆ Sabi ko sa kanya. Wala pa kaming pasok kinabukasan pero bukas na rin kami uuwi.

◆Hayaan mo sila kung ano isipin nila. Basta tabi tayo, hindi ako makatulog sa

kwarto namin. Dito na lang ako, tabi tayo.◆ Sabi niya. Bakas na rin sa boses niya na inaantok na siya. Huminga naman ako ng malalim.

◆Sige na, dito ka na sa tabi ko.◆ Sabi ko sa kanya. Agad naman siyang kumilos at humiga sa tabi ko. Nagkumot din siya gamit ang kumot na gamit ko. Nakasuot siya ng sando at pajama. Samantalang naka short shorts naman ako at sando rin.

◆Bakit hindi ka makatulog?◆Tanong ko sa kanya.

◆I had a bad dream.◆ Sabi niya, I sighed. Ganoon na siya simula pagkabata. Kapag nananaginip siya ng masama, hindi na siya nakakatulog. Isa iyon sa mga nakabisa ko sa kanya. Dati kasi ay pinuntahan pa niya ako sa bahay ng minsang managinip siya ng masama. Hindi ko alam ang gagawin ko, pero hindi ko inaasahan na kakalma siya sa yakap ko.

◆Do you want to share it to me?◆ I asked him. He just shook his head.

◆I don◆t want to tell you about my bad dream. I don◆t want it to happen.◆ He said seriously.

◆There◆s nothing wrong to share it with me, little kiddo. C◆mon, tell me.◆ I said. I heard him sighed.

◆You left me.◆ He said seriously. I smiled.

◆It won◆t happen. I promise.◆ I said with a smile.

◆Don◆t tell me that as a promise.◆ He said.

◆I won◆t leave you without any reason. Hindi ako aalis hangga◆t hindi mo sinasabi. Okay? Tara nga dito, kunwari ka pa. Gusto mo lang ng yakap ko.◆ Sabi ko sa kanya. Parang bata naman siyang yumakap sa akin ng mahigpit. Parang awtomatiko namang kumilos din ang mga braso ko at tsaka ko rin siya niyakap.

◆I◆m afraid.◆ Sabi niya.

◆Don◆t be afraid, it◆s just a bad dream.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆I◆m not afraid because of that. Natatakot ako na baka mangyari ◆yong panaginip ko.◆ Sabi niya sa akin.

◆Hindi ba◆t sabi ko, hindi ako aalis hangga◆t hindi mo sinasabi? Kakalaro mo kasi ◆yan kanina kaya ka nananaginip ng ganyan.◆ Sabi ko sa kanya. Marahan ko namang hinawi ang makapal at bagsak niyang buhok.

◆Kung aalis man ako, may rason. Hindi pwedeng wala. Kaya ikaw, mag bebehave ka lagi para hindi ako umalis.◆ Sabi ko sa kanya. Naramdaman ko naman ang pagtango niya at mas lalong paghigpit ng yakap niya sa akin.

◆Matulog ka na, andito lang ako. Babantayan kita.◆ Sabi ko sa kanya. Hindi na siya sumagot. Naramdaman ko na lang na nakatulog na siya batay sa paghinga niya. Huminga ako ng malalim.

I love this kind of his side.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there.

TEN

◆Hindi ako natutuwa sa◆yo, Montemayor.◆ Seryoso kong sabi sa kanya habang inaayos ko ang sarili ko. Buti na lang talaga at wala akong suot na sapatos kanina nang tumalon siya kasama ako sa may pool. Kami na lang ang naiwan ngayon dito dahil tinawag na ni Tita Freen si Aivan at Francisco para kumain. Nagpaiwan lang kaming dalawa.

◆Parang ◆yon lang, ang saya kaya.◆ Nakangiti niyang sabi sa akin. Hindi ko na lang siya pinansin. Hindi talaga kasi ako natuwa sa ginawa niya kanina. Halos kasi malunod na ako sa biglaang pagtalon niya sa pinakamalalim na parte ng pool kanina.

Kinuha ko ang tuyong t◆walya sa may lamesa na malapit lang sa pool at agad kong pinunasan ang sarili ko. Nakaupo ako habang nagpupunas ng tumabi siya sa akin.

◆Oy, sorry na. Sungit nito.◆ Pabirong sabi niya. Pero hindi ko pa rin siya pinansin. Pagkatapos niya akong pag-tripan kanina? Ayoko pa naman ng ganoon, madali kasing uminit ang ulo ko sa mga bagay na hindi nakakatuwa.

◆Pansinin mo ako, nag-sorry na naman ako.◆ Sabi niya sa akin. Hindi ko pa rin siya pinansin. Patuloy ko lang na pinupunasan ang sarili ko.

◆Heena, sorry na. Gusto lang naman kita lambingin kanina.◆ Sabi niya.

◆Kung panlalambing ang tawag mo ◆don, hindi nakakatuwa.◆ Seryoso kong sabi sa kanya at tsaka ko siya tinapunan ng saglit na tingin.

◆Hindi ko na uulitin, promise.◆ Sabi niya sabay taas ng kaliwang kamay. I just rolled my eyes. May nangako bang kaliwang kamay ang nakataas?

Tumayo na ako pagkatapos kong punasan ang sarili ko. Hindi ko na lang siya pinansin at tsaka naglakad papasok sa loob ng malaking bahay nila. Pero nakakailang hakbang pa lang ako ng bigla akong yakapin ni Axcel mula sa likuran. Bigla ay parang may kuryenteng dumaloy sa buong sistema ko nang yakapin niya ako. Wala kasi siyang ibang saplot kung hindi boxer brief lang kaya halos wala na siyang saplot

◆Sorry na, hindi na ako uulit. Susundin na kita, mag-bebehave na ako tsaka lilinisin ko na lagi unit ko. Kausapin mo lang ako.◆ Bakas sa tono ng boses niya na seryoso siya sa sinabi niya. Pero hindi ko pa rin maiwasan ang makaramdam ng kakaiba sa pagkakayakap niya mula sa may likuran ko. Oo, aaminin ko. Maraming beses na niyang nagawa ang ganitong bagay sa akin. Pero bakit ganito? Bakit sa puntong ◆to may kakaiba akong nararamdaman? Bakit parang gusto kong nakayakap na lang siya sa akin? Na para bang ako ang lakas niya at siya ang lakas ko. I shook my head. Nasisiraan na siguro ako ng ulo.

I turned myself at him and I suddenly met his eyes. Those sincere eyes he has, those eyes who were so meaningful to me.

◆Hindi lahat ng biro, nakakatuwa.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sorry na nga, hindi na ko uulit. Bati na tayo?◆ Parang batang sabi niya at tsaka siya ngumiti ng maluwag. Hinampas ko naman siya sa dibdib niya.

◆Nakakainis ka kamo.◆ Medyo nakangiti kong sabi sa kanya.

◆Bakit naman?◆ Tanong niya nang nakangiti. Alam naman niya kung bakit.

◆Alam mong hindi kita matitiis! Kukurutin na kita sa singit, makikita mo.◆ Sabi ko sa kanya. Narinig ko naman ang mahina niyang pagtawa.

◆Love mo kasi ako kaya hindi mo ko matiis, kiss mo nga ako!◆ Sabi niya at akma niya akong hahalikan pero agad kong tinakpan ang bibig niya.

◆Akala mo naman papauto ako sa◆yo, mga galawan mo eh ◆no? Sipain kita diyan.◆ Sabi ko sa kanya. Inakbayan naman niya ako.

◆Di ka naakit sa akin? Labas ◆yung abs ko oh tsaka nipples ko.◆ Natatawa niyang sabi.

◆Hindi naman porket macho ka, maaakit agad ako sa◆yo. Mas prefer ko pa rin ang mga lalaking may laman pati utak.◆ Seryoso kong sabi sa kanya.

◆Hindi naman ako bobo ah!◆ Nakasimangot niyang sabi.

◆Wala naman akong sinasabi ah? Baliw ◆to.◆ Natatawa kong sabi sa kanya.

◆Baliw one lang, pag dalawa ◆to.◆ Sabi niya.

◆Weh! Ang corny mo na, Montemayor.◆ Sabi ko sabay hampas ng mahina sa dibdib niya.

◆Chansing ka.◆ Sabi niya kaya napataas ang kilay ko.

◆Ang kapal ha.◆ Sabi ko.

◆Talaga naman. Pero seryoso? Hindi ka man lang naakit sa katawan ko? Kahit konti?◆ Tanong niya.

◆Para kang sira, Axcel. Sige na nga, aamin na ako. Naaakit ako sa katawan mo kahit papaano. Lalo na sa nipples mo, pakurot nga.◆ Sabi ko sabay kurot sa kanyang nipples.

◆Lagi mo na lang trip ◆yan. Kapag may nagalit na naman, bahala ka.◆ Sabi niya. Tinampal ko naman ng mahina ang bibig niya. Ayan na naman kasi ang bastos niyang bibig.

◆Tara na nga, gutom ka na ba?◆ Tanong ko sa kanya. Tumango naman siya.

◆Bakit? Pakakainin mo ba ako?◆

◆Magtigil ka, hindi na kita susubuan. Mahiya ka naman sa parents mo. Ang laki-laki mong tao tapos nagpapasubo ka pa?◆ Sumimangot naman siya.

◆Ano naman ngayon kung subuan mo ako sa harap nila? Kinakahiya mo ba ako?◆ Seryoso niyang sabi.

◆Alam mo kapag ang seryoso mo, ang guwapo mo sa paningin ko.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sagutin mo ◆yong tanong ko. Kinakahiya mo ba ako?◆ Seryoso pa rin niyang sabi habang diretsong nakatingin sa mga mata ko. I smiled, a smile which is only for him.

◆Hindi kita ikinakahiya, ipinagmamalaki pa kita. I◆m so proud to have you, Axcel. Kahit na isip bata ka pa at minsan tanga. Hinding-hindi kita ikakahiya, tandaan mo ◆yan. Okay?◆ Sabi ko sa kanya. Sumilay naman ang ngiti sa mukha niya.

◆Paano kapag may nagawa akong mali tapos lahat ng taong importante sa akin talikuran ako. Ano ang gagawin mo?◆ Tanong niya sa akin.

◆Hindi naman kita kakampihan agad, aalamin ko muna ang nagawa mong mali. Pero hindi ko kayang talikuran ka. Hindi kita iiwan sa oras na nag-iisa ka lang, unless ikaw ang mang-iwan.◆ Seryoso kong sabi sa kanya. Hindi siya sumagot, nakatitig lang kami sa mata ng isa◆t isa na tila ba nag-uusap. Hindi ko mabasa ang nasa isip niya pero sa pamamagitan ng mga mata niya, alam kong masaya siya. Magsasalita pa sana ako pero hindi ko inaasahan ang sunod niyang ginawa.

He suddenly kissed me.

*

Nagising ako nang maramdaman kong mayroong tumabi sa akin sa may kama. Agad naman akong lumingon at si Axcel iyon, may nunal kasi siya sa gilid ng labi niya at tsaka kabisado ko na ang mga galaw niya. Tumingin ako sa orasan sa may gilid ng kama.

It◆s already eleven in the evening. Wala kasi akong ibang ginawa kung hindi ang makipagkwentuhan kay Tita Freen. Tinuruan niya rin akong mag-luto ng iba pang putaheng alam niya at tinuruan din ako ni Tita Freen mag-bake.

◆Bakit hindi ka pa natutulog?◆ Tanong ko sa kanya. Sa guest room ako natulog, may sarili kasing kwarto sina Aivan at Axcel. Si Francisco naman, katabi ng mga magulang niya matulog.

◆Hindi ako makatulog.◆ Sabi niya. Tinignan ko siya, bakas naman sa mukha niya na inaantok siya.

◆Bakit hindi ka makatulog?◆ Umupo naman ako sa may kama.

◆Hindi ko alam, patulugin mo ako. Tatabi ako sa◆yo, hindi ako makatulog sa kwarto namin ni Aivan.◆ Sabi niya.

◆Baka kung ano isipin ni Tita Freen kapag dito ka natulog. Bumalik ka na ◆don.◆ Sabi ko sa kanya. Wala pa kaming pasok kinabukasan pero bukas na rin kami uuwi.

◆Hayaan mo sila kung ano isipin nila. Basta tabi tayo, hindi ako makatulog sa kwarto namin. Dito na lang ako, tabi tayo.◆ Sabi niya. Bakas na rin sa boses niya na inaantok na siya. Huminga naman ako ng malalim.

◆Sige na, dito ka na sa tabi ko.◆ Sabi ko sa kanya. Agad naman siyang kumilos at humiga sa tabi ko. Nagkumot din siya gamit ang kumot na gamit ko. Nakasuot siya ng sando at pajama. Samantalang naka short shorts naman ako at sando rin.

◆Bakit hindi ka makatulog?◆Tanong ko sa kanya.

◆I had a bad dream.◆ Sabi niya, I sighed. Ganoon na siya simula pagkabata. Kapag nananaginip siya ng masama, hindi na siya nakakatulog. Isa iyon sa mga nakabisa ko sa kanya. Dati kasi ay pinuntahan pa niya ako sa bahay ng minsang managinip siya ng masama. Hindi ko alam ang gagawin ko, pero hindi ko inaasahan na kakalma siya sa yakap ko.

◆Do you want to share it to me?◆ I asked him. He just shook his head.

◆I don◆t want to tell you about my bad dream. I don◆t want it to happen.◆ He said seriously.

◆There◆s nothing wrong to share it with me, little kiddo. C◆mon, tell me.◆ I said. I heard him sighed.

◆You left me.◆ He said seriously. I smiled.

◆It won◆t happen. I promise.◆ I said with a smile.

◆Don◆t tell me that as a promise.◆ He said.

◆I won◆t leave you without any reason. Hindi ako aalis hangga◆t hindi mo sinasabi. Okay? Tara nga dito, kunwari ka pa. Gusto mo lang ng yakap ko.◆ Sabi ko sa kanya. Parang bata naman siyang yumakap sa akin ng mahigpit. Parang awtomatiko namang kumilos din ang mga braso ko at tsaka ko rin siya niyakap.

◆I◆m afraid.◆ Sabi niya.

◆Don◆t be afraid, it◆s just a bad dream.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆I◆m not afraid because of that. Natatakot ako na baka mangyari ◆yong panaginip ko.◆ Sabi niya sa akin.

◆Hindi ba◆t sabi ko, hindi ako aalis hangga◆t hindi mo sinasabi? Kakalaro mo kasi ◆yan kanina kaya ka nananaginip ng ganyan.◆ Sabi ko sa kanya. Marahan ko namang hinawi ang makapal at bagsak niyang buhok.

◆Kung aalis man ako, may rason. Hindi pwedeng wala. Kaya ikaw, mag bebehave ka lagi para hindi ako umalis.◆ Sabi ko sa kanya. Naramdaman ko naman ang pagtango niya at mas lalong paghigpit ng yakap niya sa akin.

◆Matulog ka na, andito lang ako. Babantayan kita.◆ Sabi ko sa kanya. Hindi na siya sumagot. Naramdaman ko na lang na nakatulog na siya batay sa paghinga niya. Huminga ako ng malalim.

I love this kind of his side.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there.

ELEVEN

"Napagod ka ba?" Tanong ko kay Axcel ng mapansin kong parang pagod ang mukha niya. Kakauwi lang namin galing sa bahay nila at tinawagan ko na rin ang Daddy ko para sabihing nasa Manila na kaming dalawa.

"Oo." Kaswal na sagot niya sa akin. Hinubad niya ang sapatos niyang suot at agad na humiga sa sofa.

"Kung matutulog ka, doon ka na sa kwarto mo. Ipagluluto lang kita ng hapunan at uuwi na ako." Sabi ko sa kanya.

"Babalik ka?" Bigla niyang tanong sa akin.

"Oo, bukas ng umaga babalik ako." Sabi ko sa kanya at tsaka ko inilapag muna ang bag ko sa may lamesa.

"Dito ka na lang, huwag ka nang umuwi." Sabi niya habang pinapanood ang bawat galaw ko.

"Para kang sira. Naminihasa ka na, Montemayor." Sabi ko sa kanya. Ala-sais y media na ng gabi at balot na ng dilim ang kalangitan. Dito agad ako dumiretso sa unit niya para masigurado na ayos siya bago ko siya iwan. Hindi rin kasi ako mapakali kapag hindi ko siya naiiwang maayos.

"Minsan lang naman ako humiling sa'yo. Kahit hanggang 12 lang, ihahatid kita." Pagpupumilit pa niya.

"Hindi pwede, magtigil ka diyan. Tsaka mag-review ka nga, may test ka bukas ah? Kita mo, pitikin ko 'yang itlog mo eh." Sabi ko sa kanya. Sumimangot naman siya sa sinabi ko. Bakit ganoon? Parang nagiging cute siya sa paningin ko kada sisimangot siya.

"Gawin mo nga." Sabi niya. Umupo ulit siya sa sofa, tumabi naman ako sa kanya. Napagod din kasi ako sa biyahe namin.

"Heh. Mag review ka, sisipain na kita diyan, makikita mo. Alam mo namang graduating tayo tapos puro papetiks ka lang. Next sem na ang OJT mo sa Montemayor Empire kaya umayos-ayos ka. Malilintikan ka talaga sa akin kapag hindi ka umayos." Naiinis kong sabi sa kanya. Bigla siyang humiga sa may lap ko at parang bata akong pinakatitigan. Hindi na ako nagulat ng ginawa niya iyon, sanay na ako sa mga biglaang kilos niya. Kabisa ko na rin siya at kapag ganyan siya, may gusto ◆yan o hindi naman kaya ay naglalambing lang. Malambing kasi siya, hindi nga lang halata.

"Bakit ka nakatingin ng ganyan?" Tanong ko sa kanya. Hinawi ko naman ang bagsak at makapal niyang buhok na gustong-gusto niyang ginagawa ko sa kanya.

"Gwapo ba ako?" Parang bata pero seryoso niyang tanong. Bigla naman akong natawa sa

sinabi niya.

"Hindi ka gwapo." Natatawa kong sabi sa kanya. Sumimangot siya kaya mas lalo akong natawa. Ang cute talaga ng lalaking ◆to, ang sarap lang iuwi sa bahay.

"Bakit sabi mo dati pogi ako?" Nakasimangot pa rin niyang tanong sa akin.

"Oh? Sinabi ko ba? Parang wala naman akong matandaan." Sabi ko sa kanya. Tinignan ko ang mukha niya na hindi na maipinta. Mas lalo tuloy akong natatawa.

"Inaaway mo naman ako." Parang batang sabi niya.

"Hindi ah, nagsasabi lang ako ng totoo." Sabi ko sa kanya. Pinisil ko ang matangos niyang ilong at tsaka ko marahang kinurot ang kanyang makinis na pisngi.

◆Sabi mo dati, gwapo naman ako. Tanga nga lang.◆ Sabi niya. Hindi ko naman napigilan ang hindi mapatawa. Nakakainis, siya lang ang nakakapagpatawa sa akin ng ganito.

◆Oo na, sige na. Gwapo ka na, tanga nga lang. Tumutubo na naman ang balbas mo oh tsaka iyong bigote mo. Hindi mo aahitin ◆yan?◆ Sabi ko sa kanya at tsaka ko kinapa ang bigote at balbas niya. Natubo na kasi kaya mas lalo siyang nagmumukhang matured at the same time, gwapo. Bagay kasi sa mestizong tulad niya ang may balbas lalo na◆t balbas sarado pa siya. Nagiging kamukha niya tuloy lalo si Tito Levinn, mas guwapo nga lang siya.

◆Ang laki pala ng boobs mo.◆ Sabi niya bigla. Nanlaki naman ang mata ko sa sinabi niya at pakiramdam ko ay umakyat ang lahat ng dugo ko sa mukha ko.

◆Axcel! Itigil mo ◆yang kamanyakan mo. Hindi ako natutuwa sa ganyan mo.◆ Seryoso kong sabi sa kanya. Sumilay naman ang nakakalokong ngiti sa mukha niya. Gago talaga ◆tong lalaking ◆to.

◆Joke lang, pero malaki talaga.◆ Sabi niya habang nakangiti ng nakakaloko. Tinampal ko naman ang bibig niya para tumigil na siya.

◆Akala ko ba inaantok ka?◆ Tanong ko sa kanya.

◆Hindi na, nawala. Andyan ka eh, ayoko kitang tulugan.◆ Sabi niya sa akin. Nagulat ako ng hinuli niya ang kamay ko at paglaruan iyon. Nakatingin lang ako sa gwapo

niyang mukha habang siya ay ganoon din sa akin. Dumapo naman ang mga mata ko sa labi niya at naramdaman ko ulit ang pamumula ng mukha ko ng maalala na bigla na lamang niya akong halikan sa may pool.

◆Ilang beses na ba tayong naghalikan? Nag-french kiss na tayo dati, hindi ba?◆ Sabi niya bigla.

◆Ang kapal ng mukha mo ah, hindi tayo naghalikan! Ikaw ang humalik sa akin.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Sus, ◆ganon din naman ◆yon. Sinagot mo naman ang halik ko noon ah? Ang sarap nga eh, akala ko nga dati mag sesex na tayo pero aayaw ka rin pala.◆ Sabi niya.

◆Kapag hindi mo itinigil ◆yang bibig mo sa kakasabi ng mga bastos na bagay, uuwi agad ako. Makikita mo.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Dati mo na ◆yang panakot sa akin, hindi na uubra ◆yan. Tsaka ang pula pala ng labi mo. Halikan mo nga ako, gusto kong matikman kung lasang candy pa rin.◆ Sabi niya at hindi ko alam kung seryoso siya sa sinabi niya.

◆At bakit naman kita hahalikan? Para lang ◆yon sa mga mag-boyfriend. Hindi naman kita boyfriend ah.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di gagawin na kita ngayong girlfriend para makikiss mo na ako.◆ Sagot naman niya sa akin.

◆Gago ka talaga. Tsaka fianc◆ kita, hindi boyfriend.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di mas okay, sige na. Isa lang, tayo lang naman ang nandito ah? Tsaka dati naman naghahalikan na tayo ah.◆ Direditretso niyang sabi sa akin.

◆Hindi nga sabi, ang kulit mo! Tsaka magluluto pa ako ng dinner mo, tumayo ka na diyan.◆ Sabi ko sa kanya pero ayaw niyang umalis. Nawili ata sa kakahiga sa lap ko.

◆Ang damot mo, buti nga hindi na ako nambababae. Loyal na kaya ako sa◆yo, kasi baka mamaya iwan mo ako bigla kapag nambabae ako kaya sa◆yo na lang muna ako. Swerte mo nga eh.◆

◆Ano◆ng swerte ◆don? Ang kulit-kulit mo nga tapos isip bata ka pa mag-isip. Para kang bata na kaylangang bantayan lagi dahil baka may gawin ka na namang katangahan. Minsan nga iniisip ko kung normal ka ba talaga o hindi.◆ Sabi ko sa kanya. Nagsalubong naman ang makakapal niyang kilay tanda na naaasar siya.

◆Normal ako, sa◆yo lang talaga ako ganito. Hindi ko nga alam kung bakit pag sa ibang babae hindi ko ginagawa ang mga ginagawa ko sa◆yo kaya pasalamat ka kasi may special treatment ka galing sa akin. Sige na, kiss mo na ako.◆ Pagpupumilit niya.

◆Special treatment galing sa special child na tulad mo? Inuuto mo pa ako, Montemayor. Akala mo naman papadala ako sa mga galawan mong ◆yan.◆ Sabi ko sa kanya. Patuloy lang niyang nilalaro ang kamay ko at ako naman ay mukha niya ang napagtripan kong laruin. Ang sarap kasing hawakan iyong balbas niya at bigote, nakakaliti.

◆Minsan, iniisip ko kung paano walang engagement sa pagitan nating dalawa? Ganito kaya tayo? Sana ganito pa rin ◆no? Hindi ko kasi alam ang gagawin ko kung wala ka.◆ Seryoso niyang sabi sa akin. Wala sa sariling napangiti ako.

◆Ang sweet mo ngayon, Montemayor. Ikaw ah! Crush mo talaga ako ◆no? Tsaka kung walang engagement sa pagitan nating dalawa, hindi natin magagawa ◆to dahil sa malamang. Nagpapakasawa ka sa mga babae diyan na patay na patay sa◆yo.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Hindi naman ako babaero, sadyang may pangangailangan lang kaming mga lalaki na babae lang ang makakapagtugon. Hindi ko nga alam kung bakit sa tagal ng pinagsamahan natin, wala pang nangyayari sa atin. Lagi naman kitang nasosolo tapos sexy ka naman, medyo maganda at papasa na rin sa taste ko.◆ Sabi niya at tsaka siya tumawa ng mahina. Sinimangutan ko naman siya.

◆Medyo maganda ka diyan, maganda kaya ako! Bwisit na ◆to.◆ Sabi ko sa kanya sabay kurot sa pisngi niya.

◆Maganda ka pala, dapat ninotify mo ako. Para alam ko.◆ Sabi niya sabay tawa.

◆Asarin mo pa ako. Iiwan talaga kita dito.◆ Naiinis kong sabi sa kanya.

◆Napaka-asar talo mo, kaya kita inaasar dahil asar talo ka eh. Naalala mo dati na pinaiyak kita? Navideohan pa ata ni Aivan ◆yon.◆ Sabi niya sa akin. Bigla ko namang naalala iyon, inasar niya ako ng inasar hanggang sa hindi ko na kinaya at umiyak na talaga ako. Pero sinipa ko naman ang birdy niya pagkatapos kong umiyak. Gago siya eh.

◆Sige, paiyakin mo ako. Iiwan kita ng tuluyan.◆ Naiinis kong sabi sa kanya. Ang lakas kasi niyang mang-asar.

◆Hindi na, behave na ako. Hindi na kita aasarin at hindi na kita paiiyakin.◆ Sabi niya ng nakangiti.

◆Talaga? Niloloko mo lang ata ako. Alam ko ◆yang mga ganyan mo, kabisado na kita.◆ Sabi ko.

◆Kabisado mo na ako? Sige nga kung kabisado mo na ako, ano◆ng gagawin ko ngayon?◆ Tanong niya. Napakunot naman ako ng noo.

◆Aba, malay ko ba kung ano ang gusto mong gawin. Ano ba?◆ Tanong ko.

◆Lapit ka.◆ Sabi niya. Inilapit ko naman ng konti ang mukha ko sa kanya.

◆Hahalikan kita, iyon ang gagawin ko.◆ At bigla ay naramdaman ko ang paglapat ng mga labi niya sa labi ko.

He kissed me.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there. Enjoy lang kayo guys, ◆wag kayo masyadong magmadali. Baka mas masaktan kayo kapag minadali n◆yo ;) *winks*

TWELVE

Gusto kong matawa sa nakikita ko ngayon sa may harapan ko. Kumpleto kasi sila ngayon at tiyak akong magiging magulo na naman ang gabi ko. Minsan ko na lang kasi silang makitang magkakasama at kapag magkakasama sila, hindi pwedeng walang mangyaring hindi maganda.

"Pakyu ka talaga eh 'no? Palibhasa wala kang girlfriend kaya ganyang ka kapangit." Nanggigil na sabi ni Din kay Allen. Mortal kasi silang magkaaway simula pa noong mga highschool kami. Hindi ko alam ang eksaktong dahilan kung bakit sila magkaaway, basta ang alam ko. Isang araw, magkaaway na lang silang dalawa.

"Baka ikaw ang walang boyfriend. Tsaka bakit ka ba nandito? Mga adults at matured people lang dapat ang nandito." Sagot naman ni Allen kay Din.

"Ano ang palagay mo sa aking impakto ka, bata?! Hoy Ravis! Ilayo mo nga sa akin 'yang tontang 'yan!" Sabi ni Din kay Travis na kausap naman si Xander, Shaun at Aivan. Just boy things.

"Din, bakit ba ang bitter mo diyan kay Allen? Parang wala kayong nakaraan ah." Saad naman ni Shaun na sinabayan namin ng tawa. Mayroon kasing nakaraan si Allen at Din. Dati kasi silang magkasintahan at tumagal din sila ng isang taon pero nagulat na lang kami nang malaman naming wala na sila at galit na si Din kay Allen sa hindi

namin malaman na dahilan.

Kasama rin namin sa bar si na Felice, at si Axcel na nakikipag-inuman sa iba pang mga Montemayor at iba pa nilang kaibigan. Kumpleto sila ngayong mga Montemayor, si Din, Rissa, Xander, Shaun, Aivan, Travis, Symon, at si Axcel. Naroroon din ang iba pa nilang kaibigan na si na Alex at Allen na magkapatid. Mas matanda lang ng isang taon si Alex kaysa kay Allen. Kasama din namin si Felice, Jomsky, Rhalp at Vlad. Matagal na namin silang mga kaibigan, simula pa noong highschool kami hanggang ngayon.

"Ang bitter n'yo! Parang dati naghahalikan pa kayo sa harap namin ah." Sabi ni Rissa. Tahimik pero maingay din naman kapag kasama kami. Panganay na anak siya ni Tito Gian at Tita Ligie.

"Will you please shut up?! Matagal ko nang kinalimutan ang lahat ng 'yon!" Mariing sabi ni Din. Halatang bitter pa rin siya kay Allen hanggang ngayon.

"Ate, ang ingay mo." Sabi ni Symon sa ate niya. Anak silang dalawa ni Tita Lilet. Isang taon lang din ang agwat nilang dalawa. Pero nasa second year college na si Din at kumukuha siya ng course na Fashion Design, samantalang first year college naman si Symon at Rissa. Civil Engineering ang course ni Symon at Electronics Communication Engineering naman ang kay Rissa. Si Travis naman at Xander ay nasa third year college na. Architecture ang course ni Travis at Political Science naman ang kay Xander. Si Din lang at Shaun ang nasa second year college na kumukuha naman ng Business course. Si Jomsky at Rhalp ay nasa field naman ng Aeronotics at Marine Engineering naman ang kay Vlad.

"Tumahimik ka nga diyan! At huwag kang maglalasing dahil uuwi pa tayo! Lagot ka kay Mommy kapag naglasing ka." Naiinis na sabi ni Din kay Symon sabay irap.

"Oo, alam ko." Masungit na sagot ni Symon sa Ate niya.

"Alam mo kasi Din, uso mag move on. Aba, kinarir mo masyado ang galit sa puso mo diyan kay Allen." Sabi ni Felice. May sarili namang mundo ang mga boys at nag-iinuman lang at nagkukwentuhan. Pero nasa iisang table pa rin kami kaya tiyak na naririnig nila ang mga pinag-uusapan naming mga babae. Naririnig din kasi naming ang pinag-uusapan nila at tungkol lang sa mga kung anu-anong bagay ang mga iyon.

"I hate him and I will hate him. Tsaka bakit ba ako at ang impaktong may pangalang Allen ang pinag-uusapan n'yo? Pwede ba!" Sabi niya sabay irap sa hangin. Sinulyapan ko naman si Axcel na katabi ko lang. Nakita kong nagsindi siya ng sigarilyo. Bigla ay naningkit ang mata ko at agad kong inagaw ang sigarilyo niya at tsaka ko pinatay sa may lamesa.

"Diba sabi ko huwag kang maninigarilyo?!" Naiinis kong bulong sa kanya. Bigla kasing umingay sa paligid dahil nagsimula nang tumugtog ang banda na guest ngayon sa bar.

"Isa lang naman." Bulong niya sa akin.

◆Hindi pwede! Kung ipalunok ko kaya sa◆yo ◆yan?!◆ Naiinis kong sabi sa kanya. Ayaw ko pa naman sa lahat iyong naninigarilyo.

"Dyahe pare! Under ka pala ng fianc◆e mo?" Malakas na sabi ni Travis na sinabayan nila ng pagtawa. Naninigarilyo rin siya katulad ni Allen, Alex, Shaun, Rhalp, Vlad at Jomsky. Si Axcel lang ang hindi ko pinayagan. Si Xander, Symon at Aivan naman ay nag-iinom lang.

"Sige lang, sunugin n'yo lang ang mga baga n'yo! Pagtatawanan ko kayo kapag nagkasakit kayo!" Naiinis kong sabi sa kanila. Nagtawanan lang sila samantalang sumimangot lang si Axcel.

"Hayaan mong mamatay ng maaga 'yang mga 'yan lalo na ang isa diyan." Sabi naman ni Din. Napailing na lang ako. Habang tumawa lang silang lahat maliban kay Allen. Matamang nakatingin lamang ito kay Din na tila binabasa kung ano ang nasa isip nito. Nakita ko namang nag-iwas ng tingin si Din ng magawi ang mga mata niya sa pwesto ni Allen.

"CR lang ako." Sabi bigla ni Din at tsaka ito tumayo at pumunta sa comfort room. Wala pang ilang saglit ay tumayo rin bigla si Allen.

"Hayaan n'yo na lang sila. They need to talk." Seryosong sabi ni Aivan. Naramdaman ko naman bigla ang pasimpleng pag-akbay sa akin ni Axcel. Hindi siya nakatingin sa akin, patuloy lang siyang nag-iinom.

"Par, nakauwi ka na sa Rancho?" Tanong ni Travis kay Xander. Umiling lamang si Xander.

"Hindi pa, pero balak ni Daddy na umuwi kami roon. Busy pa si Daddy sa Montemayor Empire." Sagot naman ni Xander.

"Akala ko ba si Kuya Greg muna ang mag ooperate ng company?" Tanong naman ni Aivan.

"Hindi, busy din si Kuya Greg. Priority pa rin ni Kuya ang pamilya." Sagot naman ni Symon.

Nag-uusap lang sa Felice at Rissa sa may gilid habang sila namang mga lalaki ay nag-uusap ng kung anu-ano. Hindi ako masyadong nag-iinom, kaya light lang ang akin. Cocktail lang ang iniinom ko.

"Sa unit ko na ikaw matulog." Bulong bigla sa akin ni Axcel. Para namang may dumaloy na kuryente sa buong sistema ko nang maramdaman ko ang mainit niyang hininga sa may leeg ko.

"Ayoko, uuwi ako." Bulong ko naman sa kanya. Naramdaman ko bigla ang paghigpit ng akbay niya.

"Anong oras na, sa condo ko na lang ikaw matulog. Hahatid din kita bukas." Pagpupumilit pa niya.

"Huwag kang makulit. Tsaka lasing ka na ba? Uuwi ka pa." Tanong ko sa kanya.

"Oo, lasing na ako. Ikaw mag dadrive." Sabi niya.

"Heh, niloloko mo naman ako. Bahala ka diyan. Iiwan kita dito, kaya 'wag kang maglasing." Sabi ko sa kanya.

"Doon ka na kasi matulog." Parang batang sabi niya. I looked at my wrist watch. Alas dose y media na ng umaga.

"Huwag ka sabing makulit. Hindi nga kasi pwede." Pinisil ko ang matangos niyang ilong.

"Malayo pa iyong bahay n'yo dito. Mas malapit ang unit ko kaya doon ka na lang matulog." Sabi niya. Hindi talaga siya maawat. Alam kong lasing na siya dahil namumula na ang buo niyang mukha at panay na rin ang akbay at hilig sa balikat ko. Inaamoy niya rin paminsan-minsan ang leeg ko.

Bumalik naman si Din sa pwesto niya at napansin kong nagulo ang lipstick niya at medyo namumula rin ang mata niya. Marahil ay umiyak siya. Wala pang ilang saglit ay bumalik na rin si Allen.

"Naghalikan ba kayong dalawa?" Biglang tanong ni Felice. Namula naman ang mukha ni Din samantalang passive lang ang reaksyon ni Allen.

"H-Hindi ah." Sagot naman ni Din pero obvious na naghalikan nga silang dalawa. May lipstick kasi ni Din si Allen sa may gilid ng labi.

"Naiihi ako, samahan mo ako." Biglang bulong sa akin ni Axcel.

"Para kang sira. Bakit naman magpapasama ka pa. Kaya mo na naman." Sagot ko sa

kanya.

"Nahihilo ako, hindi ako makatayo ng ayos." Sabi niya. Tinignan ko naman sila, mukhang may mga tama na rin sila.

"Tara na nga." Sabi ko at tsaka tumayo. Tumayo rin naman siya at tsaka umakbay sa akin para kumuha ng suporta. Inalalayan ko siya hanggang sa pinto ng CR ng boys.

Dito na lang ako, bawal akong pumasok diyan. Sabi ko sa kanya.

Hindi yan, dali na samahan mo ako sa loob. Wala namang tao. Sabi niya. Pero tinanggal ko na ang pagka-akbay niya sa akin.

Huwag kang makulit, bilisan mo na. I ll wait here. I said. Pero nagmatigas siya at ayaw niya pa rin pumasok.

Samahan mo na kasi ako sa loob. Parang lasing niyang sabi. Lasing na talaga siya, alam ko iyon. Makulit kasi iyan kapag nalalasing at kung anu-ano ang ginagawa. Kaya hindi ko maiwanan sa ganito.

Hindi nga kasi pwede, baka may ibang pumasok. Bilisan mo na. Iintayin kita dito.

Ayoko nga sabi, samahan mo lang ako sa loob. Baka umalis ka at may pumorma sa yo. Tara na! Pagpupumilit niya. Tinitignan na rin kami ng ilang babaeng pumapasok sa kabilang comfort room.

Ang kulit mo naman, naiinis na ako sa yo. Sabi ko sa kanya.

Bilis na, samahan mo na ako. Saglit lang akong iihi. Pagpupumilit niya at pilit akong hinahatak sa loob ng CR. Wala naman akong nagawa dahil sa malakas siya. Agad niyang ni-lock ang pinto pagkapasok ko.

Bilisan mo na umihi, para ka talagang bata at kaylangan pang samahan para lang umihi. Sabi ko sa kanya. Pumuwesto naman siya para umihi kaya tumalikod ako saglit.

Bakit ka nakatalikod? Ayaw mo bang makita? Tanong niya.

Pulos ka naman kalokohan, Axcel. Bilisan mo na lang diyan at iuuwi na kita. Lasing na lasing ka na oh. Sabi ko sa kanya.

Kunwari ka pa. Bili na, tignan mo. Natatawa niyang sabi.

Isa Axcel! Tumigil ka, sasapakin na kita diyan. Sabi ko sa kanya. Humarap na ako sa kanya dahil tapos na siya. Agad naman siyang umakbay sa akin at tsaka kami

lumabas.

Tinignan naman kami ng ilang lalaking papasok sa CR pagkabukas namin, marahil ay nagtataka kung bakit ako naroroon. Alam ko naman na iba ang iniisip ng ilan, pero wala na akong pakielam pa roon. Si Axcel ang mas mahalaga sa akin kesa sa kanila. Nakabalik na kami sa pwesto namin at nadatnan naming silang nagtatawanan.

◆Gawin mo akong baby mo mamaya pag-uwi natin ah?◆ Bulong sa akin ni Axcel pagkaupo naming dalawa.

◆Sira ka talaga.◆ Bulong ko naman sa kanya.

◆Kapag lasing na lasing na ako, alagaan mo ulit ako tapos ikaw naman aalagaan ko kapag nalasing ka.◆ Sabi pa niya. Natawa na lamang ako.

◆Sana lagi ka na lang lasing para lagi kang sweet, Montemayor.◆ Sabi ko sa kanya sabay pisil sa pisngi niya.

He suddenly intertwined his hand in mine. ◆Gagawin ko lahat, huwag ka lang umalis sa tabi ko.◆

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! I have to attend again a party tomorrow. So, this is an advance update! I really appreciate those votes. Thank you for always voting this story! *winked*

TWELVE

"Gusto ko ng chocolate tapos ng hug mo." Parang batang sabi ni Axcel sa akin, marahil ay dala na ng kalasingan niya. Paakyat na kami sa unit niya at kanina pa rin niya ako kinukulit. Lasing na lasing na talaga siya at alam kong kapag nalalasing siya, kung anu-ano na lang ang nagagawa niyang mga katangahan. Inaalalayan ko siya para hindi siya matumba. Hindi na kasi niya kaya pang maglakad ng tuwid.

"Tigilan mo nga 'yang kabaliwan mo, Montemayor." Kalmadong sabi ko sa kanya. Tinignan ko naman siya at kita kong namumula ang buo niyang mukha na marahil ay dahil sa kalasingan. Tumunog na ang elevator kaya inalalayan ko na siya palabas. Alas tres na ng madaling araw at alas dos y media na kami natapos sa pag-iinuman. Mag-isang umuwi si Aivan dahil may dala itong sasakyan, hindi naman siya gaanong kalasing kaya ayos lang na mag-drive siya. Si Shaun naman ang naghatid kay Felice, samantalang magkakasabay umuwi si na Jomsky, Rhalp, at Vlad. Si Rissa naman ay kasabay si Travis at Xander. Binilinan daw kasi ni Tito Gian na alagaan mabuti ang

panganay niya kung hindi, lagot sila. Si Alex ay sumabay lang kay Symon dahil si Allen na raw ang maghahatid sa lasing na si Din. Pero duda akong ihahatid talaga ni Allen si Din. Alam ko kasing may nararamdaman pa sila sa isa◆t-isa at alam kong mahal pa rin ni Allen si Din.

"Kikiss kita kapag binigyan mo ako ng chocolate." Pagpupumilit pa niya. Nakapasok na kami sa unit niya at agad ko siyang inihiga sa malaki niyang sofa. Kahit papaano kasi ay malaki siyang tao at mabigat din siya para sa babaeng tulad ko. Aminado ako na kahit lasing na siya, mas lalo siyang gumugwapo sa paningin ko lalo na◆t namumula pa ang mukha niya. Halata rin na inaantok na ang kanyang mga mata.

"Ang kulit-kulit mo, kokonyatan na kita diyan. Makikita mo, at tsaka tignan mo nga 'yang tarasa mo." Naiinis kong sabi sa kanya. Yumuko naman ako para tanggalin ang sapatos niyang suot.

◆Bakit muna ginawa ang eroplano?◆ Tanong pa niya habang tinatanggal ko ang sapatos niya.

◆Magtigil ka nga! Para kang sira diyan.◆ Naiinis ko pa rin na sabi sa kanya. Sumimangot lang siya kasabay ng paghaba ng nguso niya.

◆Hindi ako sira, ◆yong eroplano ang sira kaya ginawa.◆ Sabi niya na sinabayan niya ng tawa. Sinamaan ko lang siya ng tingin. Delikado talaga kapag naglalasing ang lalaking ◆to, kung anu-ano na lang ang nasasabi at nagagawa.

◆Kapag hindi ka umayos, iiwan kita dito.◆ Sabi ko sa kanya. Nakatingin lang siya sa akin habang nakangisi. Isinandal ko naman siya sa sofa at inayos ang long sleeves niyang suot na nakatupi hanggang sa may siko niya.

◆Hahalikan naman kita kapag iniwan mo ako.◆ Sabi niya ng nakangisi. Kinurot ko lang siya sa pisngi at tsaka ko tinanggal sa pagkakabutones ang kanyang suot.

◆Bakit mo ako hinuhubaran? Mag sesex tayo?◆ Lasing na sabi niya sa akin. Tinampal ko naman ang bibig niya.

◆Magtigil ka sa kahibangan mong ◆yan. Ang baho mo kaya kita huhubaran, tsaka hindi ka ba naiinitan?◆ Sabi ko sa kanya. Kumunot lang ang noo niya sa sinabi ko.

◆Kita ko cleavage mo.◆ Sabi niya bigla. Nanlaki naman ang mga mata ko. Medyo nakayuko kasi ako habang tinatanggal ang suot niya.

◆Ipikit mo ◆yang mata mo! Kahit lasing ka na ang bastos mo pa rin ◆no?!◆ Naiinis kong sabi sa kanya. Natanggal ko na ang suot niya kaya lumantad na naman sa harapan ko ang hubad niyang katawan.

◆Ang init.◆ Sabi niya bigla. Nakita kong kinakalas niya ang sinturon niyang suot pero halatang nahihirapan siya.

◆Ako na nga.◆ Sabi ko sa kanya at ako ang nagkalas ng sinturon siya. Nakatingin lang siya sa akin na para bang batang tuwang-tuwa na mayroong nag-aalaga sa kanya.

Alam ko na mayroon siyang suot na boxer shorts kaya hinubad ko ang suot niyang pantalon. Pagkatapos ay pumunta ako sa kusina para kumuha ng maligamgam na tubig, kumuha rin ako ng malinis na tuwalya para mapunasan ko na siya bago matulog. Nagpalit na rin ako ng sando at ginamit ko rin ang pajama niya.

◆Axcel, tumayo ka muna diyan. Doon ka sa kwarto mo mahiga at pupunasan kita.◆ Sabi ko sa kanya at tsaka ko marahan na tinapik ang pisngi niya. Nagmulat naman siya ng mata at tinignan ako.

◆Tumayo ka na diyan, para makapagpahinga ka na ng maayos.◆ Sabi ko. Tumayo naman siya at inalalayan ko siya papasok sa kwarto niya. Agad naman siyang humiga nang makapasok kami sa kwarto niya. Kukunin ko na sana ang tuwalya nang bigla niya akong hatakin kaya nawalan ako ng balanse at bumagsak ako sa tabi niya.

◆Axcel!◆ Sigaw ko ng bigla niya akong niyakap.

◆Hmmmn.◆ Ungol niya lang. Mahigpit ang pagkakayakap niya at idinagan pa niya ang hita niya sa may hita ko kaya hindi ako makatayo.

◆Axcel, ang baho-baho mo. Amoy alak ka!◆ Sabi ko sabay tulak sa kanya. Pero mas lalo niya lang hinigpitan ang pagkakayakap sa akin. Ramdam na ramdam ko ang init ng katawan niya at nararamdaman ko ang mainit niyang hininga sa may leeg ko. Bigla ay parang uminit ang paligid ko. Naramdaman ko rin ang pagbilis ng tibok ng puso ko.

◆A◆Axcel.◆ Nahihirapan kong sabi. Halos mawalan ako ng hininga ng maramdaman kong hinahalikan niya ang leeg ko.

◆Hmmmn.◆ Umungol lamang siya.

◆Axcel, tumigil ka nga! Isa.◆ Sabi ko pero hindi pa rin siya tumigil. Humigpit lang ang pagkakayakap niya sa akin at patuloy na hinalikan ang leeg ko. Naramdaman ko ang pag-iinit ng katawan ko sa ginagawa niya. Kaya bago ko pa hindi mapigilan ang sarili ko ay itinulak ko siya at sa tagpong iyon ay biglang nagsalubong ang mga mata namin. Naramdaman ko ang pagwawala ng sistema ko dahil sa pagtitig niya sa akin.

Naramdaman ko rin ang paghapit ng braso niya sa may bewang ko kaya mas lalo akong napalapit sa kanya at mas lalo kong naramdaman ang init ng katawan niya. Mas ramdam ko na rin ang hininga niya sa may mukha ko at amoy ko ang alak na nagmumula sa katawan niya. Hindi ko alam pero parang mas lalong uminit ang katawan ko ng dahil doon.

Bigla siyang ngumiti at sa pagngiti niyang iyon ay hindi ko na alam ang mararamdaman ko. Bigla niyang ipinikit ang mga mata niya at naramdaman ko na lang ang paglapat ng mga labi niya sa mga labi ko.

He◆s kissing me and I don◆t know what to do. Oo, aaminin ko na maraming beses na niya akong hinalikan pero hindi katulad ng ganito. Na para bang sa akin nakadepende ang mundo niya na tipong siya at ako, iisa.

Awtomatikong kumilos ang mga labi ko na para bang may sarili itong buhay at sinagot ang mga halik niya. I answered his kiss without any hesitations.

Naging mas mapusok siya sa ginagawa niya at nararamdaman ko rin ang mga kamay niya na dumadapo sa kung saan-saang parte ng katawan ko. I felt his tongue seeking for the entrance and I let him in. I tasted the alcohol in his mouth and it really turns me on. Napakapit ako sa batok niya ng bigla siyang pumaibabaw sa akin at mas lalo pang lumalim ang paghahalikan naming dalawa.

◆A◆Axcel.◆ Hindi ko mapigilang masabi ng bumaba ang halik niya sa may leeg ko. Bigla akong nagulat ng may maramdaman akong matigas na bagay na bumabangga sa may hita ko. Nanlaki ang mga mata ko ng rumehistro sa isip ko kung ano ang bagay na ◆yon. I can feel it, he is huge. Literally huge!

Muli niya akong hinalikan at sa pagkakataong ito ay itinulak ko na siya. Matino akong babae at alam kong kapag hindi ko pa siya pinigilan. Baka maibigay ko na lang ng wala sa oras ang bagay na ibibigay ko lamang sa lalaking mamahalin ko panghabang buhay.

◆Hmmmnn. Ang damot mo naman, parang kiss lang.◆ Bigla niyang sabi pagkatulak ko sa kanya. Yumakap naman siya agad sa akin.

◆Nakakainis ka kamo, akala ko kanina tulog ka na.◆ Sabi ko sa kanya. Naramdaman ko na inaamoy niya ang buhok ko.

◆Dito ka lang sa tabi ko.◆ Bulong niya sa may tenga ko.

◆Nagiging makulit ka kapag nalalasing.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Hmmmnn. Talaga?◆ Sabi niya habang patuloy na inaamoy ang buhok ko at nararamdaman ko rin na mabilis niyang binibigyan ng halik ang leeg ko.

◆Kahit naman hindi ka lasing, makulit ka pa rin. Papaluin na kita diyan sa pwet, makikita mo.◆ Sabi ko sa kanya. Narinig ko naman ang mahina niyang pagtawa at mas lalo pang humigpit ang kanyang pagyakap.

◆Makulit ba ako? Parang hindi naman.◆ Sabi pa niya.

◆Anong hindi? Makulit ka kaya. Daig mo pa si Francisco sa kakulitan, tapos isip bata ka pa. Kapag ako talaga napuno, hindi na kita papansinin kahit kaylan.◆ Sabi ko sa kanya.

◆Di hindi na ako magkukulit, tapos hindi na ako mag-iinom ng marami. Promise ko ◆yan sa◆yo.◆ Sabi pa niya.

◆Dinadaan mo na naman ako sa pagpapacute mo.◆ Sabi ko sa kanya. Tinignan ko ang mukha niya. Nakapikit na ang mga mata niya at kitang-kita ako ang mga mahahaba niyang pilik mata. Libre kong napagmamasdan ang guwapo niyang mukha.

◆Hindi naman ako cute.◆ Sabi niya sa akin. Alam kong inaantok na siya at medyo nahimasmasan na siya sa tama ng alak. Siya kasi ang may pinakamaraming nainom pati na rin si Din.

◆Axcel, bakit ayaw mong pumasok sa isang seryosong relasyon?◆ Bigla kong tanong sa kanya. Gusto ko pang matawa sa sarili ko dahil ngayon ko pa siya tinanong ng ganito, ngayong lasing pa siya. Pero kasi sabi nila, mas nagsasabi raw ng totoo ang mga lasing.

◆Ayoko, kasi sabi mo dati iiwan mo ako kapag nambabae ako.◆ Sabi niya.

◆Bakit? Ayaw mo bang iwan kita?◆ Tanong ko sa kanya.

◆Ayaw ko nga, iiyak nga ako kapag iniwan mo ako.◆ Sagot niya sa akin. Natawa naman ako sa sinabi niya. Lagi niya kasi iyong sinasabi sa tuwing tinatanong ko siya ng ganoon. Na-iiyak siya kapag iniwan ko siya. Sino ba namang lalaki ang iiyak sa harap ng isang babae? Ang mga lalaki pa naman, malihim at mahilig magsarili ng dinaramdam. Pero si Axcel, hindi siya ganoon kapag sa akin na. Lagi niyang sinasabi lahat ng nararamdaman niya. Kapag naiinis siya, nagugutom siya, nagagalit siya, nagtatampo siya, nalulungkot siya o kung ano pa man. Kabisado ko na lahat ng galaw niya at masasabi kong kilalang-kilala ko na si Axcel.

◆Iiyak ka ba talaga? Niloloko mo naman ata ako. Sige nga, bukas hindi na ako magpapakita sa◆yo, hindi na kita dadalawin dito, hindi na kita ipagluluto, hindi na

kita kakausapin at hinding-hindi mo na ako makikita pa kahit kaylan.• Sabi ko sa kanya. Nagulat ako ng bigla siyang kumalas sa pag-kakayakap sa akin at umupo na lang bigla sa may kama. Tila ba nagising siya dahil sa sinabi ko. Pinakatitigan niya ako sa mga mata at ganoon din ang ginawa ko sa kanya. I just stared at his serious face.

•Parang tinanggalan mo na rin ako ng buhay sa gagawin mo, Heena.• Seryoso niyang sabi. Natatamaan ng liwanag mula sa may bintana ang kanyang mukha kaya kitang-kita ko ang biglang pamumula ng mga mata niya. Walang sabi-sabing niyakap ko siya.

•Matulog ka na, dito lang ako sa tabi mo. Hinding-hindi ako aalis.•

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there!

FOURTEEN

•Anong oras pala kayo nakauwi ni Axcel demonyo noong nakaraan?• Tanong sa akin ni Felice. Nasa canteen kami at kumakain ng lunch. May klase kasi si Axcel kaya hindi ko siya kasabay ngayon kumain.

•Bakit ba ang init ng ulo mo kay Axcel? Wala namang ginagawa sa•yo •yong tao.• Sagot ko sa kanya.

•Ayan ka na naman, Heena! Palibhasa hayup kung manlandi sa•yo •yong gagong •yon eh. Naku talaga, kokonyatan ko •yon kapag nakita kong pinapaiyak ka ng siraulong •yon.• Naiinis niyang sabi. Halata sa mukha niya na naiinis siya kay Axcel. Lagi niya kasing sinasabi na •wag akong papadala kay Axcel dahil masasaktan lang daw ako.

•Hayaan mo na lang kasi, alam ko naman ang ginagawa ko.• Sagot ko naman sa kanya.

•Alam mo ba talaga ang ginagawa mo? Kung iuntog ko kaya •yang ulo mo para malaman mo talaga? Heena, ako na ang nagsasabi. H•wag kang maiinlove kay Axcel dahil masasaktan ka lang. Ang landi kaya ng lalaking •yon!• Iritado niyang sabi.

◆Ano naman kung ma-inlove ako kay Axcel? Fianc◆ ko naman siya.◆ Sabi ko sabay kagat sa tuna sandwich ko. Hindi naman kasi ako gaanong kagutom, kaya nag-sandwich na lang ako. Baka rin kasi biglang mag-aya si Axcel kumain at mapakain na naman ako ng wala sa oras.

◆Oh ano◆ng pakielam ko kung fianc◆ mo siya? Ang point ko, masasaktan ka lang sa kanya. Ikaw na nga ang nagsabi na hindi n◆yo parehong siniseryoso ang engagement n◆yong dalawa tapos umaakto kang seryoso ka sa engagement. Halos maging asawa ka na nga sa kanya dahil sa◆yo siya lagi nakadepende. Kakain lang siya kapag kasabay ka, matutulog lang kapag pinatulog mo, titigil lang kapag sinabi mo. Aba, Heena. Iba na ◆yan.◆ Sabi pa niya sabay subo ng kutsara niya na puno ng kanin.

◆Ganoon talaga ◆yon, isip bata. At bakit ba pinapakielam mo kami? Maghanap ka nga ng sarili mong lovelife!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Jusko, hindi na. Pasakit lang sa ulo ◆yang mga lalaking ◆yan. Assurance lang naman ang gusto sa mga babae.◆ Sabi niya. Sagad siguro ang kabitteran niya sa mga lalaki. Na-inlove na kasi siya at nang minsang aminin ang kanyang nararamdaman. Hiniritan lang siya ng, Walang forever. Simula n◆on, ang bitter na niya sa mga lalaki.

Biglang nag-vibrate ang cellphone ko kaya tinignan ko kung sino ang nag-text. It◆s him Axcel.

Axcel:

Where are you?

Agad akong nagreply pagkabasa ko ng message niya. Mainipin kasi siyang tao at madaling mainis kapag hindi siya pinapansin.

Canteen, kumakain.

Bigla ulit nag-vibrate ang phone ko. Ang bilis naman ata niyang mag-reply? Wala ba siyang professor?

Axcel:

Kakain tayo mamaya, don't each too much.

Nireplyan ko ulit siya.

Where? Wala kang prof?

Heena, wait lang ah? Medyo hindi maganda ang takbo ng intestines ko. Mag C-CR lang ako, hintayin mo ako dito ah? Paalam bigla ni Felice at tsaka nagmamadaling umalis. Napailing na lang ako. Sira talaga yong babaeng yon.

Nag-vibrate ulit ang phone ko.

Axcel:

Mamaya na lang. Meron pa akong prof. Sino kasama mo?

I hit reply.

Axcel, mag-aral ka nga diyan. Pitikin ko yang itlog mo, sige ka.

Wala pang ilang segundo ay nag-reply ulit siya.

Axcel:

Tss, oo na. Wala kang kasamang lalaki? Hwag kang makikipag-usap kung kaninong lalaki, babangasan ko yan. See you later, :*

Napailing na lang ako sa reply niya. Para kasi siyang sira, minsan nga gusto ko nang isipin na may nararamdaman sa akin si Axcel. Pero kapag tinatanong ko naman siya, lagi niya lang sinasabi na hindi pa kasi siya nakakakita ng papalit sa akin kaya sa ngayon, ako muna raw ang priority niya.

Pero paano kaya kung dumating ◆yong oras na may nahanap na siyang papalit sa akin? Magiging masaya ako para sa kanya? Kapag kasi dumating ang oras na maghihiwalay na kami, balak kong mag masteral sa ibang bansa. Para naman mayroon akong ipagmamalaki sa Daddy at Kuya ko. Pareho kasi silang graduate ng Summa Cum Laude at nakapag-masteral sa mataas na eskwelahan. Sa MIT kasi nagmasteral si Kuya at talaga namang mataas ang standards niya sa lahat ng bagay. Pero ang ipinagtataka ko, nahulog siya sa kalog at makulit na si Ate Mey. Ganoon nga ata siguro ang nagagawa ng love, binubulag ka at the same time, sinasaktan ka. Sa ngayon, masaya naman si Kuya dahil mayroon na siyang dalawang anak at maganda ang takbo ng kompanya namin. Siya na kasi ang pumalit kay Daddy ng magretiro ito bilang CEO ng kompanya at alam kong sa kompanya rin ang bagsak ko.

Huminga lang ako ng malalim.

***

◆Tinapos mo ba ◆yung activity n◆yo? Baka mamaya hindi ah. Sisipain talaga kita kapag may nakita akong dos sa grade mo.◆ Sabi ko kay Axcel.

◆Nag-aral nga ako, hindi naman ako nagbulakbol.◆ Sagot niya sa akin.

◆Siguraduhin mo lang, kapag nalaman ko lang kay Aivan na hindi mo tinapos iyong activity n◆yo, hindi kita papansinin.◆ Sabi ko pa sa kanya. Pauwi na kami ngayon sa unit nyia, medyo gutom na raw kasi siya. It◆s already seven in the evening. Naunang natapos nag klase ko kaya hinintay ko pa siya.

◆Hindi nga kasi, ang kulit mo rin ◆no?!◆ Medyo naiinis niyang sabi sa akin.

◆Sinisigawan mo na ako?◆ Mataray kong sabi sa kanya. Sumimangot naman siya.

◆Oo na, hindi na!◆ Sabi pa niya. Nag dadrive kasi siya pauwi sa unit niya, sabi ko kasi sa unit na lang niya kami kumain. Magluluto na lang ako ng kakainin namin, balak din kasi namin mag movie marathon mamaya dahil wala kaming klase kinabukasan. Nagpaalam na rin ako sa Daddy ko na sa unit muna ako ni Axcel matutulog.

◆Dumaan pala tayo sa SuperMarket saglit, may bibilhin ako.◆ Sabi ko sa kanya. Tumango naman siya.

Pinakatitigan ko si Axcel. Bagay na bagay sa kanya ang medyo bagsak niyang buhok. Kahit pa magulo ito, nagmumukha siyang model. He has a strong jaw lines and a pointed nose which he inherited from his father. Matangos din naman ang ilong ni Tita Freen pero mas kawangis nila ni Aivan si Tito Levinn. He◆s wearing a black polo shirt and black jeans na sakto lang sa kanya. Kung tutuusin nga, pwede siyang maging model. Naalala kong noong highschool kami, inilaban siya ng school namin bilang male representative ng school sa pageant. Nanalo naman siya noon at alam ko ◆yon dahil naroroon ako para panoorin siya. Pulos mga tilian ng babae ang naririnig ko kapag pangalan na niya ang tinatawag at ang daming nagpapicture sa kanya noon. Pero saludo pa rin ako sa kanya dahil kahit alam niyang guwapo siya, hindi lumalaki

ang ulo niya.

Pagkatapos naming dumaan sa SuperMarket, dumaan kami sa Mc Donalds para bumili ng fries. Paborito niya kasi ◆yon at gustong-gusto niya kapag nagpupuyat kaming dalawa. Ilang minuto lang din ang nakalipas ay nakarating na kami sa unit niya, malapit lang naman kasi ang SuperMarket doon at hindi rin gaano ka-traffic.

◆Magpalit ka na muna ng damit.◆ Sabi ko pagkapasok namin sa unit niya. Parang batang tumango lang siya at tsaka pumasok sa loob ng kwarto niya. Inilapag ko lang ang gamit ko sa may lamesa at binuksan ang TV para mabasag ang nakabibinging katahimikan sa paligid.

◆Magpalit ka na rin, tapos na ako.◆ Sabi ni Axcel pagkalabas niya ng kwarto niya. Naka-sando at boxer shorts na lang siya ngayon. Agad naman akong pumasok sa kwarto niya para makapagpalit na rin. May damit naman kasi ako sa unit niya dahil lagi akong nag-iistay doon.

Agad akong lumabas pagkatapos kong magpalit. Nadatnan ko si Axcel na nanonood ng basketball. Hinayaan ko lang siya at tsaka ako tumuloy sa lamesa para ihanda ang iluluto ko.

◆Gutom ka na ba?◆ Tanong ko sa kanya mula sa may kusina. Rinig naman niya ako dahil hindi naman malayo ang kusina sa may sala.

◆Medyo lang.◆ Sagot niya na hindi inaalis ang tingin sa pinapanood. Tinignan ko naman siya at seryoso lang siyang nanonood. Mahilig din kasi siyang magbasketball, sa katunayan nga, varsity player siya noong highschool kami. Tumigil lang siya sa pagvavarsity ng mag kolehiyo kami. Mas priority niya raw kasi ang pag-aaral at ayaw niyang maapektuhan ang pag-aaral niya ng dahil sa basketball. Pero kahit na ganoon, naglalaro pa rin siya na nagsisilbing ehersisyo niya kaya napapanatili niya ang magandang hubog ng katawan niya. Hilig na talaga ng mga lalaki ang maglaro ng basketball na tipong hindi na maalis sa sistema nila iyon.

Bigla siyang lumingon sa pwesto ko kaya nagtama bigla ang mga mata namin. Ngumiti siya, iyong ngiti niya kapag masaya siya. Wala sa sariling napangiti rin ako. Simpleng ngiti, pero ramdam kong masaya siya.

Pinagpatuloy ko na lang ang ginagawa ko at hinayaan ko na lang siya. Nasa aktong nagluluto ako ng maramdaman ko ang presensya niya sa may likuran ko. Tinapunan ko siya saglit ng tingin at nakita kong umupo siya malapit sa akin.

◆Ang ganda mo pala kapag nagluluto.◆ Sabi niya bigla.

◆Maganda talaga ako kahit hindi nagluluto.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆Oo nga, ang sexy mo pa. Hindi ka naman flat chested, may laman naman din ◆yang iyo at alam ko ◆yon kasi nahawakan ko na ◆yan.◆ Sabi niya. Pinaningkitan ko siya ng mata.

◆Itigil mo nga ◆yang bibig mo. Umaandar na naman ◆yang pagiging bastos mo.◆ Medyo naiinis kong sabi sa kanya.

◆Talaga naman ah, nahawakan ko na ◆yan. Noong nakaraang araw nga lang naghalikan tayo, hindi ba?◆ Sabi niya. Pakiramdam ko ay biglang umakyat ang lahat ng dugo sa mukha ko sa sinabi niya.

◆H◆wag mo nang ipaalala! Kunwari ka pa na lasing na lasing ka. Alam mo rin naman pala ang ginagawa mo. Gusto mo pang inaalagaan ka eh ◆no?◆ Sabi ko sa kanya. Nag-iwas naman siya ng tingin.

◆Hindi naman ako nagpapanggap.◆ Halos pabulong na sabi niya pero narinig ko pa rin.

◆May nalalaman ka pang payakap-yakap diyan. Akala mo naman hindi kita nahahalatang nanananching. Kapag talaga napuno ako sa◆yo, Montemayor. Sasakalin na kita hanggang sa hindi ka na makahinga.◆ Sabi ko sa kanya. Naamoy ko na ang adobong chicken na niluluto ko. Paborito niya kasi iyon tsaka sinigang na pig.

◆Hindi naman ◆yon chansing ah! Gusto mo naman.◆ Nakasimangot na sabi niya.

◆Gusto? Sinong babae ang gustong minamanyak?!◆

◆Ikaw! Tsaka hindi naman ako manyak, nagagawa na naman natin ◆yon dati pa. Kaya okay lang ◆yon, pananagutan naman kita kapag may nangyari sa atin.◆ Sabi niya. Natigilan ako bigla. Ang seryoso kasi ng pagkakasabi niya n◆on.

◆M◆Magtigil ka nga diyan!◆ Sabi ko na lang at tsaka ako nag-iwas ng tingin. Itinuon ko na lang ulit ang pansin ko sa niluluto ko.

◆Sa tingin ko, bagay sa◆yo ang maging isang Mrs. Montemayor.◆

Natigilan ako.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Sabaw ◆to, alam ko T.T X.X Walang pasok bukas! Magbunyi <3

FIFTEEN

"Next week sa bahay tayo ni na Symon at Din. Birthday ni Anthony, kumpleto kaming mag pipinsan." Sabi ni Axcel sa akin. Si Anthony ang bunsong anak ni na Tito Gian

at Tita L.A. Kaedad lang din ito ni Francisco at Viel na kapatid naman ni Xander.

"Susunduin mo ako sa amin?" Tanong ko sabay subo ng fries. Nanonood kasi kami ngayon ng Maleficent. Kakatapos lang namin manood kanina ng The Notebook. Mamaya naman action ang panonoorin namin, pinagbibigyan n'ya lang ako sa ngayon.

"Oo, sabado 'yon. Tsaka mag-iinom tayo." Sagot niya sa akin. Sinubuan ko naman siya ng fries. Nakahiga kasi siya sa lap ko habang nanonood kaming dalawa.

"Okay lang ang mag-inom, h'wag lang manigarilyo." Sagot ko naman sa kanya. Sumimangot lang siya kaya sinubuan ko na kang ulit siya ng fries. Nadala lang naman kasi siya ni na Travis sa paninigarilyo, hindi naman talaga kasi siya naninigarilyo noon.

"Oo na, gym tayo bukas?" Saad niya. Nag-angat siya ng tingin sa akin.

"Okay." Sagot ko at tsaka ako marahang tumango.

Pinagpatuloy lang namin ang panonood. Nag prepare din ako ng ilang chips at juice.

"Heena." Medyo paos niyang sabi ng pangalan ko. Nang-aakit ba siya?

"Hmmn?"

"Do you remember Thalia?" He suddenly asked. Bigla akong natigilan at saglit na sinulyapan siya.

"Iyong ex mo na iniyakan mo? Oo naman, bakit?" Sabi ko. Mayroon kasi siyang naging girlfriend noong highschool kami. If I am not mistaken, Grade 11 kami noon. That

was her first love, at tumagal din sila ng dalawang taon. Nagkahiwalay lang sila ng mag-college kami. Lumipad kasi ang pamilya nito patungong U.S para doon ipagpatuloy ang pag-aaral niya. Alam din ni Thalia ang tungkol sa engagement naming dalawa at alam din niyang pareho kaming hindi seryoso sa bagay na 'yon. I remembered laughing at him when I saw him in misery when they broke up.

"Yeah, she is." Sagot naman niya. Sinubuan ko siya ng fries.

"Bakit? Ano'ng mayroon sa kanya?" Tanong ko sabay inom sa baso ko.

"I saw her." Sagot niya.

"Oh? Kinilig ka naman?" Nang-aasar kong sabi sa kanya. Gusto ko tuloy matawa nang biglang maalala ang mukha niya noong iniyakan niya si Thalia.

"She transfered in our school. Kaklase ko siya." Sagot pa niya sa akin.

"Di pormohan mo na ulit. Baka maagawan ka pa ng iba, ikaw rin." Sabi ko. Pinagpatuloy ko lang ang pagkain ko. Kaunti lang kasi ang kinain ko kanina samantalang siya ay halos ubusin na ang niluto ko.

"Hindi ka magseselos?" Tanong niya bigla.

"Para ka kamong sira, Montemayor. Siyempre hindi." Medyo natatawa kong sabi.

"Okay. Pero ayoko siyang kausapin." Sabi niya. Umupo siya sa tabi ko. Nasa TV pa rin ang atensyon naming dalawa.

"Bitter ka kasi." Sagot ko naman.

"Hindi ako bitter." Sabi naman niya. Nilingon ko siya pagkasabi niya noon.

"Mahal mo pa?" Tanong ko.

"I don't know. I have already moved on. Tsaka nandyan ka naman hindi ko na kailangan ng iba." Saad niya.

"Ang sweet mo, nakakainis ka." Sagot ko sa kanya. Inakbayan ko naman siya at tsaka ginulo ang bagsak niyang buhok.

"Halikan tayo." Sabi niya. Hindi iyon tanong, kung hindi pautos niyang sabi.

"Sira! Basta kapag may progress na ulit kayo ni Thalia, tell me okay? I'm just here to support you." Nakangiting sabi ko sa kanya. Ngumiti naman siya sa akin pabalik at hindi ko inaasahan ang sunod niyang ginawa.

He suddenly hugged me.

Iyong yakap kapag natatakot siya, na kapag malungkot siya at kapag masaya siya.

"Ikaw na lang kaya ang gawin kong girlfriend? Para kahit sa public pwede kitang halikan." Sabi niya kaya binatukan ko siya.

"Siraulo ka, sa manyak mong 'yan? Tapatin mo nga ako, Montemayor. Virgin ka pa ba?" Seryoso kong tanong sa kanya. Bigla ay nag-iwas siya ng tingin at kahit madilim ay alam kong namumula ang mukha niya. Hindi ko kasi alam kung virgin pa siya o hindi. Tahimik lang kasi siya at hindi pala kwento 'pag dating sa bagay na iyon.

"D-Don't ask me that question!" Mariing giit niya.

"Sagutin mo ang tanong ko! Are you still a virgin?" Maawtoridad na tanong ko sa kanya. Pinaningkitan ko rin siya ng mata.

"Tsk." Iyon lang ang isinagot niya sa akin. Hindi rin siya makatingin ng diretso sa akin. Bigla akong napaisip at sa pag-iisip ko ay bigla akong napatakip ng bibig.

"Oh my gosh! Don't tell me you're still a virgin?" Hindi ko makapaniwalang tanong sa kanya. He gave me deadly glare.

"Why do you care?" Masungit niyang tanong sa akin. Hindi ko mapigilan ang hindi mapahagalpak ng tawa. This is really imposibble! This man? Still a virgin? That's ridiculous! Sa panahon ngayon kahit teenager hindi na virgin, pero siyang twenty-one years old? Virgin pa? That's funny.

"Stop laughing!" Iritado niyang sabi sa akin. Pero hindi ko pa rin mapigilan ang hindi matawa. Napahiga na nga ako sa sobrang pagtawa dahil sa nalaman ko. Hindi talaga ako makapaniwala pero alam ko kasi kung kaylan siya nagsisinungaling at kung

kaylan siya nagsasabi ng totoo.

"Kapag hindi ka tumigil sa kakatawa diyan, I will devirginize you." Mariin niyang sabi sa akin.

"Why? Bakit virgin ka pa? Hindi ka naman bading ah." Tanong ko sa kanya. Sa pagkakataong ito, seryoso na ako. Gusto ko kasing malaman ang rason niya kung bakit virgin pa siya hanggang ngayon. Usually kasi, mapusok na ang mga lalaki sa edad na sixteen pataas pero siya? Mukhang hindi naman.

"I-I am scared." He said seriously.

"Scared of what?" Kunot-noo kong tanong sa kanya.

"Scared that..." Yumuko siya saglit.

"Just tell me, I won't laugh." I said.

"I'm scared, because I respect you. I always think about infidelity every time I have a chance. I always think about you, just you." He said seriously while looking directly to my eyes. Wala sariling napangiti ako dahil sa sinabi niya. I wish he is really mine, just my Montemayor.

"Payakap nga sa Montemayor ko!" Pabiro kong sabi sa kanya. Humaba lang ang nguso niya at kasabay noon ay ang pagyakap ko sa kanya.

"H'wag mo akong aasarin ah!" Parang batang sabi niya habang nakayakap siya sa akin. Ginulo ko lang ang buhok niya.

"Para ka talagang bata. Pero kapag may kasama tayong dalawa, ang seryoso mo naman." Sabi ko.

"Sa'yo lang naman ako ganito. Kasi nga sabi ko, kahit ano ang gawin ko. Tanggap mo pa rin kung sino ako." Sagot naman niya sa akin. Humiwalay ako sa pagkakayakap ko sa kanya.

"Asus, naglalambing na naman. Basta balitaan mo ako kapag may nahanap ka nang iba. I am just here to support you." Sabi ko sabay ngiti.

I hope, I can.

*

"Heena?" Bigla akong napalingon sa boses na tumawag sa may likuran ko.

"Thalia?" Gulat kong sabi. Sumilay ang ngiti sa kanyang mukha. Agad akong tumakbo papalapit sa kanya at niyakap siya ng mahigpit.

"Oh God! I miss you so much." Sabi ko. We've been bestfriend bago pa naging sila ni Axcel. Siya ang tigapagtanggol ko sa tuwing aasarin o aawayin ako ni Axcel. Mas lalo rin kaming naging malapit sa isa't-isa ng maging sila ni Axcel noon. Lagi kasi namin siyang kasama sa kahit anong lakad namin. Disente at mabait kasing babae si Thalia at hindi rin siya maarte kahit pa galing siya sa mataas at mayamang pamilya.

"I miss you too, uhugin." Sabi niya. Sabay kaming tumawa. Iyon kasi ang tawag niya sa akin noon.

"Nakakainis ka! Hindi ka man lang nagparamdam ng umalis ka. Alam mo bang napagod ako kakasaway sa Montemayor na 'yon sa pag-inom ng alak?" Sabi ko sa kanya. Ngumiti siya ng mapait.

"Really? So, where he is?" She asked. Lumingon ako at sa paglingon kong iyon, papalit sa amin si Axcel. He is smilling pero ng makita niya si Thalia ay bigla na lamang naglaho iyon.

"Hi." Nakangiting bati ni Thalia kay Axcel. Pero hindi man lang tinapunan ni Axcel ng tingin si Thalia.

"Ang bitter mo." Sabi ko sa kanya.

"Let's go." Iyon lang ang sinabi niya at tsaka umalis. Ngumiti naman ako kay Thalia.

"Pagpasensyahan mo na 'yon. Bitter lang sa buhay 'yon at masungit talaga." Sabi ko.

"It's okay, I know him." Nakangiting sabi ni Thalia sa akin. We had exchanged numbers before she went to her yoga class. Dumiretso naman ako sa thread mill.

"Ang sungit mo kay Thalia." Sabi ko sa kanya habang nag seset ako ng oras sa thread mill. Nagsimula naman na siyang mag-jog.

"I am not. I have already moved on." He said. Nagsimula na rin akong mag-jog.

"Asus, sabihin mo may feelings ka pa rin sa kanya." Sagot ko naman sa kanya.

"I don't have. Could you please shut your mouth?" Masungit na sagot niya sa akin. Inismiran ko lamang siya.

"I invited her to join with us later. We will have lunch sa may food court." Sabi ko sa kanya.

"Bahala ka." Iyon lang ang isinagot niya sa akin.

"Tumawag rin pala si Alex kanina. He also wants to join with us, nabanggit ko kasi sa kanya." Sabi ko.

"Why? Di kung hindi pala dumating si Thalia magiging chaperon n'yo akong dalawa?" May pagka-iritang sabi niya sa akin.

"Alam mo ang seloso mo pero ang seryoso mo." May pagka-inis kong sabi sa kanya.

"Hindi ba? Totoo naman ah. Pinopormahan ka ba ni Alex?" Seryoso niyang tanong.

"Sira! Hindi ba't may usapan talaga tayong kikitain natin siya? Ikaw ha. Dumating lang si Thalia nagiging makakalimutin ka na." Pang-aasar ko sa kanya.

"Isa pang Thalia mo diyan, hahalikan kita." Banta niya. Hindi ko naman sineryoso iyon, parang 'yon lang.

"If I know, you still love her. Di pwede na akong mag masteral niyan sa U.S." Sabi ko sa kanya. Bigla naman niyang itinigil ang thread mill kaya napatigil din ako.

"You will study in U.S?" Seryoso niyang tanong sa akin.

"Hindi ko ba nasabi sa iyo 'yon?" Tanong ko.

"Bakit kailangan ka pang mag-aral doon kung pwede naman dito?" Mariin n'yang tanong. Bakas sa mukha niya ang pagka-inis.

Ngumiti naman ako ng maluwag sa kanya. "Hindi naman kita iiwan hangga't hindi ka pa nakakahanap ng taong papalit sa akin. Pero sa tingin ko, dumating na iyong papalit sa akin kaya kumpiyansa na ako na maaalagaan ka niya at mapapasaya. Maaari na akong umalis na may tiwala sa kanya." Seryoso kong sabi sa kanya habang nakatingin ako ng direkta sa mga mata niya.

"Don't go, just stay at my side." Sabi niya. Umiling ako.

"Naalala mo ba iyong sinabi ko sa'yo noong mga bata pa tayo? Hindi ba't sabi ko sa'yo na, kapag may umaalis may bumabalik at kapag walang bumalik. Mayroon namang darating." Seryoso at nakangiti kong sabi.

"Let's not talk about it anymore." Iyon lang ang isinagot niya sa akin at tsaka ako

tinalikuran.

I just sighed. It will be a hard thing for him and for me.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Thank you for voting. I really appreciate those votes ;)

SIXTEEN

Tahimik lang at seryosong nag-dadrive si Axcel habang papunta kami sa birthday party ni Anthony. Katulad ng napagkasunduan namin, sinundo niya ako sa bahay. Unti-unti nang binabalot ng dilim ang paligid. Ala-sais y media na kasi ng gabi. Hindi n'ya pa rin ako kinakausap ng matino simula ng sabihin ko sa kanyang aalis ako once na mayroon ng babaeng papalit sa akin sa buhay n'ya. Ayaw niya akong pansinin at lagi n'ya akong sinusungitan. Hindi ko naman siya masisisi dahil binigla ko siya. Pero simula't sapul, iyon na talaga ang plano ko at hindi na mababago pa.

"Mag-oovernight ka ba kay na Din?" Tanong ko para basagin ang nakabibinging katahimikan na bumabalot sa loob ng sasakyan.

"Oo." Malamig n'yang sagot sa akin.

"Ah, okay. Mag-iinom ka?" Tanong ko. Seryoso at diretso lang siyang nakatingin sa kalsada. Pinipilit kong basagin ang makapal na yelo sa pagitan naming dalawa. Tumango lamang siya at alam kong senyales na 'yon na ayaw niya akong kausapin.

Ibinaling ko na lamang ang atensyon ko sa mga nadadaanan namin. Hanggang sa hindi ko na namalayan na naroroon na kami. Maraming sasakyan ang naka-park sa labas ng malaking bahay nina Tita Lilet.

Isang french ang napangasawa ni Tita Lilet at sa ibang bansa ipinanganak si na Din, Symon at Anthony. Pero isang taon lamang ng maipangak si Anthony ay nalaman ni Tita Lilet na hindi siya ang orihinal na asawa. Inilayo niya ang tatlong anak at inuwi sa Pilipinas. Sa sobrang pagkamuhi sa dati niyang asawa ay pinapalitan niya ang mga apelyido ng mga anak bilang Montemayor. Sa pagkakaalam ko, namatay ang asawa ni

Tita Lilet dahil sa isang car accident.

Sumalubong sa amin ang maraming tao pagkapasok namin sa mataas na gate nila Din. Kahit gabi na ay marami pa rin ang tao roon. Karamihan sa kanila ay pamilyar na sa akin dahil lagi rin akong kasama ni Axcel sa tuwing pupunta kami sa iba't-ibang events.

"Heena!" Bigla akong napalingon sa boses na tumawag sa akin. It's Din, wearing her favorite blue dress. Bagay na bagay sa kanya iyon lalo na't mestiza siya at lalong lumalabas ang pagka-Montemayor niya. Sa pagkakaalam ko kasi, may lahing Latin-American ang mga Montemayor kaya halos lahat sila ay may mga itsura.

"Where's the birthday boy? I have a gift for him." Nakangiti kong sabi.

"Nasa loob, kasama ni Mommy. Mamaya mo na lang ibigay ang regalo mo. Doon muna tayo sa table na para sa atin." Sabi niya at tsaka ako hinatak papunta roon. Lumingon naman ako sa may likuran ko at tinignan si Axcel. Nakikipag-usap lang siya sa ilang kakila na marahil ay tungkol na naman sa business.

Huminga ako ng malalim. Hindi ko alam kung kaylan niya ako papansinin. Marahil ay sobra ang pagtatampo niya sa akin.

Naroroon na si Travis, Xander, Alex, Allen, Rhalp, Jomsky, Rissa, Felice, Vlad at Aivan ng dumating ako. Umupo ako sa bakanteng upuan sa pagitan ni Allen at Alex. Mas malapit kasi ako sa kanila.

"Si Axcel?" Tanong ni Travis na naninigarilyo na naman. Bigla ay kinuha ni Rissa ang sigarilyo sa bibig ni Travis at tinapon iyon sa lapag at tsaka pinatay.

"What the◆◆ Mag-rereact pa sana si Travis ng putulin iyon ni Rissa.

"Sige, subukan mong magreklamo. Isusumbong kita kay Tito Levinn. Sumosobra ka na talaga, Travis Kiel Montemayor Jr." Sabi bigla ni Rissa. Sumimangot lamang si Travis. Wala kasing kinatatakutan si Travis maliban na lamang kay Lolo Gab at Tito Levinn. Miski si Tito Travis na kanyang Daddy ay hindi rin siya kayang patinuin. Spoiled kasi ito sa Mommy niya at lahat ng gusto niya ay nakukuha.

"Kumuha na tayo ng pagkain. Kanina pa ako nagugutom." Sabi ni Alex.

"Patay-gutom ka kasi." Sabat naman ni Felice.

"Tara na, nakakagutom na mag-intay." Sabi naman ni Xander at tsaka ito tumayo. Tumayo na rin kami para makakuha ng pagkain. Luminga-linga naman ako para hanapin si Axcel. Panigurado kasing gutom na rin iyon.

"Bakit dalawa ang plato mo?" Tanong bigla ni Vlad sa akin.

"Ah, para kay Axcel 'yong isa." Nakangiti kong sabi.

"Asan na ba 'yon? Himala at humiwalay sa'yo." Sabi ni Jomsky. Natawa lang ako kahit na sa likod ng tawang iyon ay hindi naman ako masaya lalo na't galit siya sa akin.

"Heena, nakita mo kanina si Kuya Greg? Ang gwapo 'no?" Kinikilig na sabi sa akin ni Felice. Umiling naman ako.

"Kung nakita mo lang! Buhat n'ya pa nga si Marcus eh. Mamaya na raw siya sasama sa atin kapag napatulog na niya si Marcus. Grabe, nakatitig lang ako sa kanya habang nagsasalita. Ang guwapo n'ya talaga!" Sabi pa ni Felice. Hindi ko naman siya masisisi. G◆wapo naman kasi talaga si Kuya Greg. Sa katunayan nga ay naging crush ko rin siya noon.

Pagkatapos kong kumuha ng pagkain para sa amin ni Axcel ay dumiretso na ulit ako sa pwesto namin. Para namang mga hindi kumain ng isang buwan si na Travis at Xander na nag-uunahan sa pagkain.

"Give some manners boys! Kapag kayo nakita ni Tita Freen na ganyan kumain malalagot kayo sa kanya." Suway ni Din pero parang wala silang mga narinig at pinagpatuloy pa rin ang ginagawa.

Kinuha ko naman ang cellphone ko at tinext si Axcel.

Saan ka? Kumain ka muna dito.

Naghintay ako ng reply niya pero walang Axcel ang nagreply. Nagtatampo pa rin talaga siya sa akin.

"Heena, si Axcel ba nasaan na?" Tanong ni Symon.

"Ah, nandoon kay Tita Freen. Pinapagalitan ata." Sagot ni Rissa. Tumango lamang si Symon.

Balak ko pa sanang hintayin siya pero nagsimula na silang kumain kaya kumain na rin ako.

"Hey." Bigla akong natigilan ng marinig ko ang boses niya. Umupo siya sa pagitan ni Vlad at Rhalp.

"Kumain ka na?" Tanong ko. Umiling lamang siya at tsaka nag-iwas ng tingin. Iniabot ko naman sa kanya ang pagkaing kinuha ko.

"Ang sweet n'yo grabe." Sabi ni Felice. Ngumiti lamang ako at tsaka ipinagpatuloy ang pagkain.

"Sy, pakitawag si bunso at magpapapicture tayo kasama niya." Utos naman ni Din sa kapatid. Tumango lamang si Symon at tsaka pumasok sa loob ng bahay. Wala pang ilang saglit ay bumalik na ulit si Symon kasama ang kapatid. Wala sa sariling napangit ako. Magkamukhang-magkamukha kasi si Anthony at Symon.

"Hi birthday boy! This is my gift for you." Sabi ni Felice at tsaka inabot ang regalo nito kay Anthony.

"Thank you Ate Felice." Sagot naman ni Anthony at tsaka humalik sa pisngi ni Felice. Ganoon rin ang ginawa ng iba. Ang ibang boys naman ay kung anu-ano ang ibinulong kay Anthony na ikinagalit ni Din. Ayaw n◆ya kasing tumulad ang kapatid sa kanila, pero mukhang wala na siyang magagawa pa. Montemayor is always a Montemayor.

Hanggang sa ako na ang mag-aabot ng regalo sa kanya. Pinantayan ko ang height ni Anthony at ngumiti ng pagkaluwag-luwag.

"Big boy ka na little boy. Here's my gift for you." Sabi ko sabay abot sa kanya ng regalo ko. Hinalikan ko naman siya sa pisngi.

"Thank you Ate Ganda." Sabi niya sabay kiss sa pisngi ko. Hindi ko alam kung bakit pero bigla akong lumingon sa pwesto ni Axcel. Nakatingin siya sa akin pero ng mahuli ko siyang tinitignan ako ay agad siyang nag-iwas ng tingin.

"Ate Heena! Can I kiss you too?" Bigla naman akong napalingon sa biglaang pagsulpot ni Viel sa may likuran ni Anthony. Kasama niya si Francisco.

"Sure little boy." Sabi ko. Humalik naman siya agad sa magkabila kong pisngi na ikinagulat ko naman. Narinig ko naman ang paghalakhak ni Xander at ang ◆Nice Bro◆ n◆ya sa kapatid.

"Ate Heena, pwede ako rin?" Medo slang pang pagkakasabi ni Francisco.

"Sige na, tara dito." Sabi ko. Agad namang lumapit si Francisco at hinalikan rin

ako sa magkabila kong pisngi.

"May mga future ang mga batang ito." Narinig kong tumatawang sabi ni Travis. Agad naman silang nagtakbukhan pagkatapos nila akong halikan.

"Be careful boys!" Sigaw ni Din. Umalis na rin si Anthony pagkatapos ng ilang picturan. Sinulyapan ko naman si Axcel at nakita kong nakasimangot lamang siya.

"Magka-away ba kayong dalawa?" Biglang tanong ni Rissa sa akin. Marahil ay napansin niyang hindi kami nag-uusap at magkalayo ang aming upuan.

"Hindi, bakit?" Kaswal kong sagot.

"Hindi kasi ako sanay na hindi kayo magkatabi at hindi naglalambingan." Sabi niya.

Nagkibit-balikat na lamang ako. Bakit ganito? Bakit ba nahihirapan akong hindi niya ako pinapansin? Hindi ako sanay na hindi siya makulit at hindi ako pinapansin.

"CR lang ako." Paalam ko saglit sa kanila. Dumiretso naman ako sa loob para mag-CR.

"Magandang gabi po, Tita Lilet." Nakangiti kong bati sa kanya ng makasalubong ko siya.

"Oh hija, ikaw pala. Nasaan ang iba?" Tanong naman niya.

"Nasa likod po, nag-kakasiyahan." Nakangiti kong sagot. Si Tita Lilet ang kamukha ni Din. Marahil ay sa ina siya nagmana.

"Kayo talagang mga bata kayo! O siya sige, saan ka ba pupunta?" Tanong niya.

"Rest room lang po." Sagot ko naman.

"Sige, see you around. Okay? Pupuntahan ko lang ang ibang bisita." Iyon lang ang sinabi ni Tita Lilet at tsaka siya tumalikod. Dumiretso naman ako sa CR.

Pinakatitigan ko ang sarili ko sa salamin. Nag-retouch lang ako at nag-ayos saglit. Hindi agad ko lumabas. Siguro ay may kinse minutos na akong naroroon. Hindi kasi maganda ang pakiramdam ko at dinagdagan pa nang hindi pagpansin sa akin ni Axcel. Pakiramdam ko ay may bahagi ng pagkatao ko ang nawala sa hindi niya pagpansin sa akin. Huminga ulit ako ng malalim, mukha atang magkakasakit ako.

Bigla akong nakarinig ng pagkatok sa labas kaya agad kong inayos ang sarili ko. Muli akong tumingin sa salamin at ng masigurado kong maayos na ako, lumabas na ako.

◆Something◆s wrong?◆ It◆s him, Symon. Umiling lamang ako.

◆I◆m okay.◆ Sagot ko sa kanya. Tumango lamang siya kaya bumalik na ulit ako sa pwesto namin. Nadatnan ko naman silang nagtatawanan kaya kahit hindi maganda ang pakiramdam ko ay nakisakay na rin ako sa kanila. Sa buong gabi ay hindi ako kinakausap ni Axcel at hindi niya rin ako tinatapunan ng kahit tingin man lang. Lumipas pa ang mga oras at halos wala nang mga bisita, mga caters na lang na nag-aayos ng mga gamit nila. Lumipat na rin kami ng pwesto at sa may kubo na kami malapit na malapit sa pool. Nag-iinuman at nagtatawanan lang sila, ang iba ay mga lasing na. Wala rin naman kasing pasok bukas dahil lingo ang araw na ◆yon. I looked at my wrist watch, it◆s already eleven thirty three in the evening. Hindi ako masyadong umiinom dahil gusto ko pang umuwi. Hindi ko nga lang alam kung paano. Hindi naman kasi ako maaring ihatid ni Axcel dahil miski siya ay medyo lasing na rin. Lumipas pa ang isang oras at napagdesisyunan ko nang umalis. Maghahanap lang ako ng tiyempo kung paano. Tumayo bigla si Axcel.

◆Saan ka pupunta?◆ Tanong naman ni Xander.

◆Just inside, I◆ll do something.◆ Sagot niya at tsaka umalis. Ilang minuto lang ang lumipas ay tumayo na rin ako kaya napatingin sila sa akin. Sasamantalahin ko na ang pagkakataon hangga◆t wala siya. Ayoko rin naman kasing maabala pa siya at alam kong galit pa siya sa akin.

◆Kailangan ko pang umuwi. Hindi ako nagpaalam kay Dad na mag-oovernight ako. Next time na lang, pasabi na lang kay Anthony na Happy Birthday. Sabihin mo na lang din kay Tita Lilet na nauna na ako.◆ Sabi ko kay Din.

◆Are you sure? Si Axcel? Ihahatid ka ba n◆ya?◆ Tanong ni Din.

Umiling ako bago sumagot. ◆Hindi na, lasing na ◆yon. Pakibantayan na lang siya at alam na niyang aalis ako, nasabi ko na kanina. May lakad pa kasi kami ni Daddy bukas.◆ Dahilan ko na lamang.

◆Ihahatid na kita.◆ Sabi ni Symon. Muli akong umiling.

◆I◆m fine, may susundo sa akin.◆ I lied again. Wala naman kasing susundo sa akin at alam kong mag-aalala lang sila kapag nalaman nilang mag tataxi ako. May kalayuan rin kasi ang bahay nina Din sa amin.

◆Mag-iingat ka.◆ Sabi lang nila. Nakipag-beso lang ako sa mga girls at nag-paalam sa mga boys. Nakita ko pa ang paniningkit ng mga mata ni Felice sa akin bago ako umalis. I know she knows about it. I texted Felice.

Just tell him na nasa CR ako.

Alam ko sa sarili ko na wala na akong makikitang taxi pa dahil isang exclusive subdivision iyon pero mukhang swerte ako dahil may dumaan na taxi na papalabas na rin sa lugar na ◆yon. Agad ko iyong pinara at ng tumigil sa harapan ko ay agad akong sumakay.

I feel so sick.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there!

SEVENTEEN

Ipinikit ko ang mga mata ko ng maramdaman ang pagguhit ng sakit sa may ulo ko. Kanina naman maayos ang pakiramdam ko, pero nang nasa party na kami ay bigla na lang sumama ang pakiramdam ko.

◆Ma◆am, ayos lang ho ba kayo?◆ Tanong sa akin ng driver.

◆Opo, Manong. Ayos lang po ako.◆ Kaswal kong sagot. Ininda ko na lamang ang sakit dahil alam kong makakarating din naman agad ako sa bahay. Madaling araw na kasi at wala namang traffic. Tanging mga intersections lamang na nadadaanan namin ang dahilan ng pagtigil ng sinasakyan ko. Bigla ay naramdaman ko ang pag-vibrate ng phone ko. Kaya agad kong tinignan kung sino ang nag-text. It◆s Felice.

He◆s here, mukhang hinahanap ka.

Agad akong nag-reply sa text ni Felice.

Tell him na nasa CR lang ako.

Pinindot ko ang reply at naghintay lang ng ilang segundo para sa reply ni Felice.

Ayaw maniwala. Hinahanap ka sa akin.

Pagkabasa ko n◆on ay agad akong nag-reply. Lasing na siguro siya kaya ganoon.

Nasaan siya? Sabihin mo, nasa paligid lang ako.

Hinintay ko ang reply ni Felice pero bigla akong kinabahan ng iba na ang nag-reply. It◆s him, Axcel.

Where the hell are you?

Nag-isip ako kung rereplayan ko ba siya o hindi, pero mas inisip kong h◆wag na lang siyang replayan. Baka kasi kapag nalaman n◆yang umuwi ako ay sundan pa niya ako. Bigla ulit nag-vibrate ang phone ko.

Heena! Umalis si Axcel, susundan ka ata. Din told him that you were already left.

Bigla akong kinabahan pero mas lalo akong kinabahan ng may biglang tumawag sa phone ko, si Axcel. Huminga ako ng malalim bago ko sagutin ang tawag niya.

◆Where the fvck are you, Heena?◆ Galit niyang tanong sa akin. Alam ko sa sarili kong nagpipigil lamang siya, kilala ko siya kapag galit siya.

◆I◆m going home, don◆t worry I◆m fi◆◆

◆Alone?!◆ Galit na sigaw n◆ya.

◆I said, I◆m fine.◆ Mahinahon kong sabi.

◆Why you did not tell me?! Aalis ka na lang ng hindi mo sinasabi sa akin?! Tell me where exactly are you! Damn it, I am going to kill them if something happens to you!◆ Bakas pa rin sa tono ng boses n◆ya ang galit.

◆Axcel, just stay there. You◆re drunk. Baka kung ano pa ang mangyari sa◆yo kapag nagmaneho ka pa!◆ Naiinis kong sabi na rin sa kanya. Bigla atang nawala ang sakit ng ulo ko dahil sa pagtawag n◆ya.

◆Just stop that damn taxi!◆ Bigla namang napakunot ang noo ko. Agad akong lumingon at halos manlaki ang mata ko ng makita ko sa may likuran namin ang kotse ni Axcel. That fast?

◆Heena, I said stop that damn taxi o babanggain ko ◆yan!◆ Galit pa rin na sabi n◆ya. Kinabahan naman ako sa tono ng boses n◆ya at agad na pinatigil ang taxi. Agad naman akong nagbayad bago lumabas ng taxi. Nakita ko pang bumaba si Axcel sa sasakyan n◆ya.

◆Bakit hindi mo sinabi sa aking uuwi ka?!◆ Galit na sigaw sa akin ni Axcel pagkalabas ko ng taxi. Agad din naman iyong umalis pagkababa ko.

◆Kaya ko namang umuwi, Axcel. You don◆t need to◆◆

◆Kaya mo?! You are a lady for fvcking Pete◆s sake! Paano kung may mangyari sa ◆yong masama?! Sa tingin mo ba hindi ako mag-aalala?! Sa tingin mo ba mapapatawad ko ang sarili ko sa oras na may mangyari sa ◆yong hindi maganda?!◆ Galit na galit niyang sabi sa akin. Tinalikuran niya ako at sinipa n◆ya ang sasakyan n◆ya ng ilang ulit. Bakas sa mukha n◆ya ang sobrang galit at inis. Marahil ay sinabayan ng alak ang init ng ulo n◆ya.

Lumapit ako sa kanya at hinawakan ang kamay n◆ya para pakalmahin siya. ◆I◆m sorry.◆ Mahinahon kong sabi sa kanya. Naramdaman ko naman ang pagkalma ng sistema n◆ya. Huminga siya ng malalim at tsaka ako tinignan. Kalmado na siya at alam kong hindi na siya galit.

◆Promise me sweetheart, it won◆t happen again. Okay?◆ Mahinahon n◆yang sabi sa akin. Bigla ay bumilis ang pagtibok ng puso ko dahil sa pagtawag n◆ya sa akin ng ganoon.

◆I◆I promise.◆ Nauutal kong saad. Nagulat ako ng bigla n◆ya akong yakapin. Hindi lang basta yakap, iyong yakap ba na parang takot na takot kang mawala. Nararamdaman ko ang init ng kanyang katawan, ang pagtibok ng puso niya pati na rin ang paghinga n◆ya. Lahat, nararamdaman ko.

◆I◆m just scared, sweetheart. Natakot lang ako sa posibilidad na may mangyari sa◆yo. Hindi ko ata kaya na may masamang mangyari sa◆yo. Makakapatay ako ng tao, I swear.◆ Sabi n◆ya habang yakap-yakap ako. Hindi ko alam ang dapat kong maramdaman. Bakit parang naaapektuhan ako sa pagtawag n◆ya sa akin ng ganoon? I should really know about this.

◆Hindi mo naman kasi ako pinapansin.◆ Saad ko. Humiwalay siya sa pagkakayakap at tinignan ako sa mukha.

I couldn◆t imagine na maaari pala itong mangyari sa amin. Kami? Sa gilid ng kalsada at parang mag-syotang may LQ. I admit, it◆s one of my relationships goals.

◆Nagtatampo ako.◆ Sagot naman niya at tsaka ako sinimangutan.

◆Nag-sorry na nga ako, hindi ba?◆ Sabi ko naman sa kanya at tsaka ko pinisil ang ilong n◆yang matangos. Ang cute n◆ya ngayon, medyo namumula kasi ang mukha marahil ay dala ng alak na ininom niya.

◆Hindi, ayoko sa sorry mo.◆ Parang batang sabi n◆ya.

◆Ano gusto mo? Tsaka kinakausap mo na nga ako ngayon eh. Does that mean, bati na tayo?◆ Nakangiti kong sabi sa kanya. Medyo maayos na naman ang pakiramdam ko, pero hindi gaanong maayos.

◆Wala, hindi ako makikipagbati sa◆yo.◆ Sabi niya. Naramdaman ko naman ang mga kamay n◆ya na bumaba sa may bewang ko. Loko talaga ◆tong Montemayor na ◆to. Pasimple pa siya, akala naman n◆ya hindi ko napapansin ang mga galawan n◆ya.

◆Di aalis na lang ako, ayaw mo namang makipagbati sa akin.◆ Sabi ko sa kanya. Mas lalo lamang sumimangot ang mukha n◆ya. Gusto ko siyang tawanan pero baka mas lalo lang siyang mainis sa akin.

◆Tss.◆

◆Bati na tayo ha? Papansinin mo na ulit ako.◆ Nakangiti kong sabi sa kanya. Nag-iwas lang siya ng tingin.

◆H◆wag kang ngumiti sa akin.◆ Sabi n◆ya.

◆Bakit naman?◆ Kunot-noo kong tanong.

◆Nawawala galit ko.◆ Halos pabulong na n◆yang sabi pero narinig pa rin ng dalawa kong tenga.

◆Ikaw ha! Akala mo hindi ko narinig, susumbong kita kay Tita Freen.◆ Natatawa kong sabi sa kanya.

◆Tsk.◆ Inirapan n◆ya ako.

◆Nakakainis ka na. Kausapin mo na kasi ako, bati na tayo. Promise, hindi na ako aalis.◆ Sabi ko sa kanya kaya nakuha ko ang atensyon n◆ya.

◆Talaga?◆ Paninigurado n◆ya.

◆Oo nga, hindi na!◆ Sagot ko sa kanya. Bigla namang nagliwanag ang mukha n◆ya. Ang kaninang nakasimangot n◆yang mukha ay medyo nakangiti na ngayon.

◆Paano naman ako makakasigurado na hindi ka nga aalis?◆ Tanong naman n◆ya. Nakasandal siya sa sasakyan n◆ya habang ako ay nasa harapan n◆ya. Sobrang lapit lang namin sa isa◆t isa na tipong naamoy at nararamdaman ko na ang hininga n◆ya.

◆Paano nga ba?◆ Tanong ko sa kanya. Nakatitig lang siya sa mga mata ko at ganoon din ako. Walang nagsalita sa aming dalawa. Nakatitig lamang kami sa mata ng isa◆t isa na para bang binabasa kung ano ang nasa isip namin.

◆Paano kung halikan kita?◆ Sabi n◆ya habang nakatitig sa mga labi ko. Napaawang naman ang mga labi ko dahil sa sinabi n◆ya at naramdaman ko rin ang pagbilis ng tibok ng puso ko.

◆N◆Nagbibiro ka lang, hindi ba?◆ Nauutal kong sabi sa kanya.

◆Paano kung sabihin kong hindi?◆ Sabi n◆ya at tsaka ako tinignan sa mga mata bago muling tumitig sa mga labi ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Oo, maraming beses na n◆yang nagawa ito sa akin. Pero bakit ngayon, parang kakaiba na? Bakit parang may sparks na?

◆I will kiss you, Heena.◆ Paos n◆yang sabi na mas lalong nakapagpatindig ng balahibo ko.

◆A◆Axcel.◆ Mahinang sambit ko. Nakita kong unti-unting bumaba ang mukha n◆ya upang halikan ako at hindi ko alam ang gagawin ko hanggang sa maramdaman ko na lamang ang lambot ng kanyang mga labi sa labi ko. Parang awtomatikong pumikit ang mga mata ko at unti-unting sinagot ang kanyang mga halik. Naramdaman ko ang pagyakap ng mga braso niya sa may bewang ko kaya mas lalo kong naramdaman ang init ng kanyang katawan. Hindi ko alam kung bakit ko sinasagot ang kanyang mga halik, pero isa lang ang alam ko. Gusto ko ◆to at ayoko nang matapos pa ang nangyayari sa pagitan naming dalawa.

I put my arms around his neck when I felt his tongue seeking for the entrance. I could taste the alcohol he drank a while ago and it really turns me on. Naramdaman ko na pinagpalit n◆ya ang pwesto naming dalawa. Ako na ngayon ang nakasandal sa sasakyan niya at mas lumalim pa ang paghahalikan naming dalawa. Nararamdaman ko ang

pag-iinit ng katawan ko at pati na rin ng sa kanya. Tila ba ayaw na naming itong matapos pa.

He suddenly ended the kiss at gusto kong magmaktol sa ginawa n◆yang iyon. Pareho kaming hingal na hingal at hindi alam ang gagawin. Bigla niya akong niyakap at itinapat ang kanyang mga labi sa tenga ko.

◆If we are not going to end this, we will end up naked in my bed.◆

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Put a hashtag #Montemayor when you tweet me. Thankyou for voting! :)

EIGHTEEN

Pasado alas-dos na ng madaling araw ng makauwi kami ni Axcel sa unit n◆ya. Pareho kaming pagod at gusto nang matulog. Hindi n◆ya ako hinayaang umuwi sa amin, alam naman kasi n◆yang nakapagpaalam ako sa Daddy ko na sa kanya muna ako. Hindi ko alam kung ano ang ginawa ni Axcel noon kay Daddy para pagkatiwalaan ako sa kanya. Siguro nga◆t may mga bagay na lalaki lang talaga ang nagkakaintindihan.

◆Ayoko pang matulog.◆ Sabi sa akin ni Axcel.

◆H◆wag kang makulit, matulog ka na. Alam kong medyo lasing ka.◆ Seryoso kong sabi sa kanya. Nakita ko namang umupo siya sa malaki n◆yang sofa at tsaka naghubad ng suot na t-shirt. Hinubad din n◆ya pati ang sapatos n◆ya.

◆Come here, sweetheart.◆ Bigla namang nagwala ang sistema ko sa sinabi n◆yang iyon. Why are you acting like that, Axcel? Inilapag ko lang ang bag ko sa may lamesa at tsaka hinubad ang flats ko.

◆Matulog ka na, doon ka na sa kwarto mo.◆ Sabi ko ulit sa kanya. Pinapanood n◆ya lang ang bawat galaw ko at para bang batang amuse na amuse sa mga kilos ko. Lumapit ako sa kanya at umupo sa may tabi n◆ya.

◆Dito ka, hindi d◆yan. Masyado kang malayo sa akin.◆ Sabi n◆ya. Namula naman ako nang itinuro n◆ya ang pagitan ng mga hita n◆ya at doon ako gustong paupuin. Parang awtomatiko namang sumunod ang katawan ko sa sinabi n◆ya at doon ako umupo. Agad na yumakap ang mga matitigas n◆yang braso sa maliit kong bewang pagkaupo ko roon. Sumandal siya sa may unan kaya napasandal ako sa matipuno n◆yang dibdib. I feel so hot and that◆s because of his body. Damn you, Axcel!

◆I like your smell.◆ Saad n◆ya habang inaamoy ang buhok ko at ang leeg ko. Nakikiliti ako sa ginagawa n◆ya.

◆Really? Hmmmn.◆ Nakapikit kong sabi. Inaantok na ako at gusto ko nang matulog.

◆Yeah.◆ Paos n◆yang sagot sa akin habang inaamoy naman ang leeg ko. Nararamdaman ko rin ang marahang pagdampi ng mga labi n◆ya na tila ba hinahalikan ang leeg ko.

◆Are you seducing me?◆ Tanong ko. Nagmulat naman ako ng mata. He caught my hands and he intertwined it with his hands.

◆Do you think I◆m seducing you?◆ Saad n◆ya habang pinagpapatuloy pa rin ang ginagawa n◆ya.

◆I think.◆ Sagot ko naman sa kanya. Napapapikit ako sa ginagawa n◆ya.

◆Are you being seduced?◆ Mahina n◆yang bulong sa may tenga ko. Naramdaman ko ang init ng hininga n◆ya at tila ba may kuryenteng dumaloy sa buong sistema ko dahil doon.

◆I think so.◆ Sagot ko sa kanya.

◆If that so, let◆s make love.◆ He chuckled sofly.

◆Shut up, Axcel. I◆m serious.◆ Seryoso kong sabi sa kanya. Muli akong pumikit at hinayaan na sumandal ang katawan ko sa katawan n◆ya. We are both closed to each other and I want to stay like this, forever. But I know, it doesn◆t exist. Forever is long period of time.

◆I◆m also serious, Heena. I want to make love to you right now but I know we can◆t. Well, we◆ll do it eventually.◆ He chuckled again.

◆We will not and we should not. Just sleep, you◆re just drunk.◆ I said.

◆Sleep with me, sweetheart.◆ He said.

◆Ganyan ka ba talaga kapag nalalasing?◆ Tanong ko sa kanya. Hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko ngayon. Ang pakiramdam na malapit lang kami sa isa◆t isa, parang ayoko nang matapos pa ito.

◆I don◆t know, you◆re the one who knows about it.◆ Saad n◆ya. Mas humigpit pa ang pagkakayakap n◆ya sa akin kaya mas lalo kong naramdaman ang matigas n◆yang katawan. Nararamdaman ko rin ang pagtibok ng kanyang puso. Lahat nararararamdaman ko sa kanya.

◆What if, I go away?◆ I asked him.

◆It won◆t happen, I won◆t let that happen.◆ Sagot n◆ya sa akin.

◆What if, I die?◆

◆I◆ll also die.◆

◆I want you to stay a live for me.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆It will be a hard thing for me. Just sleep with me, and those are just if. It will never happen, I won◆t let that happen.◆ Seryoso n◆yang sabi. May gusto pa sana akong itanong sa kanya pero mas pinili ko na lang na h◆wag na lang iyong tanungin.

◆I◆ll always sleep with you, baby boy.◆ I closed my eyes after I say those words.

Forever is not for us.

*

Nagising ako na ganoon pa rin ang posisyon namin ni Axcel. Alam kong tulog pa siya dahil naririnig ko pa ang mahina niyang paghilik. Tumingin ako sa orasan sa may dingding. Alas-otso na ng umaga at alam kong maliwanag na sa labas.

Dahan-dahan kong inalis ang mga brasong nakayakap sa akin ni Axcel upang hindi siya magising.

◆Hmmmn.◆ Narinig kong ungol n◆ya. Tumayo na ako at dumiretso sa C.R niya. Medyo maayos na rin ang pakiramdam ko hindi katulad noong nakaraang gabi. Kumuha lang ako ng damit sa may aparador n◆ya at tsaka muling bumalik sa C.R para makapagpalit. Mamayang tanghali na lang ako uuwi at dito na lang ako mag lulunch. Sigurado rin naman kasi akong hindi n◆ya ako pauuwin kapag nagpumilit pa ako.

Agad akong lumabas pagkatapos kong magpalit. Bigla akong napatingin sa may kalendaryo at wala sa sariling napangiti. Limang araw na lang at birthday na nila ni Aivan. Ano kaya ang ireregalo ko sa kanya? Noong nakaraan kasi niyang birthday binigyan ko siya ng silver na kwintas na lagi n◆yang suot-suot. Nag-dinner din kaming dalawa noon sa Tagaytay at namasyal na rin.

Lumapit ako sa kinaroroonan ni Axcel at nadatnan kong mahimbing pa rin itong natutulog. Wala namang pasok ngayong araw kaya ayos lang na matulog siya. Mamaya pa namang hapon kami mag-sisimba.

Naputol lahat ng pag-iisip ko ng biglang tumunog ang cellphone ni Axcel. Agad akong napatitig doon at para bang may bumubulong sa akin na sagutin iyon. Nagdalawang isip ako kung sasagutin ko ba ◆yon o hindi pero sa huli, sinagot ko rin.

◆Hello, Axcel? It◆s today, right? Anong oras ba tayo magkikita mamaya?◆ Bigla akong natigilan ng marinig ko ang napakapamilyar na boses sa kabilang linya. It◆s Thalia.

◆Hello?◆ Nagsalita ulit ito nang hindi ako nagsalita. Marahil ay nagkakamabutihan na sila ulit ngayon. It◆s good for him, masaya ako para sa kanya.

◆Axcel, are you there?◆ Tanong nito sa kabilang linya. Huminga muna ako ng malalim bago sumagot.

◆Uhmm, Thalia? It◆s Heena. May date kayo mamaya?◆ Pinilit kong maging normal ang tono ng boses ko.

◆Heena? Uhh, I don◆t know. He asked me last time to go with him this Sunday. I just say yes. Busy ba siya or may gagawin ba kayo?◆◆ I cutted her.

◆Nope, wala. Hindi busy ◆yon pag dating sa◆yo. Kayo ha, may date na kayong nalalaman. Malihim talaga ◆yong Montemayor na ◆yon.◆ Pabiro kong sabi sa kanya.

◆Hindi n◆ya ba sinabi sa◆yo? Actually, nahihiya nga ako when he asked me to go with him. Ayos lang ba sa◆yo?◆ Tanong n◆ya sa akin.

◆Oo naman. Basta kapag naging kayo ulit just tell me, okay? Tawagan mo na lang ulit siya mamaya.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆Gusto mo bang sumama?◆ Tanong n◆ya sa akin. So, she◆s offering me to be their chaperon? Great, just great.

◆Nope. I have something to do later.◆ Pagdadahilan ko.

◆Okay. So, I◆ll call na lang mamaya. Thank you, Heena.◆ She said then she hang up. Hindi ko alam kung bakit bigla akong nakaramdam ng kakaiba pagkatapos tumawag ni Thalia. Maisip ko pa lang na magkasama silang dalawa at gumagawa ng sweet moments◆shit, I shouldn◆t think of those pictures! I should be happy for him, right?

◆Hey.◆ Bigla akong napalingon ng marinig ko ang boses ni Axcel. Nagkukusot pa ito ng mata at gulo-gulo rin ang kanyang buhok pero hindi pa rin nababawasan ang kanyang kagwapuhan. He looks hot, anyway.

◆Good Morning baby boy.◆ I said then I smiled. I saw him smiled too.

◆Good Morning, sexy.◆ He said then he looked at me.

◆Pervert.◆ I said smilling.

◆I am not, you are just too sexy in my eyes.◆ Saad n◆ya. Inirapan ko lang siya. Tumayo naman siya at tsaka dumiretso sa C.R.

◆Closed the door when you are peeing!◆ Sabi ko sa kanya.

◆There is nothing to hide.◆ Sagot naman n◆ya sa akin. Hindi ko na lang siya sinagot. Mukha kasing maganda ang kanyang gising at ayokong sirain ◆yon.

Dumiretso naman ako sa kusina n◆ya para maghanda ng breakfast. Medyo gustom na rin kasi ako at paniguradong pati siya. Nag timpla lang ako ng kape at naglabas ng isang balot ng tasty at palaman. Pumasok naman saglit si Axcel sa kwarto niya at marahil ay magpapalit ng damit. Wala pang ilang minuto ay lumabas na rin siya, naka-jersey shorts at sando na lang siya ngayon. Umupo siya sa harap ng lamesa at inilapag ko naman ang kapeng kakatimpla ko lang. sa harapan n◆ya.

◆Anong oras ka nagising?◆ Tanong n◆ya habang iniinom ang kape n◆ya.

◆Just minutes after you wake up.◆ Sagot ko sa kanya at tsaka umupo sa harapan n◆ya para mag-breakfast.

◆Are you feeling well?◆ He suddenly asked. I frowned.

◆Yeah, why did you asked?◆ Sabi ko sabay kagay sa tinapay ko.

◆You don◆t look okay.◆ He said seriously.

◆I am okay and will be okay. Anyway, tumawag si Thalia. Anong oras ba raw kayo magkikita mamaya?◆ Sabi ko sa kanya. Nakita ko naman siyang natigilan.

◆Damn.◆

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there!

NINETEEN

Tinignan ko ang bagot na mukha ni Axcel habang nakaharap sa malaking salamin sa may kwarto n'ya. Naningkit ang mga mata ko sa kanya at tsaka ako lumapit sa may harapan n'ya.

"Mas magiging g'wapo ka kung ngingiti ka." Sabi ko habang inaayos ang itim na polo shirt n'yang suot. Bagay na bagay sa kanya ◆yon dahil ako ang pumili noon para sa kanya.

"Bakit ba kasi ayaw mong sumama?" Nakasimangot n'yang sabi habang nakatitig sa akin.

Nag-angat naman ako ng tingin sa kanya. "Date n'yong dalawa 'yon. It's the time para maibalik ang dati. Hindi ba't iniyakan mo nga siya noon? Ito na 'yong chance mo at ayokong makaistorbo sa inyo." Sabi ko. Umupo naman siya sa dulo ng kama n'ya habang hindi inaalis ang tingin sa akin.

"Hindi ka naman makakaistorbo." Nakasimangot pa rin n'yang sabi. Tinabihan ko naman siya at tsaka ko siya inakbayan. Ginulo ko ang buhok n'yang natural ng magulo.

"H'wag kang sisimangot kapag kaharap mo na si Thalia, okay? Stay pogi, baby boy." Nakangiti kong sabi sa kanya. Sinabi ko kasi kay Thalia na mag lulunch sila ni Axcel at mag sisine para diretso silang magsimba. Nainis si Axcel sa akin dahil mas

pinangunahan ko pa raw siya, pero hindi rin n'ya ako natiis at kinausap ako. Pinipilit n'ya akong sumama na lang sa kanila pero ayokong makisali sa araw nilang dalawa.

"Tsaka lagi kang magsasalita at mag-oopen lagi ng topic. Baka mamaya n'yan mapipe ka na naman at magsungit. Kakaltukan talaga kita kapag nalaman kong hindi mo siya kinakausap." Sabi ko sa kanya.

"Di sumama ka na lang." Pagpupumilit pa rin n'ya.

"Magtigil ka nga sa pangugulit mo, Montemayor." Seryoso kong sabi sa kanya at tsaka ko marahang pinisil ang kanyang pisngi.

Nalaman ko kasing hindi naman talaga niya gustong maka-date si Thalia. Si Alex lang ang nagsabi noon kay Thalia at hindi naman sineryoso ni Axcel pero si Thalia, she took it seriously. Pinilit ko lang siyang makipag-date para hindi naman nakakahiya kay Thalia. Ako pa nga ang nag-suot sa kanya kanina ng damit at kulang na lang ay ako ang magpaligo sa kanya sa sobrang pagpipilit ko.

"Basta iyong pangako mo na tayo naman ang mag-dedate ah." Sabi niya. Iyon kasi ang hiniling n'ya kanina para pumayag siyang makipagdate kay Thalia. Dapat kasi ay magsisimba kaming dalawa mamaya at tsaka mamamasyal sa mall.

"Oo na!" Sabi ko sabay pisil sa matangos n'yang ilong. Tumayo na ako kaya tumayo na rin siya at sabay kaming lumabas sa kwarto n'ya.

Kinuha ko lang ang bag ko sa may lamesa at tsaka ko siya muling nilingon.

"Tara na." Sabi ko sa kanya. Tumango lamang siya at tsaka sumunod sa akin.

Tahimik lang kami habang nasa elevator. Walang umiimikk sa amin at tila ba pinakikiramdaman lang namin ang isa't-isa. I heard him sighed.

"I really don't like this kind of feeling. Para akong nagtataksil sa'yo ng harap-harapan." Bigla n'yang sabi.

"Ano ka ba, nakalimutan mo na ba 'yong sinabi mo sa akin seven years ago? Hindi ba't sabi mo, we don't need to take the engagement seriously? Axcel, hindi sa habang panahon nasa tabi mo ako. Tsaka huwag mo na akong isipin dahil ayos lang ako." Seryoso kong sabi sa kanya.

"Now, I hate myself for saying that to you seven years ago." Bumubulong n◆yang sabi. Pero hindi nakaligtas sa pandinig ko ang sinabi n◆ya.

Ngumiti lamang ako. "Ang pangit mo talaga, kainis." Natatawa kong sabi. Sumimangot lamang siya.

Tumunog na ang elevator hudyat na nasa parking lot na kami. Agad kaming lumabas at dumiretso sa black BMW niya. Regalo iyon sa kanya ng Papa n'ya noong 20th birthday niya.

Agad akong sumakay sa tabi ng driver seat at ganoon din siya. He started the engine. Binalot na naman ng nakabibinging katahimikan ang loob ng sasakyan. Wala akong gustong sabihin sa kanya pero kailangan kong magsalita. Agad ko siyang binalingan ng tingin.

"Malapit na ang birthday n'yo ni Aivan. Saan kayo mag cecelebrate?" Tanong ko.

"Rancho. Papa wants to celebrate our birthday there. Para lahat ng mga Montemayor ay makapunta. Dapat naroroon ka, no matter what." Seryoso n'yang sabi. Hindi niya inaalis ang tingin sa dinadaanan namin. Ganoon siya kapag nag-dadrive kasama ako. Seryoso at laging nag-iingat.

Tumango ako bago sumagot. "Ano ba gusto mong regalo?" Tanong ko. Tinatahak na namin ngayong ang ma-traffic na daan ng Manila patungo sa bahay namin sa may Cavite.

"Kahit ano, basta sasama ka sa akin sa Rancho. Kahit h'wag ka na mag-dala ng regalo, ang importante kasama kita roon." Seryoso n'yang sabi.

"Hindi naman pwedeng wala akong regalo. Kahit makulit ka, love pa rin naman kita." Saad ko sa kanya. Nakita ko naman ang pagsilay ng ngiti sa mukha n'ya. Lalo tuloy siyang gumuwapo sa paningin ko.

"Birthday sex. Ayaw mo?" Nakangisi n'yang sabi sa akin. Pinalo ko naman ang braso n'ya. Humalakhak lang siya.

"Magtigil ka nga diyan! I-enjoy mo na lang mamaya ang date n'yo ni Thalia. H'wag

mong kakalimutan na yayain siyang magsimba pagkatapos niyong manood ng sine, okay?" Paalala ko sa kanya. Marahan lamang siyang tumango sa sinabi ko.

"Kailan ba 'yong date natin?" Tanong n'ya.

"Pagkatapos na lang ng birthday mo para wala na tayong iisipin. Maghahanap pa ako gift para sa'yo." Sabi ko sa kanya.

"Kahit h'wag na nga, birthday sex na nga lang. Ayaw mo?" Ngumisi siya pagkasabi n'ya noon. Sumimangot naman ako.

"Kapag talaga hindi ka tumigil sa birthday sex na 'yan, kakaltukan kita. Sinasabi ko sa'yo, Montemayor. Hindi ako natutuwa." Seryoso kong sabi pero parang biro lamang iyon sa kanya dahil tumawa lang siya.

"Kapag nadali talaga kita, tamo." Natatawa n'yang sabi. Nanlaki naman ang mata ko sa sinabi niya at agad ko siyang sinapak.

"Bastos!" Naiinis kong sabi sa kanya. Tumatawa lang siya kaya napairap ako sa hangin.

"Bastos pero maginoo." Nakangisi niyang sabi.

"Ang pangit mo, kainis!" Asar ko sa kanya.

"Halikan kita diyan, kita mo." Sagot naman niya.

"Idaan mo sa drive thru ng McDo, bibili ako ng ice cream." Sabi ko sa kanya ng matanaw ng mga mata ko ang Mc Donalds. Sinunod naman n'ya ako at tsaka kami bumili ng large sundae at large fries. Umalis din kami agad at nagpatuloy na siya sa pag-dadrive..

"Subuan mo ako." Sabi n'ya. Sinubuan ko naman siya ng fries.

"Ano panonoorin n'yo ni Thalia mamaya?" Tanong ko habang sumusubo sa ice cream ko.

"Dunno. I'll just ask her what she wants." Bored n'yang sagot sa akin.

"Romance. Iyon ang mga paborito ng babae." Ssgot ko. Bigla namang kumunot ang noo niya. Hindi pa rin n'ya inaalis ang tingin sa dinaraanan namin.

"Bakit ikaw hindi romance? Hindi ba't horror ang paborito mo?" Tanong n'ya.

"Siyempre hindi naman lahat. Kayo ngang mga lalaki pulos mga action at barilan ang

paborito eh." Sabi ko sa kanya. Muli ko siyang sinubuan ng fries.

"That's our nature, Heena." Saad n'ya.

"Matanong nga kita, Axcel. Hindi ba may ano kayo, uhmmm." Hindi ko magawang maituloy ang sasabihin ko. Bigla kasi akong tinamaan ng hiya at ewan ko ba kung bakit bigla na lang pumasok sa isip ko na tanungin ang ganoong bagay.

"What?" Kunot-noo n'yang tanong.

"Iyong ano." Umubo ako. Kita ko naman ang pagkainip sa mukha n'ya.

"Say it."

"Iyong mga pansariling pangangailangan, alam mo na. Paano mo natutugunan 'yon?" Tanong ko. Bigla naman akong nahiya sa tanong ko.

He suddenly laughed because of my question. "You are really asking me thay question, huh?" Sabi n'ya ng may pilyong ngiti sa labi.

"O sige, h'wag mo na lang sagutin!" Naiinis kong sabi sa kanya. Ayaw n'ya kasi tumigil sa pagtawa.

"Okay, okay. I'll answer it if you want." He said. Umubo-ubo siya at parang pinaghahandaan ang tanong ko.

"Did you ever heard of uhmm." Nainis naman ako sa pambibitin n'ya. Bigla na naman kasi siyang tumawa.

"Don't laugh, Axcel!" Naiinis kong sabi sa kanya.

"Okay, okay!" Natatawa pa rin niyang sabi.

"I masturbate." Kaswal n'yang sabi. Naramdaman ko ang pag-akyat ng dugo ko sa mukha. You are so stupid Heena for asking that question to him.

"You are so innocent, Heena." Natatawa n'yang sabi. Hindi na lang ako sumagot. Ang alam ko lang talaga, pulang-pula na ang mukha ko.

"Pero kung gusto mo, sex na lang tayo. Loyal naman ako magmahal." Sabi n'ya na hindi naalis ang pilyong ngiti sa mukha n◆ya.

"Mukha mo! Loyal ka d'yan." Masungit kong sabi. Humalakhak lamang siya.

Malapit na kami sa bahay namin dahil hindi na medyo ma-traffic. Nakalabas na kasi kami ng Maynila.

"Talaga naman, wala pa nga akong girlfriend oh." Sabi n'ya.

"Magkakaroon pa lang?" Sarkastikong sabi ko. Sumimangot lamang siya.

"Ayokong bumalik sa taong ayaw sa akin." Sabi n'ya. Napaka-bitter talaga ng lalaking 'to.

"Baka naman magulat na lang ako isang araw kayo na?" Sabi ko sa kanya.

"Shut up, Heena." Pikon n'yang sabi.

"Ang pikon mo kamo. Basta ah, sa birthday mo gagawin nating masaya. Malay mo iyon na 'yong last birthday mo kasama ako." Seryoso kong sabi sa kanya.

"Don't say that, Heena." Seryoso n'yang sabi.

"Parang hindi na mabiro. Mag-enjoy ka mamaya ah." Nakangiti kong sabi sa kanya.

Pumasok na ang sasakyan n'ya sa isang exclusive na subdivision. I texted my Dad para sabihing malapit na ako.

Tinignan ko naman si Axcel na seryoso ang mukha. Aaminin ko na talagang g'wapo siya kahit saang anggulo. Mestizo kasi siya katulad ni Tito Levinn at matangos din ang kanyang ilong. Nakuha naman n'ya ang mga mata n'ya kay Tita Freen. At ang mas lalong gustong-gusto ko sa kanya ay ang nunal sa may gilid ng labi n'ya. He looks so damn sexy with that mole.

Maya-maya lang ay tumigil na siya sa tapat ng isang malaking gate na may nakalagay na malaking ADELAIDA. Bumaba na ako at pati rin siya. Hinarap ko naman siya agad.

"H'wag ka nang sumimangot diyan. Papangit ka n'yan sige ka." Sabi ko at tsaka ko inayos ang kwelyo ng polo shirt n'yang suot.

"Tsk." Nag-iwas siya ng tingin at alam kong namula ang mukha n'ya.

"Sige na, papasok na ako. Sasabihin ko na lang kay Daddy na nagmamadali ka. Enjoy mo 'yong date n'yo ah? Bye, baby boy." Sabi ko.

Hinalikan ko na siya sa pisngi at tsaka tumalikod. Papasok na ako sa gate namin ng muli ko siyang lingunin. I smiled widely and waved at him. He smiled and waved

back. Pinanood ko lang siyang pumasok sa kanyang sasakyan bago tuluyang pumasok sa loob.

Napahinga naman ako ng malalim pagkapasok ko sa loob.

Why I have this kind of feeling?

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Sorry sa late update. I'm kinda busy these past few days. Thanks for the votes ;) *winks*

TWENTY

Alam ko naman na maaari silang humantong sa ganito. I already expect it, pero bakit ganito ang nararamdaman ko? Bakit pakiramdam ko ay dinuga ako sa isang laro na alam kong laruin? He promised it, he'll fetch me. But he just trash talked me. Siguro nga, I shouldn't expect too much. Expectation just leads to dissapointment.

Alam kong darating ang oras, araw at panahon na mawawala rin siya sa akin at darating ang panahon na mayroong darating na lalaki sa buhay ko na ipaparamdam sa akin kung ano ba talaga ang tunay na kahulugan ng salitang, pagmamahal.

Nadatnan kong nakasandal si Symon sa silver n◆yang chevy habang hinihintay ako. Nakasuot siya nang itim na suit na bagay na bagay sa kanya. Parang ipinagawa talaga iyon na para sa kanya. Ngumiti ako ng pilit sa kanya.

"You really look good." Sabi ko sa kanya pagkalapit ko sa kanya. Marahan ko siyang hinalikan sa pisngi. Ngumiti siya sa akin kaya lumantad ang puti at pantay n'yang mga ngipin. Lumalabas ang lahi n'yang banyaga sa ayos n'ya ngayon.

"Thanks, you look gorgeous tonight" He said while smilling broadly. Napanguso naman ako sa sinabi n'ya. Tipikal na galawan ng mga Montemayor.

"Bolero." Sabi ko sa kanya. Tumawa lang siya ng mahina at napangiti naman ako. Minsan ko lang kasi makitang tumawa si Symon.

Pinagbuksan ako ni Symon ng pintuan ng sasakyan n'ya kaya pumasok na ako. Pinanood ko naman siyang umikot at sumakay sa driver's seat.

Binuhay na n'ya ang sasakyan at tsaka ito pinaandar. Sa una ay naiilang akong kausapin siya dahil hindi naman kami madalas magkasama at hindi rin kami gaano ka-close ni Symon. Mailap kasi siyang tao at hindi mo basta makakausap.

"I'll punch that asshole later." Rinig kong sabi n'ya.

"Hayaan mo na, birthday naman niya." Saad ko sa kanya. Nakatingin lang ako sa dinaraanan namin habang nakikipag-usap sa kanya.

"He should prioritize you! You are his fiance!" Mariing giit n'ya.

"I'm not yet his wife, Symon. He could do whatever he wants to do." Seryoso kong sabi sa kanya.

"You aren't jealous?" He asked while his eyebrows are furrowed.

"I am not, dahil kung mahal ka talaga ng isang tao. Hindi mo kailangang magselos sa ibang tao, dahil alam mong hanggang sa huli. Kayo pa rin talagang dalawa." Sagot ko sa kanya at tsaka ko siya binalingan ng tingin.

"Sana ako na lang." Narinig ko siyang bumubulong-bulong pero hindi ko narinig ang sinasabi n'ya.

Binalot naman ng nakabibinging katahimikan ang paligid naming dalawa. Binuksan naman n'ya ang stereo ng kanyang sasakyan at iyon lang ang bumasag sa katahimikan.

Itinuon ko na kang ang pansin ko sa mga dinaraanan namin. Minsan ay tinitignan ko ang cellphone ko kung nag-text na ba siya o hindi pero wala pa rin kahit isa. I sighed a deep one again.

Maisip ko pa lang na magkasama silang dalawa ay parang binabagabag na ako. Hindi ko alam kung bakit pero noon naman na sila ay wala akong pakielam. As a matter of fact, I support their relationship back then. Para makawala at matigil na ang kunong engagement sa pagitan naming dalawa. Pero ngayon? Hindi ko alam kung bakit ganito ang nararamdaman ko. Marahil ay nasanay lang akong nasa tabi ko palagi si Axcel at laging nakadikit sa akin kaya ako nakakaramdam ng ganito.

Hindi ko na napansin at namalayan ko na lang na nasa malaking entrada na lang kami ng Rancho De Montemayor. Aaminin kong matagal na akong nakapunta rito pero hindi pa rin mawala ang pagkamangha ko sa Rancho. May malaking gate ito na may bakal na malaking MONTEMAYOR na kulay silver pa. Tinahak pa namin ang mahabang daan bago makarating sa pinaka-gitna ng Rancho. Ang mansyon ng mga Montemayor.

Marami nang sasakyan ang nakaparada sa labas ng mansyon at masasabi kong may mga posisyon sa buhay ang mga bisita nila. Of course, they're Montemayor. They are rich in this society.

Muli akong pinagbuksan ng pintuan ni Symon kaya bumaba na ako. I'm wearing a black long-sleeves dress na ipinagawa talaga para sa akin ni Daddy.

"Thank you." Saad ko sa kanya at tsaka ngumiti. Bigla ay nakaramdam ako ng kaba ng marinig ko na ang tugtog sa loob ng mansyon. Naririnig ko na rin ang boses ng emcee na nagsasalita na at parang may ipinapakilala.

"Let's go, they're waiting." Saad ni Symon. Marahan naman akong tumango at sabay na kaming pumasok sa loob.

Sinalubong kami nang maraming tao at ingay na nagmumula sa looban. Sa malaking garden ng mansyon ginanap ang celebration. Nakita ko na agad ang ilang pamilyar na mukha roon at karamihan ay mga kakilala namin.

"Heena!" Narinig ko ang boses ni Din kaya napalingon ako sa pwesto nila. Kumakaway sila sa akin kaya lumapit kami ni Symon doon. Kumpleto silang lahat doon, si Axcel at Aivan lang ang wala na marahil ay nag-eentertain ng mga bisita.

"Bakit siya ang sumundo sa'yo?" Kunot-noong tanong ni Din sa akin. Hindi agad ako nakasagot sa tanong n'ya. Ano ang isasagot ko? Dahil mas inuna n'ya si Thalia kesa sa akin? Na mas pinili n'yang makasama si Thalia kesa sa akin na fiance• n'ya? I won•t. Ayokong kaawaan nila ako.

"He's busy." Napalingon ako kay Symon na sumagot sa tanong ng Ate n'ya.

"I see."

Umupo na si Symon sa pagitan ni Travis at Xander. Umupo naman ako sa tabi ni Din at sa tabi ng isang magandang babae na dati ko nang nakita. Napatulala ako sa ganda n'ya. Wala siya gaanong make-up, pero litaw na litaw ang gandang taglay n'ya. Bigla ay nakaramdam ako ng panliliit dahil sa kanya. Nag-effort kasi akong mag make-up para maging maganda pero siya man lang, simpleng foundation at lipstick lang. Labas na labas na ang kagandahan n'ya kahit nakalugay lang ang semi-blonde n'yang buhok. Bagay din sa kanya ang suot n•yang cocktail dress na puti sa itaas at itim naman sa may ibaba.

"Hi." Nakangiting bati n'ya sa akin.

"Uhmm, hello." Nakangiti ko rin na sagot. Hindi kami gaanong ka-close pero maraming beses ko na siyang nakausap at nakasama. Of course, she's a Montemayor.

"You are Heena, right? Axcel's fiance?" Tanong n'ya sa akin.

Marahan akong tumango bago sumagot. "Oo, ako nga po." Nahihiya kong sagot. Tumawa naman siya, iyong tawa na para bang wala siyang dapat ikahiya.

"Ano ka ba! H'wag mo na akong i-po, hindi naman nagkakalayo ang edad nating dalawa." Saad n'ya at tsaka ngumiti.

"Alam mo, nakikita ko sa'yo 'yong sarili ko dati. Ang hirap kayang mag-handle ng Montemayor. Minsan ang sarap na nilang sapakin, tadyakan, paiyakin o ano pa. Pero kapag nanlambing na kasi sila, nakakapanghina na. Ang kukulit pero kapag nagalit ka na, wala na silang magawa." Nakangiti n'yang sabi sa akin. Napatigil naman ako sa sinabi niya. She's right, she's really right. Ganoon si Axcel sa akin, ganoong-ganoon.

"Hindi ko nga inakala na isang Montemayor ang mapapangasawa ko. You know, we were mortal enemy back then. Pero ngayon? Nakakadalawa na ang mokong." Mahina siyang tumawa pagkasabi niya n'on. Nararamdaman ko kung gaano niya kamahal ang isang Montemayor, ramdam na ramdam ko 'yon dahil parang ganoon din ang nararamdaman ko sa tuwing nandyan si Axcel sa paligid ko.

"Pwede rin ba tayong mahalin sila?" Seryoso kong tanong sa kanya. Ngumiti naman siya nang pagkaluwag-luwag.

"Mapagod? Wala ata 'yon sa bukabolaryo ko. Hindi ako napagod magmahal noon, lalo na sa kanya. Hindi ko siya sinukuan kahit na maraming bagay ang dumating. I still love him, no matter what happen. Tanggap ko kung sino o ano siya. Hinding-hindi ako mapapagod magmahal ng isang Montemayor." Pinakatitigan n'ya ako sa mga mata.

"Kaya ikaw, h'wag kang bibitiw. Loving a Montemayor is really different." Seryoso at makahulugang sabi n'ya sa akin.

Loving a Montemayor is really different.

Hindi ko alam kung ano ang gustong sabihin ni Ate Raisse pero parang may kakaiba siyang gustong sabihin at iparating sa akin. Pero alam ko sa sarili ko na malalaman ko lang ang hinahanap kong sagot kapag natutunan ko nang magmahal ng isang Montemayor.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Suportahan n'yo po ang BSS4: Maybe This Time
---

TWENTY SIX

◆Mommy!◆ Biglang naputol lahat ng pag-iisip ko tungkol kay Axcel nang may biglang batang lalaki ang tumakbo sa may pwesto ni Ate Raisse. Agad itong binuhat ni Ate Raisse pagkalapit nito. Bigla ay napangiti ako nang makita kong bigla nitong halikan si Ate Raisse sa magkabila nitong pisngi.

◆Saan ka na naman ba nanggaling? Kanina pa kita hinahanap.◆ Seryosong sabi ni Ate Raisse kay Marcus habang kandong ito. Nakatingin lang kami sa kanila at pinapanood silang dalawa. Hindi mawala sa mukha ko ang ngiti dahil parang wala lang kay Marcus ang pagseseryoso ng Mommy n◆ya.

◆Nag-play lang ako kasama ni Kuya Francisco, Kuya Anthony at ni Kuya Viel. Miss mo na ba agad ako, Mommy?◆ Nakangiting saad ni Marcus sa Mommy n◆ya. Narinig ko naman ang pagtawa ni Din, Rissa, Jeorge at Felice sa sinabi ni Marcus. Ang mga boys naman ay nakangiti lang.

◆The first child in the 4th Generation.◆ Rinig kong sabi ni Shaun habang nakangiting umiiling.

◆Have you already eaten? Baka mamaya laro kayo nang laro, hindi pa pala kayo kumakain.◆ Seryosong sabi ni Ate Raisse kay Marcus habang pinipisil ang matangos nitong ilong. Kamukhang-kamukha kasi ni Kuya Greg si Marcus kung hindi mo titigan, pero malaki rin ang pagkakahawig nito kay Ate Raisse. Nakuha kasi ni Marcus ang semi-blonde na buhok ni Kuya Greg kaya mas lalo silang naging magkamukha.

◆Hindi pa, Mommy.◆ Kaswal na sagot ni Marcus. Kumunot naman bigla ang noo ni Ate Raisse.

◆Lagot si Kuya Greg.◆ Rinig kong bulong ni Din sa may tabi ko.

◆Nasaan na ba ang Daddy mo? Akala ko ba pinakain ka na n◆ya?◆ Seryosong tanong ni Ate Raisse.

◆I heard my name.◆ Bigla kaming napalingon ng magsalita si Kuya Greg sa may likuran ni Ate Raisse. Yumakap siya dito at saglit na hinalikan ito sa pisngi bago kinuha si Marcus at binuhat ito.

◆Akala ko ba kumain na ◆yan?◆ Masungit na tanong ni Ate Raisse kay Kuya Greg. Naririnig ko na ang mahihinang tawanan ng mga boys sa gilid dahil sa nasasaksihan nila.

◆Wala talaga, under si Kuya Greg.◆ Saad ni Xander at tsaka humalakhak. Sa pagkakaalam ko rin kasi, si Kuya Greg ang first child sa 3rd Generation ng mga Montemayor kaya Kuya ang tawag namin sa kanya.

◆Ayaw n◆yang kumain kanina, gusto n◆yang ikaw magpakain sa kanya.◆ Sagot naman ni Kuya Greg at tsaka umupo sa tabi ni Ate Raisse. Inakbayan n◆ya ito kahit na nagsusungit ito.

◆Kahit na! Dapat pinakain mo.◆ Sabi ni Ate Raisse. Nakita ko naman ang pagsilay ng ngiti sa mukha ni Kuya Greg.

◆Iba talaga kapag buntis, ano? Nagsusungit lagi.◆ Nakangiting sabi ni Kuya Greg. Nanlaki naman ang mga mata namin sa narinig. So it means, buntis si Ate Raisse sa second child nila? Wow!

◆Ang bilis mo Kuya Greg!◆ Saad ni Travis na sinabayan namin ng pagtawa. We congratulated them at panay lang ang lambing ni Kuya Greg kay Ate Raisse.

Nagkwentuhan at nagtawanan lang kami roon ng kung anu-ano. Laging kinukwento ni Ate Raisse kung gaano kapatay sa kanya si Kuya Greg. Wala kaming nagawa kung hindi ang tumawa, hindi kasi makaalma si Kuya Greg sa mga sinasabi ni Ate Raisse. I could see that their relationship is really perfect. Nasa aktong nagtatawanan kaming lahat ng biglang may magsalita sa may likuran ko.

◆Heena.◆

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko nang marinig ko ang napakapamilyar na boses na

◆yon.

◆O bro? Kahit ngayon ka lang? Kanina pa kami dito!◆ Saad ni Shaun kay Axcel. Umupo ito sa may tabi ko at umupo naman sa tabi niya si Thalia. Naramdaman ko ang biglang pagtahimik nina Din, Rissa, Jeorge at Felice. Kanina pa umalis sina Ate Raisse at Kuya Greg para patulugin sa loob si Marcus.

◆Ngayon lang kasi ako nakatakas sa mga bisita.◆ Sagot naman n◆ya. Naramdaman ko namang bumaling siya sa akin.

◆Hey, sorry kung hindi kita nasundo. Naipit kasi kami sa traffic papunta◆◆ Pinutol ko ang sasabihin n◆ya.

◆It◆s okay, wala namang kaso sa akin ◆yon. Sinundo naman ako ni Symon. By the way, happy birthday!◆ Nakangiti kong sabi sa kanya.

◆Thank you. Mag-iistay ka ba rito?◆ Tanong n◆ya sa akin.

◆Hindi ko alam, pero nagpaalam naman ako kay Daddy.◆ Sagot ko sa kanya. Ibinaling ko muli ang tingin ko sa pagkain.

◆Axcel, ihahatid mo ba ako pauwi?◆ Rinig kong tanong ni Thalia kay Axcel.

◆Sure, baka kung mapaano ka pa. Mas mabuti nang ako ang maghatid sa◆yo para kampante ako. Ayaw mo ba talagang dito muna?◆ Tanong naman ni Axcel. Naramdaman ko ang pagtingin sa akin ni Din at Jeorge. Ang iba naman ay nagkukwentuhan lang at nag-iinuman. Nang nag-angat ako ng tingin ay nasalubong ko ang mga ni Symon na nakatitig lang sa akin.

◆Maybe next time, nagpaalam kasi ako kay Mommy na uuwi rin ako and besides may lakad kami tomorrow.◆ Sagot naman ni Thalia.

◆Sure, I◆ll invite you here next time.◆ Sagot naman ni Axcel. Tumayo ako bigla kaya naagaw kong lahat ang atensyon nila.

◆C.R lang ako.◆ Paalam ko sa kanila bago tumalikod. Hindi ko alam kung bakit ganito ang nararamdaman ko, kung bakit naaapektuhan ako sa naririnig at nakikita ko. Hindi ko alam kung bakit mayroong sakit akong nararamdaman dito sa puso ko, na para bang dinuduga ako ng harap-harapan ng isang taong napakaimportante sa akin. Hindi ko alam kung bakit ayokong aminin ang nararamdaman ko. Na kahit ano pang bulong nitong damdamin ko sa sarili ko, ayoko pa rin sabihin.

◆Excuse me, are you Mr. Adelaida◆s only daughter?◆ Bigla akong natigilan ng may biglang matandang lalaki ang humarang sa akin. Nakasuot ito ng business attire habang may hawak na baso ng wine sa kanyang kanang kamay.

◆Ako nga po.◆ Magalang kong sagot sa matandang lalaki.

◆Totoo nga pala ang sinasabi nila, you◆re a replica of your mother. You◆re beautiful, hija. What◆s your name?◆ Nakangiti nitong sabi sa akin.

◆Thank you for the compliment, I am Heena.◆ Nakangiti kong sagot sa matanda.

◆I◆m Mr. Lorenzo. Business partner ako ng Dad at Brother mo. I◆m expecting you in your company, hija.◆ Saad n◆ya.

◆I see. Company rin po ang priority ko katulad ni Kuya at Dad.◆ Sagot ko naman.

◆That◆s great, hija. I◆ve heard na fianc◆e ka raw ng anak ni Mr. Levinn, is that true?◆ Bigla nitong tanong. Bigla naman akong natigilan dahil hindi ko alam ang isasagot ko. Paano kung sabihin kong, oo? Kahit hindi naman talaga kami parehong seryoso sa engagement na ◆yon. Ayokong umasa na magtatagal pa ang pagpapanggap naming dalawa dahil alam ko namang matatapos at matatapos din iyon.

◆No.◆ Kaswal kong sagot. Nakita ko naman ang pagsilay ng ngiti sa kanyang mukha. I suddenly frowned.

◆Good, balak ko sanang ipakilala sa◆yo ang anak ko. Soon you◆ll meet him, he◆s a good man.◆ Nakangiti nitong sabi sa akin. Tumango lamang ako bilang sagot.

◆Sige po, I have to go.◆ Paalam ko sa kanya bago tumalikod. Dumiretso agad ako sa C.R at tsaka pumasok sa isang cubicle. Sinarado ko muna ang bowl bago umupo.

◆Wake up, Heena. Wake up.◆ Sabi ko sa sarili ko. Hindi ko gusto itong nararamdaman ko. Ang bilis kong maapektuhan at para bang hirap na hirap na ako. I really hate this kind of feeling. Ayoko ng ganito, ayokong makaramdam ng ganito dahil alam kong masasaktan lang ako kapag lumala pa itong nararamdaman ko.

The way he looks at her, pain envelopes my heart. Hindi ko alam pero ganoon ang nararamdaman ko sa tuwing titignan ni Axcel si Thalia. Gusto ko nasa akin lang ang atensyon n◆ya, na ako lang ang iniisip n◆ya at ako lang ang kasama n◆ya. Pero alam ko sa sarili kong hindi dapat, hindi pwede at hindi maaari. Siya na mismo ang nagsabi noon na hindi namin dapat seryosohin ang engagement sa pagitan naming dalawa, alam ko ◆yon. Pero sa tuwing magkasama kaming dalawa, sa tuwing kausap ko siya, sa tuwing siya lang ang iniisip ko. Nakakalimutan ko na hindi nga pala dapat namin sineseryoso ang engagement. It◆s just a stupid deciscion of our parents, and he◆s right. We shouldn◆t take it seriously dahil kapag isa sa amin ang pumalya sa kasunduan naming iyon. Masasaktan at masasaktan lang ang isa sa amin.

At ayokong humantong na masaktan ako nang dahil doon o mas malala. Pareho kaming masaktan kapag pumalya ako. Dapat tumupad ako sa kasunduan namin dahil nakikita ko sa kanya ngayong hindi nga siya seryoso sa engagement.

He loves her, I knew about it. Hindi na dapat ako magulat kung isang araw ay

magkabalikan silang dalawa. They love each other, I witnessed their relationship. Nasaksihan ko kung gaano kasaya si Axcel noon sa tuwing magkasama sila ni Thalia. Nasaksihan ko rin kung gaano kamiserable si Axcel nang iwan siya ni Thalia, nang iwan siya ng babaeng pinakamamahal n◆ya. Alam ko ◆yon dahil ako ang araw-araw n◆yang kasama. Sa akin niya sinasabi lahat ng hinanaing n◆ya sa buhay.

Alam kong darating ang araw na lahat ng ito ay matatapos na lang.

Marahas kong pinahid ang luhang bumagsak sa may pisngi ko. Gusto kong magalit sa sarili ko dahil umiiyak ako sa bagay na ako lang naman ang may alam, na ako lang ang nakakaramdam. Gusto kong magalit sa sarili ko dahil umiiyak ako nang dahil sa kanya.

Dahil kay Axcel.

Tumagal pa ako roon ng ilang minuto bago ko napagdesisyunang ayusin ang sarili ko. Sinigurado kong walang bakas ng kahit anong luha sa mukha ko bago ako lumabas doon. Ayokong makita at isipin nila na umiyak ako, na naaapektuhan ako sa nangyayari sa paligid ko. Tama nang ako na lang ◆yong masaktan, h◆wag lang silang madamay pa. Mas ayos na sarilinin ko na lang ang lahat dahil ako rin naman ang maykagagawan noon.

Pagkalabas ko roon ay naaninag ko agad ang isang bulto nang lalaki na nakatayo at hinihintay akong lumabas. Diretso siyang nakatingin sa mga mata ko at hinihintay ang susunod kong gagawin.

◆I◆m just here, Heena.◆ Seryoso n◆yang sabi sa akin. Hindi ko alam pero parang awtomatiko akong tumakbo sa kanya at niyakap siya ng mahigpit. Kailangan ko ngayon ng isang tao na makakaintindi sa nararamdaman ko ngayon.

At alam kong si Symon lang ang taong iyon.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Suportahan n◆yo rin po sana ang BSS4: Maybe This Time, thanks! :)

TWENTY SEVEN

Hindi ko alam kung ilang minuto na akong nakayakap kay Symon. Hindi ko alam kung ilang minuto na rin akong umiiyak sa dibdib n◆ya. Hindi ko na alam ang nangyayari dahil sa kanya, dahil kay Axcel. Alam ko nang may mali sa nararamdaman ko, alam ko na ◆yon. Alam kong may iba na akong nararamdaman para kay Axcel at hindi na ◆to basta biro lang dahil ngayon, nasasaktan ako.

Nasasaktan ako sa mga nakikita ko, sa mga naririnig ko mula sa kanya. Yes, I told him to date her. Pero hindi ko pa alam noon ang nararamdaman ko para sa kanya. Hindi ko masabi sa sarili ko dahil natatakot ako. Natatakot ako na baka pati sarili ko masaktan ko na. Dapat mawala itong nararamdaman ko para sa kanya, para matigil na ◆to. Alam ko naman kasing sa huli ay wala rin patutunguhan ang engagement naming dalawa at masasaktan at masasaktan lang ako dahil sa nararamdaman kong ito. Malalaman mo lang talaga ang halaga ng isang tao sa◆yo kapag nawala na siya sa buhay mo.

◆I◆m here.◆ Narinig kong bulong sa akin ni Symon habang yakap-yakap n◆ya ako. Mabuti na lang at walang masyadong tao dito sa may likod ng mansyon at walang mag-iisip ng masama tungkol sa amin ni Symon.

◆Nabasa ko pa ata ◆yang polo mo.◆ Nakangiti kong sabi sa kanya habang pinupunasan ang mga mata ko. Tinignan ko naman ang matipuno n◆yang dibdib na nabasa ko na ng mga luha ko. Hindi siya nagsalita, lumapit lang siya sa akin at bigla akong natigilan.

He suddenly cupped my face and gently wiped my tears. Naramdaman ko ang pagbilis ng tibok ng puso ko sa ginawa n◆ya.

◆It◆s okay, I◆m always here for you.◆ Mahina at seryoso n◆yang sabi habang ang mga pares ng kanyang mata ay nakatitig lang sa akin.

◆S◆Symon.◆ Hindi ko alam ang sasabihin ko. Basta ang alam ko, ang bilis-bilis ng tibok ng puso ko dahil sa kanya.

◆Let◆s go, kanina ka pa nila hinihintay doon.◆ Malamig n◆yang sabi at tsaka nauna nang maglakad. I just sighed.

Does Symon has feelings for me?

Umiling na lamang ako sa katanungang ◆yon. Siguro ay may malasakit lang talaga siya sa akin kaya n◆ya iyon nagawa.

Wala na si Thalia nang makabalik ako roon pero naroroon pa si Axcel at nakikipag-inuman na sa mga pinsan n◆ya. Naramdaman ko ang pagtingin n◆ya sa akin ng makita n◆ya ako. Mayroong bakanteng upuan sa tabi n◆ya pero hindi ako roon umupo, mas pinili kong umupo sa pagitan ni Din at Jeorge. Nakita ko ang pagkunot ng kanyang noo, marahil ay nagtataka siya kung bakit ako roon umupo.

◆Tang ina, minsan lang tayo magpakasaya! Sulutin na natin ◆to!◆ Malakas na sabi ni Shaun sabay taas sa basong may lamang beer na hawak n◆ya. Hinampas naman ni Rissa ang braso n◆ya dahil sa pagmumura nito.

◆H◆wag kang masyadong maingay! Marinig tayo ni Tita Freen, malalagot tayo!◆ Sabi ni Rissa. Tumahimik naman si Shaun pero maya-maya rin ay nag-ingay.

◆Are you okay?◆ Biglang tanong sa akin ni Jeorge. Katabi n◆ya sa kabilang gilid si Travis na tahimik lang at pinagmamasdan siya.

◆Oo naman, ayos lang ako.◆ Sagot ko sa kanya. Tumango lamang siya at muling ibinaling ang atensyon kay Shaun. Bakit hindi sila nag-uusap ni Travis? May problema kaya sa kanila?

◆Umalis na si Thalia, isinabay na siya ng Uncle Fred n◆ya pauwi.◆ Sabi sa akin ni Din. Tumango lamang ako bilang sagot.

Wala sa sariling napalingon ako sa pwesto ni Axcel na ngayon ay nakatitig sa akin habang umiinom sa hawak nitong baso. Agad akong nag-iwas ng tingin sa pagtitig niyang iyon. Hindi ko ata kayang salubungin ang mga tingin n◆yang iyon.

◆You should got laid, Aivan. Birthday sex! Panigurado namang naka-score na ◆yang si Axcel kay Heena!◆ Sigaw ni Shaun na sinabayan nito ng tawa.

◆Fvck you, dude!◆ Natatawang sabi ni Aivan kay Shaun.

◆Watch your mouth, boys!◆ Suway ni Din pero parang walang mga narinig ito at panay ang mura at tawanan. Si Shaun ang pinakamaingay ngayon dahil siya medyo may tama na sa lahat.

◆Bro, watch your words.◆ Seryosong suway ni Travis sa kapatid n◆ya. Tumigil naman si Shaun sa pagsigaw at nakipagtawanan na lang sa iba. Bigla namang tumayo si Jeorge at nagpaalam na mag C-CR. Nagulat ako nang pati si Travis ay tumayo rin at sundan si Jeorge.

◆May problema ba sa kanilang dalawa?◆ Mahina kong tanong kay Din.

◆Hindi ko alam sa dalawang ◆yan.◆ Sagot sa akin ni Din at tsaka nagkibit-balikat.

◆CR lang din ako.◆ Sabi ni Din at tsaka tumayo at pumasok sa loob. Mag-isa na lang akong nakaupo roon. Tinungga ko lang ang baso ng beer sa may harapan ko at pinanood sina Shaun, Aivan, Xander, Vlad, Allen, Alex, Jomskie, at Rhalp na nag-uusap ng kung anu-ano. Si Felice naman at Rissa ay nag-uusap din sa kung anong bagay.

◆Heena.◆ Nagulat ako ng biglang tumabi sa akin si Axcel. Tinignan ko lamang siya at hindi ako nagsalita.

◆I◆m sorry, hindi kita nasundo. Alam kong galit ka sa akin, ikaw dapat ang uunahin ko pero nag-text siya sa akin na sa isang mall ko na lang siya sunduin kaya◆◆

◆Why are you explaining? You don◆t need to explain. I understand.◆ Malamig kong sabi sa kanya. Naramdaman ko namang natigilan siya sa sinabi ko. Muli kong ibinaling ang atensyon ko sa kanila pero nang magsalita siyang muli ay agad akong napatingin sa kanya.

◆Can you come with me?◆ Mahina n◆yang sabi pero sapat na para marinig ko.

◆A◆Ano?◆ Nauutal kong sabi. Pero hindi na siya nagsalita at tumayo na siya, hinawakan n◆ya ang kanang kamay ko at naramdaman ko ang kuryenteng dumaloy sa buong sistema ko. Damn sparks.

Hawak-hawak n◆ya lang ang kamay ko habang naglalakad siya papasok sa loob ng mansyon. Wala naman akong nagawa kung hindi ang sumama sa kanya. Walang masyadong tao sa loob ng mansyon at karamihan ng mga bisita ay nasa garden.

◆Axcel, saan kayo pupunta?◆ Natigilan kami saglit ng makasalubong namin si Tita Freen.

◆Good evening po, Tita.◆ Bati ko kay Tita Freen. Ngumiti naman siya sa akin tsaka bumaling kay Axcel. Hindi pa rin n◆ya binibitiwan ang kamay ko at mahigpit pa rin n◆ya iyong hawak.

◆Just upstairs, Mom.◆ Kaswal na sagot ni Axcel sa Mommy n◆ya. Bigla naman siyang pinaningkitan ng mata ni Tita Freen.

◆I◆ll see both of you in minutes.◆ Sabi ni Tita Freen at tsaka tumalikod sa amin.

◆She◆s so over reacting.◆ Mahinang bulong ni Axcel at tsaka umiling. Umakyat kami sa taas hanggang sa makarating kami sa isang malaking kwarto. Pumasok kami roon at kinabahan ako nang i-lock niya ang seradura ng pinto. Binitiwan n◆ya ang kamay ko

at humarap sa akin.

◆I know you are mad.◆ Seryoso niyang sabi sa akin.

◆Hindi ako galit sa◆yo, bakit naman ako magagalit sa◆yo?◆ Tanong ko sa kanya. Mahina akong nagpasalamat na hindi ako nautal sa pagsasalita.

◆You◆re mad, I know you.◆ Mahina at medyo paos niyang sabi. Humakbang siya papalapit sa akin habang matamang nakatingin sa mga mata ko. Halata sa mukha n◆ya na tinablan na siya ng alak dahil namumula na ito. Amoy ko rin ang alak sa hininga n◆ya pero hindi iyon mabaho, parang mentol at pinaghalong alak ang amoy ng hininga niya.

◆I◆I am not, w◆walang dahilan para magalit ako sa◆yo.◆ Nauutal kong sabi sa kanya. Naramdaman ko ang paghawak ng mga kamay niya sa magkabila kong bewang. Agad na nag-react ang katawan ko sa ginawa n◆yang ◆yon.

◆Damn, sexy.◆ Rinig kong sabi n◆ya sa sarili n◆ya.

◆Y◆You are drunk.◆ Nauutal kong sabi sa kanya. Pero parang hindi niya iyon narinig at bigla akong hinapit papalapit sa katawan n◆ya. Naramdaman ko agad ang init ng katawan niya ng magkalapit kami.

Naaamoy at nararamdaman ko na ang hininga niya sa sobrang lapit namin sa isa◆t isa. Pinipigilan ko ang huminga, hindi ko alam pero parang na-concious ako bigla sa sarili ko. Nagulat ako ng bigla niya akong yakapin ng mahigpit.

◆I◆m glad you◆re here.◆ Bulong niya sa akin. He suddenly nuzzled my neck and it sends shivers down to my spine. Naramdaman ko ang pag-init ng katawan ko pati na rin ng paligid ko dahil sa ginagawa n◆ya. Isinisigaw ng isipan ko na dapat ko na itong itigil pero ang puso◆t katawan ko ay tinatraydor ang sarili kong isipan.

◆A◆Axcel.◆

◆You really smelled fvcking good.◆ Bulong niya sa akin at tsaka niya marahan na hinalikan ang leeg ko.

◆Axcel, y◆you are just drunk.◆ Nauutal kong sabi sa kanya. Lumayo siya sa akin at saglit na may kinuha sa bulsa ng suot niyang itim na pantalon.

◆Axcel.◆ Napatitig ako sa mga mata n◆ya nang ilabas n◆ya ang isang silver na necklace na halatang mamahalin pa.

◆I bought this a while ago, kaya hindi kita agad nasundo.◆ Seryoso niyang sabi sa akin. Nakita ko pang nag-iwas siya ng tingin ng hindi ako magsalita at nakatitig lamang siya sa akin.

◆Stop looking at me like that, I know it◆s my birthday pero ikaw pa ◆tong niregaluhan ko.◆ Medyo paos niyang sabi. Pakiramdam ko ay lumundag ang puso ko sa sinabi n◆ya. Kung dati ay wala lang sa akin kung bigyan n◆ya ako kung anong bagay, ngayon ay malaking bagay na sa akin lahat ng mga bagay na ginagawa at ibinibigay niya.

◆Let me wear it to you.◆ Saad n◆ya at tsaka niya ako hinarap sa isang malaking salamin. Nakatalikod ako sa kanya habang nakaharap naman ako sa malaking salamin. Marahan niyang hinawi ang buhok ko sa may leeg ko at tsaka isinuot ang regalo niya sa akin.

◆Damn, it◆s perfect to you.◆ Mahina pero mariin n◆yang sabi nang maisuot niya ng tuluyan ang necklace ko. Tumingin naman ako sa salamin at masasabi kong bagay nga sa akin iyon. I was shocked when he suddenly kissed my neck. It was just little kisses, pero ang laki na ang epekto noon sa akin, sa buong sistema ko.

◆I can◆t resist you.◆ Seryoso niyang sabi habang pinagpapatuloy ang ginagawa n◆ya.

◆A◆Axcel.◆ I don◆t know if it sounds like I◆m protesting or moaning. Hindi na ako nagulat pa ng bigla niya akong iharap sa kanya at siilin ng halik.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there!

TWENTY EIGHT

Hindi ko alam kung ilang minute nang magkalapat ang mga labi namin ni Axcel. Hindi ko magawang maipaliwanag ang nararamdaman ko at hindi ko magawang maamin ang nararamdaman ko kahit sa sarili ko. Natatakot ako na magbago ang lahat kapag inamin ko na iba na ang nararamdaman ko para sa kanya. I◆m scared but it was all vanished when I felt his arms around mine.

◆I◆m happy.◆ Seryoso n◆yang sabi sa akin habang nakatingin ng diretso sa mga mata ko.

◆Y◆You are just drunk, Axcel.◆ Nauutal kong sabi sa kanya. Naramdaman ko naman ang pagbilis ng tibok ng puso ko ng bigla siyang ngumiti.

◆Yeah, too drunk to imagine I◆m married with you.◆ Saad n◆ya na sinabayan n◆ya ng mahinang pagtawa.

Damn, Axcel. Stop making me feel that it was real.

Nagpasalamat ako sa sarili ko dahil nadala ko ang bag ko kanina nang hatakin n◆ya ako. Saglit na kinuha ko ang isang box sa bag ko at inabot iyon sa kanya. Agad namang napakunot ang noo niya na tila ba nagtataka kung bakit binigyan ko siya ng isang box.

◆What is this?◆ Kunot-noo n◆yang tanong sa akin.

◆That◆s my gift for you.◆ I said then I smiled faintly.

Natigilan naman siya at agad na tinitigan ako ng diretso sa mata. Bigla ay gusto kong yumuko dahil hindi ko kayang salubungin ang kanyang mga tingin.

Muli n◆yang ibinaling ang kanyang tingin sa box na ibinigay ko. Umupo siya sa kama na malapit sa aming dalawa habang binubuksan ang regalo ko para sa kanya.

Nag-angat siyang muli ng tingin ng tuluyan n◆yang makita ang regalo ko sa kanya. Batid sa mukha n◆ya ang pagkagulat.

◆H◆Heena.◆

◆That◆s our memories together.◆ Sabi ko sa kanya at tsaka ako tumabi sa kanya.

◆I treasure every memories with you. Lahat ng oras na magkasama tayo, nandito sa

puso ko. I◆ll never forget every moments I◆m with you dahil sa lahat ng oras na magkasama tayo, naging masaya ako. Kahit pa magkaaway tayo, kahit pa lagi mo akong inaasar, o kahit pa lagi mo akong pinapaiyak. Lahat ng ◆yon, Axcel. Nandito sa puso◆t isipan ko at hindi-hindi ko ◆yon makakalimutan. Sa mga larawang ◆yan na magkasama tayo, sa likod ng mga larawang ◆yan ay mga kwentong ikaw at ako ang bida. I gave it you para kapag dumating na ang panahon na iiwan na natin ang isa◆t isa. Hindi mo ako makakalimutan at maaalala mong naging parte ako nang buhay mo.◆ Hindi ko na napigilan ang pagtulo ng luha ko. Hindi ko na napigilan pa ang emosyon ko. Kahit ngayon lang, iiyak ako sa harapan n◆ya at sasabihin ko ang mga bagay na gusto kong sabihin sa kanya.

◆Alam kong hindi naging madali para maintindihan natin ang isa◆t isa. Marami na tayong pinagdaanan na tayo lang dalawa ang magkasama, maraming pagsubok na ang dumating sa atin pero lahat ng ◆yon nalagpasan natin ng magkasama. Masaya ako dahil nakilala kita, Axcel. Masaya ako na nakilala ko iyong batang walang suot na kahit ano noon, masaya ako.◆ At kasabay ng lahat ng ◆yon ay ang tuluyang pagbuhos ng emosyon ko.

◆Heena.◆ Bigla n◆ya akong niyakap at wala akong nagawa kung hindi ang yakapin din siya pabalik.

◆Nakakainis ka, pinaiyak mo ako!◆ Sabi ko sa kanya habang yakap-yakap n◆ya ako.

◆I hate it, when you are crying.◆ Mariin n◆yang sabi. Humiwalay naman ako sa pagkakayakap ko sa kanya.

◆I won◆t cry anymore, so you won◆t hate me.◆ I said then I smiled. He suddenly cupped my face.

◆I won◆t make you cry, I promise.◆ He said seriously then he slowly wiped the tears in my cheeks.

You already did, Axcel.

*

Nagtatawanan at nagkakasiyahan pa rin sila nang bumalik kami roon ni Axcel. Ang ibang mga lalaki ay mayroon ng tama at ang iba naman ay wala pa. Tahimik lang akong umupo at ganoon din si Axcel nang tumabi siya sa akin.

◆Saan kayo galing?◆ Agad na tanong sa akin ni Din.

◆Sa taas, I just gave my gift for him.◆ Saad ko sa kanya. Bigla namang napunta ang mga mata niya sa may dibdib ko.

◆He gave you that?◆ Tanong sa akin ni Din. Naramdaman ko ang pagsulyap sa akin ni

Axcel nang marinig n◆ya ang sinabi ni Din.

◆O◆Oo.◆ Nauutal kong sabi.

◆Hmppf. Malalandi kayo.◆ Sabi n◆ya sa akin at tsaka ako inirapan. Bigla ay naramdaman ko ang mga braso ni Axcel na umakbay sa akin. Agad ko siyang nilingon pero wala sa akin ang atensyon n◆ya. Prente lang siyang umiinom ng alak habang nakikipag-usap sa iba.

◆Gago ka Xander! Sasapakin kita!◆ Sabi ni Shaun kay Xander nang asarin nito si Shaun. Nagtawanan lang kami sa inasal niya.

◆Lasing ka na, bro. Ang hina mo, ganyan talaga kapag bata pa!◆ Sabi pa ni Xander na sinabayan niya ng tawa.

◆Tang ina mo! Ikaw ◆yong mahina!◆ Sagot naman ni Shaun kay Xander. Hinampas naman ni Rissa ang bibig ni Shaun dahil sa pagmumura nito. Napailing na lamang ako.

◆Are you tired?◆ Bigla akong namula ng biglang bumulong sa akin si Axcel. Agad kong naramdaman ang init ng kanyang hininga sa may tenga ko.

◆N◆No, I◆m okay.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆You sure?◆ Paninigurado niya sa akin. Tumango naman ako nang hindi siya nililingon. Our lips were just inches away and I might kiss him kapag nilingon ko siya.

◆Axcel◆s will getting laid tonight.◆ Narinig kong sabi ni Travis na ngayon ay nakaakbay kay Jeorge.

◆That is inevitable!◆ Natatawang sagot ni Xander. Naramdaman ko naman ang pag-akyat ng dugo sa mukha ko. They◆re crazy! Tinukso pa nila kami ng ilang ulit hanggang sa tumigil din sila.

Hinahayaan ko lang mangyari ang lahat dahil alam kong kinabukasan. Hindi na ulit ito mauulit pa. I looked at the man beside me. He◆s just drinking yet he looks so damn hot in my eyes. Na kahit ano bang gawin n◆ya ay hindi magbabago ang tingin ko sa kanya, na siya pa rin si Axcel sa pangingin ko.

I looked around and my eyes widen when I saw Travis kissing Jeorge in front of us. Napanganga ako sa tagpong iyon. I didn◆t expect that even though I know they◆re drunk.

◆That was hot!◆ Sigaw ni Shaun. Agad naman silang naghiwalay ng mapagtanto nilang may mga tao sa paligid nila. Agad na niyakap ni Travis si Jeorge. She buried her face in Travis◆ chest. Marahil ay nahihiya siya sa nangyari.

◆That◆s a normal thing, sweetheart. We did that a lot of times, you know.◆ Agad akong napalingon kay Axcel nang magsalita ito. Nakangisi ito sa akin.

◆Shut up.◆ Mariin kong sabi sa kanya at tsaka ko siya inirapan.

◆Make me shut my mouth, sweetheart. Why don◆t you try to kiss me, in front of them? ◆ Bulong niya sa akin. Agad namang nagsitayuan ang balahibo ko sa sinabi niya. I can◆t do that!

◆Tumigil ka d◆yan, Montemayor.◆ Bulong ko rin sa kanya at tsaka ko siya kinurot sa tagiliran.

◆Ouch.◆ Sabi n◆ya pero nakangiti pa rin. Inirapan ko lamang siya.

◆H◆wag mo akong artehan, hindi porket birthday mo mag-aasal bata ka na naman diyan.◆ Saad ko sa kanya. Sumimangot lamang siya sa sinabi ko.

◆Hindi mo naman time of the month ah? Bakit ang sungit mo?◆ Tanong niya sa akin. Agad namang nanlaki ang mata ko!

◆How did you know?!◆ Singhal ko sa kanya. Ngumiti naman siya nang nakakaloko.

◆I just know.◆ Kaswal na sabi n◆ya.

◆Ang landi mo, Ravis!◆ Pang-aasar ni Alex kay Travis. Mabilis namang lumipad ang dirty finger ni Travis sa ere. Nagtawanan lang silang lahat.

◆I suddenly missed you.◆ Bulong niya sa akin. Naramdaman ko ang paghigpit ng pagkakaakbay niya sa akin.

◆I missed your strawberry smell, sweetheart.◆ Saad niya. He suddenly nuzzled my hair at pakiramdam ko ay nag-init bigla ang paligid ko.

◆Damn, I◆m having a boner.◆ Rinig kong bulong niya sa akin. Agad na nanlaki ang mata ko at walang sabi-sabing sinapak ko siya. Pinaningkitan ko siya ng mga mata ng ngumisi lang siya sa ginawa ko.

◆What? You◆re just too attractive to me!◆ Depensa niya sa sarili.

◆Do you think it◆s okay to me to admit that you are having a boner? You◆re so pervert!◆ Saad ko sa kanya.

◆What◆s the matter? Wala na namang kaso kung sabihin ko pa ◆yon sa◆yo. Nakita at naramdaman mo na nga ◆to dati ah!◆ Sagot pa niya sa akin. Naramdaman ko naman ang

pag-akyat ng dugo sa mukha ko sa sinabi niya.

◆H◆Hindi ko pa nakikita ◆yan!◆ Depensa ko sa kanya.

◆H◆wag mo akong lokohin. Gusto mo ipaalala ko sa◆yo lahat?◆ Sabi niya sa akin at tsaka ngumiti ng nakakaloko.

I really hate Axcel when he◆s drunk.

◆Nakakainis ka.◆ Nakasimangot kong sabi sa kanya.

◆Seriously, I◆m having a boner. I always imagine you and I, both naked in my bed.◆ He said with a playful smile in his face.

◆Sige, ipagpatuloy mo pa ◆yan! Hindi na kita kakausapin pa kahit kailan!◆ Sabi ko sa kanya.

◆Baka matiis mo ako.◆ Sagot naman niya sa akin.

◆Oo, kakayanin kong tiisin ka kahit alam ko sa sarili kong hindi ko kaya. Kakayanin ko kahit na mahirap, kakayanin ko kahit na alam kong hindi madali at kakayanin ko para sa sarili ko.◆ Seryoso kong sagot sa kanya habang nakatingin sa mga mata niya.

Ngayon, hahayaan ko ang sarili ko na mabaliw sa kanya. Dahil alam kong kinabukasan, hindi na mauulit pa ito. Alam kong sa mga susunod na araw, magbabago na ang lahat. Alam kong sarili kong masasaktan at masasaktan lang din ako sa huli nang dahil sa kanya.

Siguro, dapat ko nang matutunang alisin si Axcel sa buhay ko dahil kung hahayaan ko lang ang lahat.

Paulit-ulit lang akong masasaktan.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there!

TWENTY NINE

◆Hindi pa ba gising ang ibang boys?◆ Tanong ni Din kay Symon pagkababa nito. Hawak-hawak n◆ya ang ulo n◆ya na marahil ay sumasakit dahil sa hangover. Marami rin kasing nainom si Symon pero mas maraming nainom ang ibang boys kesa sa kanya.

◆Hindi pa.◆ Kaswal n◆yang sagot sa Ate n◆ya.

◆Drink that, it◆s effective.◆ Sabi ni Din sa kapatid sabay lapag ng isang tabletang gamot sa harapan nito. Tumango lamang si Symon at tsaka iyon ininom.

◆Ang saya kagabi, ang hihina ng mga boys. Nalasing agad!◆ Natatawang sabi ni Felice. Nasa harapan kami ngayon ng lamesa at nag-bebreakfast. Sina Din, Jeorge, Felice at Rissa ang mga kasama ko matulog. Hindi kasi hinayaan ni Tita Freen na matulog ang mga boys sa kwarto namin kaya sa kabilang room sila natulog. Tulog pa rin sina Axcel, Shaun, Xander, at Travis. Sila kasi ang maraming nainom kagabi kaya mga tulog pa sila. Umuwi naman sina Rhalp, Jomskie, Vlad, Allen at Alex kagabi. Mayroon daw kasi silang pupuntahan at hindi sila pwede. Si Aivan naman ay maagang pumunta sa bukid para i-assist ang mga manggagawa ng Rancho.

◆Heena, bukas na kayo umuwi ah? Saturday lang naman ngayon.◆ Sabi sa amin ni Din. Tumango lamang ako at ganoon din si Jeorge at Felice.

Huminga ako nang malalim ng maalala ko ang nangyari kagabi. Hindi ko na kinausap pa si Axcel pagkatapos naming mag-usap kagabi. Ayokong mag-away kami lalo na◆t birthday niya at ayokong masira iyon ng dahil lang sa akin.

Tahimik lang kaming kumakain dahil pare-pareho kaming may mga hang-over pa. Hindi naman ako gaanong nalasing dahil hindi ako masyadong nag-inom kagabi.

Nang matapos kaming mag-agahan ay napagpasyahan naming lumabas at maglibot sa kabuuan ng Rancho. Hindi pa naman gaanong mainit dahil alas-sais pa lang naman ng umaga.

◆Ang laki talaga ng Rancho?◆ Sabi sa akin ni Jeorge habang tinatanaw ang malawak na lupain ng mga Montemayor. Tumango naman ako sa sinabi n◆ya.

◆Kaya walang duda na isa sila sa kinikilala sa buong Pilipinas pagdating sa business world.◆ Saad ko. Isa kasi ang mga Montemayor Empire sa supplier ng mga gulay, karne, prutas at iba pa sa buong Luzon. Halos 45% ng mga supply ng gulay at karne at sa kanila nanggagaling.

◆Gusto n◆yo mangabayo para malibot natin ang Rancho?◆ Tanong sa amin ni Din. Sumang-ayon naman agad si Jeorge, Felice at Rissa pero ako hindi.

◆Hindi ako marunong.◆ Sabi ko sa kanila. Magsasalita pa sana si Din nang may biglang magsalita sa may likuran ko.

◆Ride with me.◆ Sabi nang baritong boses sa may likuran ko. Agad akong napalingon at nasalubong ko ang seryoso n◆yang mukha.

◆Hindi na, ayos lang ako.◆ Sagot ko sa kanya sabay ngiti.

◆Ano ka ba, Heena! H◆wag ka nang umarte d◆yan! Sige na Sy, isakay mo na siya kay Felix.◆ Sabi ni Din at tsaka sila nagmadaling pumunta sa mga kwadra ng mga kabayo. Magsasalita pa sana ako nang magsalita na ulit si Symon.

◆Tara.◆ Sabi ni Symon at tsaka ako nilagpasan. Huminga lamang ako ng malalim.

Gusto ko rin kasing malibot ang kabuuan ng Rancho De Montemayor at baka magsisi lamang ako kung papalagpasin ko ang pagkakataong ito.

◆Here, come Felix.◆ Sabi ni Symon sa kulay itim na kabayo habang pinapalabas ito sa kwadra nito. Nakaramdam ako ng kaba at the same time excitement. Nakasakay na ako noon sa kabayo pero saglit lamang iyon, hindi tulad ngayon.

◆He◆s Felix, my horse.◆ Saad ni Symon habang hinahaplos ang mahabang buhok ng kanyang kabayo.

◆He◆s beautiful.◆ Komento ko habang nakatingin sa kabayo niya.

◆Touch him, he likes touching him.◆ Saad ni Symon. Lumapit naman ako sa kabayo n◆ya upang haplusin ito. Indeed, he◆s right. I felt comfortable when I touched his horse.

◆He likes you.◆ Saad ni Symon. Ngumiti lamang ako sa sinabi n◆ya.

◆Mang Eduardo, ayos na ho bang sakyan si Felix?◆ Tanong ni Symon sa nangangasiwa ng mga kabayo ng Rancho.

◆Oho, Se◆orito. Nasa kondisyon na si Felix at pupwede nang sakyan.◆ Sagot naman nito. Tumango lamang si Symon sa matanda at tsaka bumaling sa akin.

◆Ikaw na muna ang umangkas sa kanya.◆ Sabi ni Symon sa akin.

◆Hala, hindi ako marunong!◆ Sagot ko sa kanya. Mahina siyang tumawa at hindi ko alam kung bakit biglang bumilis ang tibok ng puso ko sa pagtawa n◆yang iyon.

◆I◆m just here.◆ Seryoso n◆yang sabi habang diretsong nakatingin sa akin.

◆I◆I trust you.◆ Sabi ko at tsaka ako nag-iwas ng tingin. Inilalayan n◆ya akong maka-angkas kay Felix. Nakahawak siya sa may bewang ko habang inaalalayan ako at pakiramdam ko ay may kuryenteng dumadaloy sa buong sistema ko sa paghawak n◆yang iyon.

Agad akong napahawak sa lubid na nakakabit kay Felix nang tuluyan na akong maka-angkas.

◆Relax, baby.◆ Bulong niya sa may tenga ko nang maka-angkas na rin siya kay Felix. Naramdaman ko naman ang init ng hininga n◆ya sa may batok ko. Damn, why I have this kind of feeling? And his endearment◆Uggh. I hate this.

◆You okay?◆ Tanong n◆ya. Tumango lamang ako. Iniiwasan kong mapasandal sa kanya dahil nararamdaman ko ang init at katigasan ng katawan n◆ya.

◆Mag-iingat ho kayo, Se◆orito.◆ Sabi ni Mang Eduardo. Hinawakan na ni Symon ang lubid kaya parang nakayakap na siya sa akin ngayon.

Marahan niyang hinampas ang lubid na nagpatakbo kay Felix. Unti-unti akong napasandal kay Symon at hinayaan ko na lang ang sarili ko sa kanya. I suddenly felt comfortable because of him.

◆Beautiful.◆ Rinig kong bulong n◆ya sa akin. Hindi ko alam kung ang tinutukoy n◆ya ba ay ang mga puno ng mangga na panay namumunga na.

◆Y◆Yeah.◆ Sagot ko naman sa kanya. Ibinaling ko na lamang ang atensyon ko sa mga nadadaanan namin. Walang nagsasalita sa aming dalawa at lihim akong nagpasalamat dahil baka mas lalo lamang akong mailang sa kanya kapag nagsalita pa siya.

Tumigil kami sa isang malaking puno kung saan naroroon sina Rissa, Din, Jeorge at Felice. Pare-parehong mga nakatali ang mga kabayong sinasakyan nila sa malaking

puno. Maraming manggagawa ng Rancho ang naroroon at tila ba nagpapahinga.

◆Magandang umaga araw ho sa inyo, Se◆orito.◆ Bati nila kay Symon. Ningitian ko lamang sila bilang tugon.

◆Grabe, ang sipag ni Aivan! Ang hot pa.◆ Sabi ni Felice. Napalingon naman ako sa tinitignan nila at doon ay natanaw ko si Aivan na nakalublob sa may putikan at nagtatanim ng palay. Wala sa sariling napangiti ako, walang dudang malapit ang loob niya sa mga manggagawa ng Rancho.

◆Ganyan ho talaga si Se◆orito Aivan, gustong-gusto na magtanim ng palay.◆ Sabi nang isang matandang babae na malapit sa amin.

◆Kaya nga ho malapit ang loob n◆ya sa amin dahil hindi siya nagrereklamo kahit pa maputik at mainit dito.◆ Sabi naman ng isang lalaki na palagay ko ay nasa 40◆s na.

Napalingon naman sa pwesto namin si Aivan kaya kumaway sila. Ngumiti lamang ako sa kanya at hindi ko maiwasang hindi mapatitig sa kanya. Bigla ay pumasok sa isipan ko si Axcel pero agad ko rin siyang inalis sa isipan ko. I shouldn◆t think of him.

Itinuon ko ang atensyon ko sa mga manggagawa na nakikipag-kwentuhan sa amin. Masaya at tapat silang nagtatrabaho sa Rancho De Montemayor dahil sa magandang pamamalakad ni Tito Levinn sa Rancho at sa magandang relasyon ng mga manggawa sa mga Montemayor. Napangiti naman ako sa magandang komento nila sa mga Montemayor.

◆Tara na, bumalik na tayo sa Rancho at baka hinahanap na tayo roon.◆ Sabi ni Din sa amin. Mahigit isang oras at kalahati na kasi kaming naroroon at nakikipagkwentuhan sa mga trabahador ng Rancho. Magalang kaming nagpaalam sa mga manggagawa ng Rancho bago umalis doon. Nagpaiwan naman si Aivan at sinabing susunod na lang mamaya.

Hindi na ako gaanong kailang kay Symon nang muli akong umangkas sa kabayo n◆ya. Minsan ay kinakausap n◆ya ako habang papunta kami sa Mansyon at sumasagot naman ako. Ayoko rin namang hindi kami nag-uusap at nagkaka-ilangan. After all, matagal na kaming magkakilala at magkaibigan simula pagkabata.

◆You should learn how to ride a horse alone.◆ Bulong n◆ya sa akin.

◆Yeah, I love to. Hayaan mo, kapag nagkaoras ako. Magpapaturo ako mangabayo.◆ Sagot ko naman sa kanya.

◆It will be okay to me if you want me to be your teacher. I◆m good at riding.◆ Natatawang saad naman niya sa akin.

◆Basta ba walang bayad eh!◆ Natatawa korin na sagot sa kanya.

◆Meron, kiss.◆ Rinig kong bulong n◆ya. Natigilan naman ako sa sinabi niya at

pakiramdam ko ay namula bigla ang mukha ko.

◆Just kidding, makita ko lang na masaya ka. Ayos na sa akin.◆ Seryosong saad n◆ya sa akin.

◆S◆Symon.◆

◆We◆re here.◆ Bigla niyang sabi. Nakita kong nagsibabaan na sina Din, Jeorge at Felice sa mga kabayong sinasakyan nila. Nauna namang bumaba si Symon kesa sa akin. Inalalayan n◆ya rin akong makababa sa kabayo n◆ya.

◆Thank you.◆ Nakangiti kong sabi sa kanya. Siya mismo ang nagpasok kay Felix sa kwadra nito.

◆Sige, mauna ka nang pumasok sa loob. Susunod na lang ako.◆ Sabi ni Symon sa akin.

◆Okay. See you around.◆ Sagot ko naman sa kanya. Sumunod na ako kay na Din sa loob pero papasok pa lang ako ng biglang may humablot sa braso ko at dalhin ako sa may pool area kung saan walang tao.

◆Flirting this early with my fvcking cousin, huh?◆ Seryosong sabi sa akin ni Axcel habang direktang nakatingin sa mga mata ko. Bakas sa mukha n◆ya ang galit at inis.

◆A◆Ano bang sinasabi mo?◆ Nauutal kong sabi sa kanya. Mahigpit ang pagkakahawak n◆ya sa braso ko at ramdam ko ang galit n◆ya roon.

◆The hell I am talking about? Are you out of your mind, Heena? Hindi mo ba inisip na nandito ka sa Rancho at nakikipaglandian ka sa ibang lalaki? Na mas malala, sa pinsan ko pa? Nice.◆ He mocked me.

◆I am not flirting, Axcel. You know me!◆ Mariin kong sabi sa kanya.

◆You are not flirting? Di ano◆ng tawag mo d◆on? Wala lang? Tang ina, hindi mo man lang ba inisip kung ano ang sasabihin ng mga makakakita sa inyo? Knowing you are my fvcking fianc◆e?!◆ Galit na sigaw niya sa akin. Walang sabi-sabing sinampal ko siya nang pagkalakas-lakas. Marahas kong binawi ang braso ko mula sa mahigpit n◆yang pagkakahawak sa akin. Sinalubong ko ang mga tingin n◆yang tumatagos sa puso ko.

◆Tinatanong mo sa akin ◆yang bagay na ◆yan, Axcel? Na kung iniisip ko ba kung ano ang sasabihin ng iba? Nagawa mo bang itanong sa sarili mo ◆yan?! Naisip mo ba na nasa paligid lang ako pero siya ang kasama mo kagabi?! Na kung hindi pa siya umalis, hindi mo pa ako bibigyan ng oras? Ano◆ng karapatan mong sabihan ako ng ganoong bagay?! Dahil lang sa nakita mo, aakusahan mo ako nang ganoon?! Ang kapal mo, Axcel!◆ Galit kong sigaw sa kanya. Naramdaman ko ang pagtulo ng luha ko pero marahas ko iyong hinawi. I don◆t want him seeing me crying.

◆So this is your revenge? This is how you show your revenge on me? Flirting with my

fvcking cousin?◆ He mockingly said.

◆Sabihin mo na lahat ng gusto mong sabihin! You know me yet you◆re accusing me those things! Sige, sabihin mo lang kung ano ang gusto mong sabihin at tatanggapin ko. Wala na akong pakielam kung ano pang sabihin mo, wala na akong pakielam kung sabihan mo pa ako ng malandi, pokpok o kaladkaring babae! Wala na akong pakielam! Tatanggapin ko lahat ng mga walang kwenta mong pang-aakusa, pero sana. H◆wang na h◆wag mong pagsisihan na sinabihan mo ako ng ganoong bagay.◆ Hindi ko na napigilan pa ang emosyon ko. Hindi ko na napigilan pa ang hindi mapaiyak. I tried to suppressed my emotions pero wala, hindi ko talaga kayang itago lalo na◆t nasasaktan ako ngayon. Nasasaktan ng dahil sa lalaking nasa harapan ko, dahil sa lalaking mahal na mahal ko.

◆I hate you.◆ I said as I turned my back at him and run away.

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there!

THIRTY

“H“wag mo akong pagmukahing driver mo!” Iritable niyang sigaw. Sumimangot lamang ako at agad na bumaba sa sasakyan niya para sumakay sa may tabi niya. Saglit ko siyang sinulyapan at nakita kong magkasalubong ang mga kilay niya. His lips formed a straight line and I could say that he is really mad. I just don“t know why.

Binalot ng nakabibinging katahimikan ang paligid namin at wala ni-isa sa amin ang nagsasalita. Wala rin naman kasi akong sasabihin sa kanya kaya tuhamik lang ako.

“Sa bahay mo ako ihatid.” Sabi ko sa kanya. Hindi siya sumagot sa sinabi ko kaya ibinaling ko na lamang ang tingin ko sa labas ng kalsada. Sa loob ng isang oras ay walang nag-sasalita sa aming dalawa. Hanggang sa makarating kami sa tapat ng bahay namin ay hindi ko alam ang sasabihin ko.

I sighed and manage to say my goodbye to him. “Ingat ka sa biyahe, bye.” Mahinahon kong sabi sa kanya at akmang bababa na ng bigla siyang magsalita.

“Who is that damn guy, Heena?”

***

Follow me @MarcoJose008 and tweet me your comments there! Thank you sa inyong lahat sa pagsuporta nang istoryang ito! :)

THIRTY FIVE

Isang lingo na ang nakalipas simula nang huli kong makausap si Axcel. Pilit ko

siyang iniiwasan at hindi naman ako nahirapan na iwasan siya dahil laging na kay Thalia ang oras at atensyon niya. Hindi ako sanay na hindi ko siya kausap o kasama pero pinipilit kong sanayin ang sarili ko dahil iyon naman talaga ang dapat kong gawin.

Alam kong isang araw, magigising na lang ako na wala na akong nararamdaman pa para sa kanya.

Last time, tinanong n◆ya ako kung sino si Nicollo. Hindi agad ako nakasagot sa sinabi niya. Tila ba nagkaroon ng pag-asa sa dibdib ko na nagseselos siya dahil kay Nicollo. Umaasa ako noon na sabihin n◆yang nagseselos siya at sabihin niyang ayaw niyang makikita kaming magkasama. Pero lahat ng iyon ay biglang nawala, nang magsalita siya ulit.

◆Nevermind, wala naman akong pakielam sa inyo.◆

Aaminin ko, nasaktan ako ng sobra sa sinabi niyang iyon. Tipong buong gabi ako umiyak dahil lang doon. Hindi ko lubos maisip na wala rin siyang pakielam sa akin kahit na buong buhay ko na kasama ko siya, mayroon akong pakielam sa kanya. Kahit na buong buhay ko kasama siya, alam ko sa sarili kong mahal ko na siya.

◆Ma◆am Heena, mayroon pong naghahanap sa inyo sa ibaba.◆ Bumalik ako sa realidad ng may biglang kumatok sa may pintuan ng kwarto ko. Sabado ngayon at wala akong klase at balak ko lamang mag-kulong sa kwarto ko. Wala naman kasi si Axcel para samahan akong pumunta sa mall o hindi naman kaya ay puntahan siya sa unit niya.

◆Sino raw po?◆ Tanong ko.

◆Lalaki po, Ma◆am Heena. Sinabi n◆ya pong bumaba raw po kayo agad at magwawala siya kapag wala pa po kayo roon ng limang minuto.◆ Saad ni Ate Belen na matagal ng naninilbihan sa bahay.

Agad namang kumunot ang noo ko at sinabi niya at dali-daling binuksan ang seradura ng kwarto ko.

◆Ano raw po?◆ Gulat kong tanong. Sinong pangahas ang magsasalita nang ganoon sa loob ng pamamahay ko? Aba, ang kapal naman ng mukha n◆ya!

◆Kayo na po ang makipag-usap, Ma◆am Heena. Eh natatakot ako sa sinasabi nang lalaking iyon.◆ Sabi ni Ate Belen. Agad naman kaming bumaba at mula sa itaas ay nakita ko ang isang lalaki na nakatalikod sa akin at prenteng nakaupo sa may sofa namin. Nakita ko rin ang isang maid na pumunta sa pwesto niya at binigyan siya ng orange juice. Agad na nagsalubong ang mga kilay ko sa aktong iyon.

◆Who the hell are you?◆ Mariin kong giit pagkababa ko ng hagdan. Hindi siya lumingon sa akin kaya mas lalo akong nairita.

◆Sino ka sabi◆◆ Bigla akong natigilan ng tumayo siya at harapin ako. Halos manlaki ang mata ko ng makita ko ang pamilyar n◆yang pagmumukha at ang nakakaloko niyang ngiti. Natigilan ako at tila ba agad na umakyat ang dugo sa ulo ko sa sobrang inis.

◆Hi, sweety. Na-miss mo ba ako? Kasi ako kung hindi mo tatanungin, miss na miss na kita.◆ Nakangisi niyang sabi sa akin.

◆Ano◆ng ginagawa mo dito?!◆ Mataray at naiinis kong tanong sa kanya. Mas lalo naman siyang ngumisi na siyang mas lalong kinainit ng ulo ko.

◆Hindi mo man lang ba ako papakainin? Hahalikan sa pisngi? O sasabihang, ◆miss na rin kita◆ kahit plastikan lang?◆ Saad niya.

◆At bakit ko naman gagawin ang mga bagay na ◆yon? Sino bang may sabi sa◆yong pumunta ka rito?!◆ Inis kong tanong sa kanya.

◆Ikaw. Ipapaalala ko lang sa◆yo na may date tayo, nakalimutan mo na?◆ Kunot noong tanong niya habang magkasalubong ang mga makakapal niyang kilay. Pinakatitigan ko naman siya at mas maayos na ngayon ang mukha n◆ya kesa sa huli kong kita sa kanya na puro pasa at galos ang mukha. Makinis at maputi ang mukha niya at mas kita ko na ngayon ang itsura niya.

◆At sino nagsabi sa◆yong pumapayag ako sa date mong ◆yan?!◆ Mataray ko pa ring sabi sa kanya. I even crossed my arms around my chest.

◆Ako lang.◆ Sabi niya sabay upong muli sa sofa namin. Mahina kong pinasalamatan ang sarili ko dahil tulog si Dad. Kung hindi, kanina pa n◆ya nasapak itong gagong nasa harapan ko ngayon.

◆Pwede ba?! Umalis ka rito! Hindi nga kita kilala tapos sasama pa ako sa◆yo? At alam mo bang pwede kitang kasuhan ng trespassing?!◆ Iritable kong sabi sa kanya.

◆Di kasuhan mo, pakielam ko roon.◆ Kaswal at prente niyang sagot sa akin. Naningkit naman bigla ang mga mata ko sa kanya. Bakit ba ang taas masyado nang tingin ng lalaking ◆to sa sarili n◆ya? I calmed myself. Ayokong manakit sa sarili kong pamamahay dahil hindi ko naman ugali iyon.

◆Get out.◆ Maawtoridad kong sabi sa kanya.

◆Magbihis ka na, mag-dedate tayo.◆ Sagot naman niya sa akin. Mariin akong napapikit at pilit na kinakalma ang sarili ko. Ilang ulit akong huminga nang malalim.

◆Hindi ka aalis◆◆ Magsasalita pa sana ako ng bigla niya iyong putulin.

◆Just date me.◆ Seryoso at kalmado niyang sabi habang direktang nakatingin sa mga mata ko. Bigla ay naramdaman ko ang kaba sa dibdib ko.

◆Please, date me.◆ Dagdag pa niya. Hindi naman agad ako nakasagot sa sinabi niyang iyon. Tila ba mayroon siyang malaking epekto sa sistema ko.

◆N◆Nicollo, we can◆t date. I have already◆◆ Bigla akong natigilan at lihim kong minura ang sarili ko. What now? Am I going to tell him that Axcel is already my fianc◆? When the fact that he saw the three of us together? I smiled bitterly.

◆After ba nito, titigilan mo na ako?◆ Kalmado kong sabi sa kanya. Nakita ko naman ang pagsilay ng ngiti sa mukha n◆ya.

◆I◆ll try.◆ Nakangising sabi niya sa akin. Muli akong huminga nang malalim at mariing pumikit.

◆Thirty minutes.◆ Saad ko sa kanya at tsaka ko siya tinalikuran upang umakyat sa kwarto. Agad akong naligo at nag-ayos ng sarili ko. Ayokong maabutan ni Daddy si Nicollo kaya binilisan ko lahat ng kilos ko. Wala pang thirty minutes ay natapos na ako at nagmadaling bumaba pero halos manlaki ang mata ko ng makita ko si Daddy na kausap si Nicollo at nagtatawanan pa sila!

◆Oh hija, andyan ka na pala. Kanina mo pa raw pinaghihintay si Nicollo, mga apat na oras na raw.◆ Sabi ni Daddy. Nanlalaki naman ang mga mata ko na napatingin kay Nicollo. I glared at him but he just smirked. Lumapit naman ako kay Daddy at agad na humalik sa pisngi niya.

◆Hindi mo sinabi sa aking kilala mo na pala itong batang ◆to.◆ Sabi ni Daddy sa

akin na ang tinutukoy ay si Nicollo.

◆Kilala mo siya Dad?◆ Kunot noong tanong ko.

◆Uh-uh, he is the first son of my special friend. Mr. Madrigal Lorenzo. I◆ve heard he already met you?◆ Tanong sa akin ni Dad. Napaisip naman ako bigla at agad kong naalala iyong matandang lalaki na nakausap ko sa birthday ni Axcel.

◆I◆I think, Dad. I just didn◆t remember but I think I◆ve already met him.◆ Sagot ko naman kay Daddy.

◆O siya sige na, umalis na kayo at pinaghintay mo pa itong batang ◆to ng ilang oras.◆ Sabi ni Daddy. Nagpaalam lang ako saglit kay Daddy at tsaka kami umalis ng bahay.

Agad kong hinampas ang braso niya pagkasakay namin sa Lamborghini niya. ◆Bakit mo sinabing pinaghintay kita ng apat na oras?! At bakit hindi mo sinabi sa akin na kilala mo pala ang Daddy ko?!◆ Iritable kong tanong sa kanya.

◆Nagtanong ka ba? Di sana kung nagtanong ka sasagutin ko.◆ Kaswal niyang sagot sa akin. Nag-init naman lalo ang ulo ko pero hindi ko na siya pinatulan pa. Alam ko ang mga hilatsa ng bituka niya at alam kong maasar at maasar lang ako sa kanya.

Saglit na binalot ng nakabibinging katahimikan ang loob ng sasakyan niya. Wala ang isa sa amin ang nagsasalita pero agad din niyang binasag ang katahimakan sa paligid namin.

◆Who is that asshole last time, Heena?◆ He suddenly asked. Naramdaman ko naman ang biglang pagbilis ng tibok ng puso ko sa tanong niyang iyon.

◆W◆Why do you care?◆ Nauutal kong tanong sa kanya.

◆I◆ve heard he◆s your fianc◆? Harap-harapan kang niloloko?◆ Saad niya at tsaka siya ngumisi. Kinabahan naman ako sa sinabi niya at wala akong maisip na maisagot sa kanya.

◆H◆He is not◆◆ Magsasalita pa sana ako ng putulin niya iyon.

◆Don◆t fool me, sweety. I am not that fool not to understand my surroundings. You love him, right?◆ Direditretso niyang sabi sa akin. Natigilan ako at napayuko sa sinabi niya. Should I deny it? Should I tell him the truth?

◆Don◆t answer me, alam ko naman na ang sagot. Pero wala pa rin akong pakielam kung mahal mo siya o hindi. Tang ina pala niya ◆no? You are almost perfect yet he has the guts to look at the other girls? Damn. If I were him, I won◆t wait to marry your right after we graduate, I◆ll marry you right now, right then. As long as I

want, no one will block my way.◆ Prente niyang sabi habang may ngiti sa kanyang mga labi. Hindi naman ako nakasagot sa sinabi niya.

I just hope, Axcel could be that noble like him.

◆Well, he should be ready because I◆ll steal you from him. Wait, hindi na pala kailangan dahil kapag sinabi kong akin ka na, akin ka na. Naiintindihan mo ba ◆yon, sweety?◆ Seryoso at mariin niyang sabi. Hindi ko naman napigilan ang matawa sa mga pinagsasabi niya.

◆Para ka kamong sira, Nicollo. Lately mo lang ako na-meet pero kumpiyansa ka ng agawin ako sa kanya.◆ Natatawa kong sabi sa kanya. Bigla namang nagsalubong iyong makakapal niyang mga kilay.

◆Bakit? Bawal ba? Tsaka mas pogi at mas matalino pa ako sa gagong ◆yon.◆ Saad niya na mas lalong nagpatawa sa akin.

Nalaman kong fifth year na pala siya at sa kursong Civil Engineering. His uncle is the owner of our University kaya sir ang tawag sa kanya ng mga tao roon. He don◆t want to be a business man dahil mas gusto raw niyang maging isang tanyag na Engineer at suportado naman siya ng mga magulang niya roon kaya walang problema. Mayroon pa naman daw siyang tatlong kapatid na pwedeng mamahala ng business nila.

◆Damn, why do you need to be look so beautiful and sexy in my eyes?◆ He suddenly said when I got off to his car. I suddenly felt my cheeks burned.

◆B◆Baliw.◆ Iyon na lang ang naisagot ko sa kanya. Narinig ko lang ang mahina niyang pagtawa. He◆s wearing a black Rayban shades and I admit, he really looks good.

◆Let◆s go.◆ Sabi niya lang at tsaka mahigpit na umakbay sa akin. Naramdaman ko naman ang pagwawala ng sistema ko sa pag-akbay niyang iyon. Nakita ko ang ilang pares ng mga mata ang napapalingon at napapatingin sa amin. Marahil ay sadyang nakakasilaw ang kagwapuhan ng lalaking kasama ko ngayon. Aaminin ko, mas g◆wapo siya kung ikukumpara kay Axcel. Mas matangkad din siya at may mas dating pero hindi ko alam kung bakit hindi ko maramdaman sa kanya ang nararamdaman ko para kay Axcel. Iba siya sa paningin ko, ibang-iba.

◆Kumain muna tayo, nagutom ako sa kakahintay sa◆yo kanina.◆ Sabi niya at tsaka niya hinawakan ang kamay ko. Napatingin lang ako sa kamay ko na hawak-hawak niya. Hindi ko maiwasang hindi maikumpara si Axcel sa kanya. Kapag kasi si Axcel ang may hawak ng kamay ko, iba ang epekto sa akin. Ibang-iba na tipong ayoko nang bitiwan pa niya ang kamay ko. I sighed, I shouldn◆t think of it. I need to forget him, but I always wonder, how?

◆May tinitinda kaya sila ditong isaw? Parang gusto kong kumain ng isaw.◆ Sabi niya habang nakatingin sa mga menu. Napakunot naman ang noo ko at biglang natawa.

◆Mahilig ka sa isaw?◆ Nakangiting tanong ko sa kanya.

◆Oo, mahilig ako sa isaw, dugo, at paa ng manok.◆ Sabi niya sa akin.

◆Ako rin, mahilig ako sa mga ganoong pagkain.◆ Sabi ko sa kanya. Bigla naman siyang napatingin sa akin.

◆Talaga?◆ May ngiting sabi niya. Sunod-sunod naman ang ginawa kong pagtango.

◆Di soulmate pala tayo? Sabi ko sayo eh, ako na lang pakasalan mo. Makakarami agad tayo kung papakasalan mo ako agad.◆ May ngising sabi niya. Napasimangot naman ako sa sinabi niya at agad na hinampas siya.

◆Ewan ko sa◆yo.◆ Nakasimangot kong sagot sa kanya. Napatingin naman ako sa kanya nang hindi siya magsalita. Nakatitig lang siya sa mga mata ko at hindi ko alam kung bakit hindi ko magawang iwasan ang titig niya. Tila ba napako ang mga mata ko sa mga mata niya.

◆Shit.◆ Mahina niyang sabi at tsaka ako tinalikuran.

***

Twitter: @MarcoJose008
Facebook: www.facebook.com/SiMarcoJoseAko

THIRTY SIX

◆Para ka kamong bading!◆ Natatawa kong sabi sa kanya. Horror ang napili niyang panoorin namin pero siya itong takot na takot.

◆Nakakatakot kaya!◆ Dahilan pa niya. Nagkibit balikat na lamang ako at muling itinuon ang atensyon sa palabas. Hindi ko naman mapigilan ang hindi mapatawa sa tuwing mapapasigaw si Nicollo. I couldn◆t imagine a six foot tall, with a muscular body and angelic face will be afraid of this. Ilang ulit akong napailing habang natatawa.

Tumagal ang palabas at bigla ay naramdaman ko ang mga braso niya na umaakbay sa akin. Tinignan ko naman siya at nasa harapan pa rin ang atensyon niya. Hinayaan ko na lang siya dahil akbay lang naman iyon at wala naman sigurong mawawala.

◆Tangna talaga, hindi ko na panonoorin ulit ◆yon kahit kailan!◆ Saad niya pagkalabas namin mula sa loob ng sinehan.

◆Parang iyon lang, takot na takot.◆ Sabi ko naman sa kanya.

◆Tara, kumain muna tayo bago umuwi. Nagugutom ulit ako.◆ Sabi niya sa akin at tsaka niya muling hinawakan ang kamay ko at hinatak ako papasok sa isang restaurant. Buong oras kaming nagkukwentuhan at halos ata pati pagligo niya ay ikinuwento na niya sa akin. There◆s no dead air when it comes to him, hindi niya hinahayaang mamatay ang oras sa pagitan naming dalawa.

Alas diyes y media na ng gabi nang mapagpasyahan na naming umuwi ni Nicollo. Tahimik ko lang na pinagmamasdan ang bawat madaanan namin. I am thinking, what he◆s doing right now. Kung kumain na ba siya o nainom na ba niya ang gamot niya. Marami akong iniisip at nangingibabaw si Axcel sa lahat ng iniisip ko. Mapait akong ngumiti. How I wish that he◆s thinking about me too.

◆Are you okay?◆ He suddenly asked. Tinignan ko naman siya at binigyan siya ng pilit na ngiti bago tumango.

Hindi na ulit siya nagsalita hanggang sa namalayan ko na lang na malapit na pala kami. Biglang kumunot ang noo ko ng matanaw ko ang isang pamilyar na sasakyan na nakaparada sa may harapan ng bahay namin. Mayroong lalaking nakasandal doon at bigla ay naramdaman ko ang pagbilis ng tibok ng puso ko.

Tumigil kami sa tabi nang kotse niya. Akmang lalabas pa si Nicollo ng pigilan ko siya.

◆It◆s too late, thank you for the day. I◆ve enjoyed it.◆ Sabi ko kay Nicollo at tsaka ako humalik sa pisngi niya. I don◆t want them to see each other dahil alam kong magkakainitan lang silang dalawa.

◆Goodnight, see you then?◆ He said. I just smiled and didn◆t answer his question. Lumabas na ako ng sasakyan niya at ilang saglit lang ay pinaandar na niya iyon.

Naramdaman ko naman bigla ang kaba sa dibdib ko ng makumpirmang siya nga iyon.

◆A◆Axcel.◆ Nauutal kong tawag sa pangalan niya habang papalapit ako sa kanya. Nakasuot siya ng itim na three-piece suit na bagay na bagay sa kanya. Halatang pagod siya batay sa mga mata niya na malumanay na nakatingin sa akin. Bigla ay napatingin ako sa isang boquet ng flowers na nakapatong sa may kotse niya.

◆W◆What are you doing here?◆ Tanong ko sa kanya. Pinilit kong pinapakalma ang sarili ko.

◆I just came here straight from the conference in Baguio.◆ Sagot niya sa akin. Bakas sa mukha niya ang sobrang pagod. Kinuha niya iyong boquet ng flowers at bigla niyang inabot sa akin. I could my heart beating really fast.

Axcel never gave me flowers.

Tinaggap ko naman iyong bulaklak na ibinigay niya. I muttered my thanks to him. ◆Have you already eaten?◆ Tanong ko sa kanya. Umiling siya bilang sagot.

◆Uuwi na lang ako.◆ Biglang sabi niya at akmang tatalikod ng hawakan ko ang kamay niya.

◆Dito ka na kumain at matulog, masyadong malayo ang pinaggalingan mo. I◆m sure you◆re really tired.◆ Sabi ko sa kanya sabay iwas ng tingin. Hindi ko kayang salubungin ang mga tingin niya dahil pakiramdam ko ay nanghihina ako sa bawat tingin na ibinibigay niya sa akin.

◆Heena.◆ Narinig ang boses niya kaya kahit naiilang ako, nag-angat ako ng tingin sa kanya at nasalubong ko ang mga mata niyang nakatitig sa akin.

◆I◆m sorry for the last time, I didn◆t mean it.◆ Seryoso niyang sabi sa akin. Ngumiti naman ako sa kanya.

◆Wala ◆yon, ano ka ba.◆ Sabi ko at tsaka ko siya ningitian.

◆Sorry if I haven◆t contact your for days, I was busy with the conference and I came straight here, just to see you.◆Naramdaman ko ang pagbilis ng tibok ng puso ko sa sinabi niyang ◆yon. Ngumiti lang ako sa kanya at tsaka ko siya tinalikuran pero bigla akong napatigil ng magsalita siya mula sa likuran ko.

◆I miss you, Heena.◆ Seryoso niyang sabi. Bigla akong napapikit at naramdaman ko ang pagtulo ng mga luha ko na kanina ko pa pinipigilan.

I miss you too. Gusto kong isagot pero wala akong lakas para sabihin iyon sa kanya. Wala akong lakas dahil siya ang nagsisilbing lakas ko. Marahan kong pinahid ang luhang bumagsak sa pisngi ko at tsaka ako tuluyang pumasok sa loob ng bahay namin.

Alam kong isang araw, gigising na lang ako na wala ng sakit dito sa puso ko ng dahil sa taong mahal ko.

TINITITIGAN ko si Axcel na ngayon ay kumakain sa harapan ko. Tulog na ang lahat ng tao sa loob ng bahay kaya kaming dalawa na lang ngayon ang gising pa. Ipinagluto ko rin siya ng makakain niya.

◆K◆Kamusta ka?◆ Tanong ko sa kanya. Hindi ko kaya na walang nagsasalita sa pagitan naming dalawa. Ayoko ng ganitong pakiramdam, ayoko ng pakiramdam na malayo siya sa akin.

◆Bakit mo siya kasama, Heena?◆ Nagulat ako sa isinagot niya sa akin. I swallowed hard.

◆H◆He invited me to go with him in the mall.◆ Sagot ko sa kanya.

◆At inabot kayo ng ganitong oras?◆ Seryoso pa rin n◆yang sabi sa akin. Huminga ako ng malalim bago sagutin ang tanong niya.

◆Axcel, nagseselos ka ba?◆ Diretsa kong tanong sa kanya. Tinignan naman niya ako ng diretso sa mata.

◆Paano kung sabihin ko sa◆yong, oo? Titigilan mo na ba ang pakikipagkita sa gagong ◆yon?◆ Seryoso at mariin niyang sabi. Hindi naman agad ako nakasagot sa sinabi niya. Bakit gugustuhin niyang tigilan kong makipagkita kay Nicollo?

◆T◆Tapusin mo na lang ◆yang pagkain mo para makapagpahinga ka na.◆ Sabi ko na lang sa kanya at tsaka ako nagmamadaling umalis doon.

Agad akong pumasok sa kwarto ko at tsaka nahiga. Ramdam ko pa rin ang bilis ng tibok ng puso ko dahil sa isinagot niya sa akin kanina. Gusto kong malaman kung nagseselos nga ba siya kay Nicollo.

Para ano? Para kung sakaling sabihin n◆yang oo, umasa lang ako? Sabi ng kabilang bahagi ng isip ko. Ipinikit ko na ang mga mata ko at pinilit kong matulog pero kahit na ano ang gawin ko ay hindi ako madalaw-dalaw ng antok. Lumipas ang ilang minuto at narinig ko ng bumukas at sumara ang pinto ng kwarto ko at wala pang ilang saglit ay naramdaman ko na ang paghiga niya sa tabi ko. Nakatalikod ako sa kanya at hindi ko kayang humarap sa kanya.

◆Heena.◆ Narinig ko ang pagtawag niya sa pangalan ko. Hindi ako sumagot, pinakiramdaman ko lang siya.

◆I have to tell you something.◆ Rinig kong bulong niya. Hindi ko napigilan ang hindi mapaharap sa kanya. Hindi ko alam pero kinabahan ako sa sinabi niyang iyon. Tila ba mayroon akong dapat paghandaan sa mga sasabihin niya at sa mga mangyayari sa paligid ko.

◆W◆What is it?◆ Nauutal kong tanong sa kanya. I heard him sighed, a deep one. Binalot ng nakabibinging katahimikan ang loob ng kwarto ko pero agad din iyong nabasag ng muli siyang magsalita.

◆Nothing, just don◆t mind it.◆ Sagot naman niya sa akin at bigla siyang humarap sa akin. Naramdaman ko ang mainit niyang hinga sa mukha ko and I suddenly get conscious. I felt his arms snaked around my waist and I suddenly felt the electricity from him. Damn, sparks.

◆I◆m jealous.◆ He whispered to my ear. I felt my heart beats faster. Bakit ganito na lang epekto niya sa akin? Sa tuwing malapit siya sa akin ay nagwawala ang sistema ko. I hate this feeling.

◆W◆Why?◆ Tanong ko. Damn you, Axcel. Please, stop giving me false hopes! Lalo lamang lumalalim ang nararamdaman ko para sa◆yo.

◆I don◆t know.◆ Kaswal niyang sagot at tsaka siya pumikit at mahigpit akong niyakap.

Nagkaroon ako ng pagkakataon na matitigan ang mukha n◆ya. Hindi ko alam pero pakiramdam ko ay ito na ang huling pagkakataon na matititigan ko siya ng ganito. His action doesn◆t define his words. Iba ang ipinaparamdam niya sa akin at iba rin ang mga sinasabi niya. Hindi ko siya mabasa at hindi ko alam kung ano ba ang tunay niyang nararamdaman.

If I could easily say those three words to him, I will tell him right now. Pero iba na ngayon, may Thalia na at ayokong magulo ang isip niya. Ayokong mahalin niya rin ako dahil sa sinabi kong mahal ko rin siya. Ayokong magkaroon ng dahilan para mahilin niya ako pabalik, gusto kong mamahalin niya ako dahil iyon talaga ang nararamdaman niya. Pero hindi na dapat ako umasa, alam kong sa huli masasaktan at masasaktan din ako at alam ko sa sarili ko na malapit ng dumating ang araw na ◆yon. At kung sakali mang dumating na ang araw na ◆yon, sana handa ako. Handa akong tanggapin ang sakit na dulot noon.

Marahan kong hinaplos ang mukha ni Axcel at tila ba kinakabisado ko ang bawat parte ng mukha niya.

◆If I could just tell you how much you mean to me, Axcel Vinn Montemayor.◆ I said then I closed my eyes and kissed him.

***

Twitter: @MarcoJose008
Facebook: www.facebook.com/SiMarcoJoseAko

Instagram: marco.jose

THIRTY SEVEN

Tahimik at seryosong nag-mamaneho si Axcel habang papunta kami ng Manila. Kanina pa siya hindi nagsasalita at tila ba mayroong iniisip na malalim. Kanina pa siya tahimik simula nang gumising siya kaninang umaga. Para bang mayroon siyang gustong sabihin na hindi n◆ya masabi-sabi sa akin. Hindi ko naman siya magawang tanungin dahil kanina pa niya ako hindi kinikibo pero naglakas ako ng loob na tanungin siya dahil hindi ako sanay na ganito siya.

◆Ayos ka lang ba?◆ Tanong ko sa kanya pero hindi man lang siya sumagot sa tanong ko. Seryoso lamang siyang nakatitig sa kalsada at nag-iisip ng malalim. Hindi na lang ulit ako nagsalita, tumahimik na lang ako at itinuon ang pansin ko sa mga nadaraanan namin.

Tahimik pa rin siya hanggang sa makarating kami sa tapat ng school. Wala siyang klase ngayon dahil sa susunod na lingo na magsisimula ang on the job training niya. I was about to say something when he suddenly break the silence between us.

◆I have to tell you something.◆ Seryoso niyang saad habang nakatitig sa mga mata ko. I swallowed hard. My heart suddenly beats faster. I don◆t know but there◆s something I want to know and I should be ready on it. I know there◆s something wrong with him. I know, Axcel.

◆W◆What?◆ I suddenly stammered. Hindi siya sumagot at nakatitig lamang siya ng diretso sa akin. Hindi ko mabasa kung ano bang nasa isip niya at kung ano bang gusto niyang sabihin sa akin. Agad akong nag-iwas ng tingin ng hindi pa rin siya magsalita.

◆K◆Kung mayroon kang sasabihin, sabihin mo na. Ano ba iyon?◆ Tanong ko na hindi nakatingin sa kanya.

◆N◆Nothing.◆ Saad niya kaya bigla akong napatingin sa kanya.

◆I should go, see you.◆ Paalam ko sa kanya. Tanging tango lamang ang isinagot niya sa akin. Lumabas na ako ng sasakyan niya at wala pang ilang segundo ay pinaandar na niya iyon. Muli akong huminga ng malalim.

Buong klase akong nag-iisip kung ano bang gustong sabihin sa akin ni Axcel. Alam kong mayroong mali sa kanya at alam ko na mayroon siyang gustong sabihin na hindi niya masabi-sabi sa akin. Alam ko iyon, dahil kilala ko si Axcel. Kilala ko siya at alam ko ang bawat galaw niya, alam ko kung mayroon ba siyang itinatago o wala.

Ala sais na ng gabi nang matapos ang klase ko at unti-unti nang binabalot ng dilim ang buong lansangan ng Maynila. Tinignan ko ang cellphone ko kung mayroon bang text o tawag man lang na galing sa kanya pero wala, wala kahit isa akong natatanggap mula sa kanya. Alam kong may problema siya pero hindi niya lang iyon masabi sa akin at kung hindi niya iyon masabi sa akin, ako mismo ang gagawa ng paraan para sabihin niya iyon. Agad akong pumara nang taxi at nagpahatid sa unit ni Axcel. Alam kong naroroon siya ngayon kaya doon ako nagpahatid.

Wala pang ilang minuto ay nakarating na ako sa tapat ng building ni Axcel, malapit lang naman ang unit niya sa school kaya saglit lang akong nakarating doon. Agad akong nagbayad sa taxi driver at nagmamadaling pumasok sa loob. Hiningian lamang ako saglit ng I.D ng gwardya at tsaka ako sumakay sa elevator. Nagmamadali akong lumabas ng elevator nang tumunog na ang floor kung nasaan ang unit niya.

Nang nasa tapat na ako ng unit niya, agad kong pinindot ang doorbell kahit na alam ko kung ano pin ng unit niya. Ilang minuto akong naghintay sa labas hanggang sa bumukas iyon. Si Axcel ang nagbukas noon, wala siyang saplot sa katawan kung hindi ang boxer briefs niya lang. Bakas sa mukha niya ang pagkagulat ng makita niya ako.

◆H◆Heena, what are you doing here?◆ Kunot noong tanong niya sa akin. Magsasalita na sana ako ng may biglang babaeng yumakap mula sa may likuran niya. Napaawang ang bibig ko ng makilala ko kung sino iyon.

◆Hi, Heena.◆ Nakangiting bati sa akin ni Thalia. Naramdaman ko ang pagguhit ng sakit sa dibdib ko dahil sa nakikita ko ngayon. Hindi ko alam kung bakit ganito ang nararamdaman ko at ang alam ko lang ay gusto ko ng umalis na roon dahil baka hindi ko mapigilan ang sarili ko na mapaiyak sa harapan nilang dalawa.

◆H◆Heena.◆ Axcel was about to say something when Thalia suddenly speaks.

◆Have you already told her, baby? Nasabi mo na ba sa kanyang nagkabilakan na tayo ulit?◆ Nakangiting sabi ni Thalia kay Axcel at tsaka siya sumulyap sa akin. Mas lalo kong naramdaman ang sakit sa sinabi niyang iyon. Alam kong nangingilid na ang

luha sa gilid ng mga mata ko at kahit anong oras ay alam babagsak na iyon.

Akala ko handa ako sa ganito, akala ko naihanda ko na ang sarili ko na mangyayari ang ganitong bagay. Pero bakit ganitong kasakit ang nararamdaman ko ngayon? Bakit sobrang sakit na gusto ko na lang na mamatay pa kesa makita silang ganito? Ang sakit, sobrang sakit. Akala ko masakit na makita ko silang magkasama ulit, pero mas makasakit pa pala ang makita silang ganito. Masaya at mahal ang isa◆t isa.

◆H◆Hindi ko alam.◆ Iyon lang ang naisagot ko sa kanilang dalawa. Nakita kong nakatitig lamang sa akin si Axcel habang si Thalia naman ay ngumiti sa akin ng maluwag.

◆H◆Heena, this is what I want to say to you.◆ Sabi sa akin ni Axcel. Tumingin naman ako sa kanya at tinitigan siya sa mga mata. Gusto kong sabihin na, mahal na mahal ko siya at handa akong pakawalan siya para lang maging masaya siya. Gusto kong sabihin lahat ng nararamdaman ko para sa kanya, pero alam kong hindi na dapat niya malaman pa ang lahat ng iyon dahil ibabaon ko na lang sa limot ang lahat ng iyon, kasama siya.

◆Heena, ikaw pa lang ang nakakaalam na kami na ulit ni Axcel. H◆wag ka munang maingay sa kanila ah?◆ Nakangiting sabi ni Thalia sa akin. I smiled even though behind that smile, I really wanted to cry. Nanatili lamang akong nakatayo roon at tila ba pilit kong iniisip na hindi ito totoo, na hindi ito nangyayari ngayon. Na panagip lang ito, pero bakit ganoon? Kung sakali mang panaginip lang ito, bakit ganito ang nararamdaman ko? Bakit pakiramdam ko, pinapalaso ako ng ilang ulit sa sobrang sakit na nararamdaman ko?

◆Gusto mo bang pumasok, Heena? We are watching a movie, would you like to join?◆ Tanong sa akin ni Thalia. Napatitig naman ako sa kanya at bakas sa mukha niya ang sobrang kasiyahan. Pilit akong ngumiti sa kanya.

◆H◆Hindi na, mukhang naistorbo ko pa kayo.◆ Nakangiting sagot ko sa kanilang dalawa.

◆Sure ka? Sige na, mag-celebrate tayo!◆ Dagdag pa niya.

◆M◆May gagawin din kasi ako.◆ Pagdadahilan ko sa kanila.

◆Then what are you doing here?◆ Tanong ni Thalia sa akin. Natigilan naman ako sa sinabi niyang iyon at hindi ko alam kung ano ba ang isasagot ko. Ano nga bang ginagawa ko roon? Kung alam ko lang sana na ganito ang madaratnan ko, hindi na sana ako pumunta dahil sobrang sakit na ng nararamdaman ko ngayon.

Babae lang din naman ako, mahina at nasasaktan.

◆M◆May sasabihin lang sana ako kay A◆Axcel, pero sa susunod ko na lang sasabihin. Hindi naman importante iyong sasabihin ko.◆ Sabi ko sa kanila.

◆Are you okay?◆ Tanong sa akin ni Axcel pero hindi ko siya sinagot. Dahil kahit sabihin ko mang, oo. Hindi ko pa rin kayang itago itong sakit na nararamdaman ko.

◆A◆Aalis na ako, congrats pala sa inyo.◆ Sabi ko sa kanila at tsaka ako tumalikod. At kasabay ng pagtalikod kong iyon ay ang pagbagsak ng mga luhang kanina ko pa pinipigilan. Marahas ko iyong hinawi at tsaka ako nagmadaling maglakad para makaalis na sa lugar na ◆yon. Biglang bumuhos lahat ng nararamdaman ko pagkapasok ko sa elevator. Hindi ko na kayang pigilan pa ang nararamdaman ko. Hindi ko na kayang tanggapin ang sakit.

Inihanda ko ang sarili ko pero wala rin pala iyong saysay. Nasaktan lang din ako at ang masama pa, hindi lang ako basta nasaktan. Sobra akong nasaktan. I never thought in my life that I could love him this deep. I never thought that I will be this hurt because of him.

Wala rin naman akong ibang dapat sisihin kung hindi ang sarili ko lang din. Dahil hinayaan ko ang sarili kong mahulog sa kanya, hinayaan ko ang sarili kong mahalin ang isang tulad niya. Kasalanan ko rin kung bakit ako nasasaktan ngayon dahil minahal ko siya.

Minahal ko ang isang Montemayor na kagaya niya.

◆Ms, ayos ka lang ba?◆ Tanong sa akin ng gwardya ng kinuha ko ang I.D ko. Ningitian ko lamang siya at tsaka ako tumango at nagmadaling umalis doon. Naglakad lang ako ng naglakad ng siya lang ang laman ng isip ko.

Kung pwede lang sana na ibalik ko ang nakaraan, hihilingin ko na sana hindi ko na lang siya nakilala noon para hindi ako masaktan ng ganito ngayon. Kung kaya ko lang sanang ibalik ang dati, ipinapango kong hinding-hindi ako masasaktan ng dahil sa kanya. Bigla kong naramdaman ang pagpatak ng ulan sa mga palad ko. Nag-angat ako ng tingin sa kalangitan at unti-unti kong naramdaman ang pagpatak ng ulan sa mukha ko. Mapait akong ngumiti sa kalangitan na tila ba nakikiramay sa akin ngayon.

Kung darating man ang araw na magmamahal ulit ako, sinisigurado kong hindi na ulit ako magmamahal ng maling tao.

***

Twitter: @MarcoJose008
Facebook: www.facebook.com/SiMarcoJoseAko
Instagram: marco.jose

THIRTY EIGHT

◆Anak, hinahanap ka kanina noong kasintahan mo.◆ Bigla akong natigilan sa pagkain

dahil sa sinabi ni Manang Bien, ang mayordoma sa bahay. Agad akong nag-angat ng tingin sa kanya at hinintay ko ang susunod niyang sasabihin.

﷼Mga tatlong oras din nag-antay iyong batang iyon. Aba, ala-singko pa lang ng umaga ay naririto na iyon. Napapadalas na ata ang pagpunta ng batang iyon dito at lagi kang hinahanap. Mayroon ba kayong pinag-awayan, anak?﷼ Kunot noong sabi sa akin ni Nanay Bien habang naglilinis sa may harapan ko. Tinignan ko naman siya at mapait akong ngumiti sa kanya.

﷼Wala ho, ﷼nay.﷼ Sagot ko at tsaka ko muling itinuon ang pansin ko sa pagkaing nasa harapan ko.

﷼Sigurado ka ba, anak? Sa tuwing pumupunta si Axcel dito ay lagi ka namang wala o hindi kaya﷼y tulog ka. Nangangayayat na nga iyong batang iyon sa kakaparito﷼t sa Cavite. Alam mo namang ang layo pa ng batang iyon.﷼ Ani ni Nanay Bien. Hindi na ako sumagot pa sa sinabi ni Nanay Bien at tahimik ko na lamang pinag-laruan ang pagkain ko. Bigla akong nawalan ng gana kumain at parang mas gusto ko na lamang magkulong na lang sa kwarto ko.

Isang buwan na ang nakalipas simula nang mag-usap kami ni Axcel. Ginawa ko lahat ng kaya kong gawin para lamang maiwasan siya at hindi siya makausap. He keeps on texting and calling me, pero binaliwala ko ang lahat ng iyon. I actually changed number para lamang hindi niya ako matawagan o ma-text man lang. I even deactivated all my accounts para lang mawalan ako ng koneksyon sa kanila, specifically, sa kanya. Miski si Nicollo ay iniiwasan ko rin kahit panay ang pangungulit niya sa akin. I once told him na kung pupwede ay h﷼wag na muna niya akong kausapin dahil gusto ko lamang mapag-isa. Tinupad naman niya iyon at hindi na niya ako kinukulit pa.

Hindi naging madali sa akin ang kalimutan siya, dahil hanggang ngayon. Alam ko pa rin sa sarili ko na mahal ko siya. Kung pupwede nga lang na iuntog ko ang sarili ko sa isang malaking bato para makalimutan siya ay ginawa ko na. Pero hindi pwede, dahil mayroong proseso at hindi iyon madali.

﷼Nanay Bien, tapos na po ako.﷼ Sabi ko kay Nanay Bien at tsaka ako tumayo.

﷼O siya sige, anak. Iwan mo na lamang ﷼yang pinag-kainan mo d﷼yan at ako na ang bahala.﷼ Saad ni Nanay Bien. Tumango lamang ako. Kumuha muna ako ng isang basong

tubig bago ako muling umakyat sa kwarto ko.

Hindi madaling kalimutan si Axcel dahil sa tagal ng aming pinagsamahan. Sa tuwing naaalala ko ang mga araw, oras at pagkakataon na magkasama kaming dalawa. Hindi ko maiwasang hindi umiyak, pero ganoon naman talaga iyon. Sa una talaga mahirap, pero darating ang oras, araw, at panahon. Hindi mo aakalaing nakalimutan mo na pala siya.

Biglang naputol ang malalim kong pag-iisip ng biglang tumunog ang phone ko. Agad akong napatingin doon at tinignan ko kung sino ang tumatawag. Agad na kumunot ang noo ko ng makitang si Jeorge iyon. Walang pag-aalinlangan kong sinagot iyon.

◆Heena! Gimik tayo mamaya! May ikukwento ako sa◆yo kasi namimis na kita◆Takte, Travis! Umayos ka nga! H◆wag mo sabing hawak ◆yan! Argh, Travis! Sasakalin kita, makikita mo! Travis, panty ko ◆yan! Ano ba!◆ Kumunot bigla ang noo ko at tinignan ang phone ko.

◆Jeorge?◆

◆Sorry Heena, bwisit kasi ◆yong Ravis na ◆yon! Ayaw akong tigilan, nang-iinis na naman. Pero basta ah, mamaya. Susunduin kita diyan sa bahay n◆yo!◆ Sunod-sunod niyang sabi.

◆Isasama mo si Travis?◆ Tanong ko.

◆Oo, andito nga siya ngayon sa unit ko at nanggugulo. Sige na, tatawag na lang ako maya-maya at mayroon pa akong papatayin dito.◆ Sagot sa akin ni Jeorge at tsaka niya pinutol ang linya. Huminga naman ako ng malalim.

Paano kung nandoon si Axcel? At mas malala kung naroroon din si Thalia? Wala pa silang alam at alam ko sa sarili kong darating ang oras na malalaman din nila ang nangyari sa aming dalawa ni Axcel.

Bigla akong napalingon sa malaking salamin sa may kwarto ko at nakita ko ang kwintas na ibinigay sa akin noon ni Axcel na hanggang ngayon ay suot-suot ko pa rin. Mapait akong ngumiti at tinanggal sa may leeg ko ang kwintas na ibinigay niya sa akin. Saglit ko iyong pikatitigan at bigla kong naalala ang mga araw at oras na magkasama kaming dalawa.

Marahan kong pinahid ang mga luhang lumandas sa mga mata ko. Gusto kong matawa sa sarili ko dahil lagi na lang ganito ang nangyayari sa akin sa tuwing maalala ko siya. Parang tuloy lumalabas na patay na siya.

◆Heena.◆ Bigla akong napalingon sa may pinto ng kwarto ko at nakita kong bumukas iyon. Nakita ko si Daddy na pumasok sa loob at marahang isinarado iyon. Ngumiti ako sa kanya ng pilit.

◆D◆Daddy, may kailangan po ba kayo?◆ Nakangiti kong sabi sa kanya. Dahan-dahan siyang umupo sa kama ko at pilit na ngumiti sa akin. Matanda na si Daddy at siya na lang ang tanging lalaking nasa tabi ko palagi. Alam kong hindi ako iiwan ni Daddy kahit ano pa man ang mangyari. Hindi katulad ni Mommy na basta na lamang kaming iniwan at sumama sa ibang lalaki. Nakita ko kung gaano nasaktan noon si Daddy. Wala siyang ibang ginawa kung hindi ang uminom at umiyak habang tinitignan ang picture ni Mommy. Hindi siya makapaniwala na iniwan siya ng babaeng bukod tangi niyang minahal. I was there, I saw his agony, I saw how broken he was, how devastated he was and that◆s because of love.

◆Alam kong mayroon kang problema, anak. Kilala mo ako, anak. Alam ko kung malungkot ka o hindi.◆ Sabi sa akin ni Daddy at tsaka umupo sa may tabi ko.

◆D◆Dad.◆ I bit my lower lip trying to suppressed my emotion.

◆Hija, I◆m just here. You could tell me what◆s wrong.◆ Sabi sa akin ni Daddy. Hindi ko na napigilan ang hindi mapaiyak at agad akong yumakap sa kanya. Naalala ko noon na minsan ko siyang nakitang umiiyak mag-isa sa kwarto nila ni Mommy. Walang tao noon sa bahay kung hindi mga katulong at kami lang ni Daddy. Wala noon si Kuya at nasa school para mag-practice ng basketball. I saw him, he was crying because of Mommy. Naalala kong lumapit ako sa kanya noon at bigla ko na lamang siyang niyakap. He was just crying in front of me telling how hurt he is because of my Mom. Aaminin ko, nagalit ako sa Mommy ko pero habang lumilipas ang mga panahon, natutunan ko siyang mapatawad at nagawa kong tanggapin na lang ang katotohanang iyon. Dad gave his focus to me and to my brother and also to the company. Sinigurado niya ang kinabukasan naming ng kuya ko. Gusto kong maging masaya ang Daddy ko noon kaya ginawa ko ang lahat para mapasaya siya. Naroroon iyong bigla ko siyang dadalawin sa office niya at guguluhin siya o hindi naman kaya◆y sa tuwing uuwi siya galing office ay hihilutin ko ang ulo niya na ginagawa noon ni Mommy. Hindi na niya nagawang mag-mahal pang muli ng iba dahil nakuntento na siya kung ano bang mayroon siya ngayon. Si kuya at ako.

◆Shhh, babanatan natin ang nag-paiyak sa◆yo.◆ Bulong sa akin ni Daddy habang yakap-yakap niya ako. Humiwalay naman ako sa pagkakayakap ko sa kanya.

◆Nakakainis ka naman, Daddy eh! Ginagawa mo na naman akong bata!◆ Natatawa kong sabi sa kanya habang pinapahid ko ang luha ko.

◆Ang baby ko, umiiyak na ngayon.◆ Nakangiti niyang sabi sa akin.

◆Dad, I love Axcel. I love him so much.◆ Seryoso kong sabi kay Daddy. He cupped my face and wiped my tears.

◆I already knew it, baby. Matagal ko ng alam na mahal mo siya. Alam kong hahantong sa ganito ang lahat, alam kong mamahalin mo rin siya. At alam kong masasaktan ka rin ng ganito ng dahil sa taong mahal mo. Heena, pinalaki kita kahit na wala ang

Mommy mo para tulungan ako sa parteng iyon. Ginawa ko ang lahat ng makakaya ko para lang mapalaki kayo ng maayos. Ginawa ko at alam kong nagtagumpay ako, dahil alam ko sa sarili kong napalaki kitang malakas. I know you can do it all, na kaya mong lagpasan ito. Alam ko iyon, anak.◆ Seryosong sabi sa akin ni Daddy.

◆I◆m just here, hija.◆ Saad ni Daddy at tsaka niya hinalikan ang noo ko. I just smiled at him. Atleast, gumaan ang loob ko kahit papaano ng dahil sa Daddy ko.

Kung may isang bagay na mangyayari. Mangyayari iyon sa tamang panahon, sa tamang tao at para sa tamang rason.

HINDI ko namalayang nakatulog pala ako pagkatapos naming mag-usap ni Daddy. Pakiramdam ko ang gaan-gaan ng pakiramdam ko pagkagising ko. Agad akong tumingin sa orasan sa may gilid ko at nakita kong ala-siyete na pala ng gabi. Dumiretso agad ako sa banyo at agad na naligo. Saglit lang akong nag-ayos dahil alam kong kahit anong oras ay darating na si Jeorge. Napili kong isuot ang kulay blue na dress na iniregalo sa akin ng Kuya ko noon.

◆Nanay, si Daddy po?◆ Tanong ko kay Nanay Bien pagkababa ko mula sa itaas.

◆Naroon sa sala at kausap ang Kuya mo.◆ Ani niya. Agad naman akong pumunta sa sala at nakita ko roon si Kuya na kausap si Daddy habang buhat ang panganay niyang si Jonathan.

◆Kuya!◆ I called him while smilling really wide. Ang tagal kong hindi nakita ang Kuya ko at miss na miss ko na siya.

◆Uhugin.◆ Nakangiti niyang sabi sa akin ng yumakap ako sa kanya. Hinalikan ko naman siya sa pisngi pati na rin si Nathan.

◆Kainis ka Kuya, ngayon ka lang dumalaw dito.◆ Nakasimangot kong sabi sa kanya. Pinisil naman niya iyong ilong ko na dati na rin niyang ginagawa.

◆Busy ako, pero hayaan mo. Kapag grumaduate ka na, lagi mo na akong makikita sa kompanya. Pahihirapan kita roon hanggang sa sumuko ka.◆ Nakangisi niyang sabi. Sumimangot lamang ako sa sinabi niya habang si Daddy ay mahinang tumawa.

◆May lakad ka?◆ Tanong sa akin ni Daddy. Tumango naman ako bilang sagot.

◆May lakad po kami nina Jeorge.◆ Sabi ko. Tumango lamang si Daddy. Si Kuya naman ay sinabing umuwi agad ako at kung maari ay i-text siya para kahit papaano ay may alam siya kung nasaan ako. Nakipagkwentuhan lamang ako sa kanila hanggang sa dumating na si Jeorge na kasama ni Travis. Saglit akong nagpaalam sa kanila bago lumabas ng bahay.

◆Sorry na nga, hindi ko na uulitin.◆ Narinig kong sabi ni Travis kay Jeorge. Nakasimangot lamang si Jeorge at tila ba ayaw pansinin si Travis. Napailing na lang ako sa kanilang dalawa. Nang makita ako ni Jeorge ay agad siyang lumapit sa akin.

◆Tara na nga, Heena.◆ Naiinis niyang sabi sa akin at tsaka ako hinatak papasok sa loob ng sasakyan ni Travis.

◆Ano ◆to?! Gagawin n◆yo akong driver n◆yo?!◆ Inis na sabi ni Travis habang nakatingin kay Jeorge. Nag-away ba silang dalawa? Parang kanina lang naglalandian lang sila, tapos ngayon nag-aaway naman.

◆Bakit?! May angal ka ba kung gawin ka naming driver?!◆ Inis rin na sabi ni Jeorge kay Travis.

◆Lumipat ka nga sa tabi ko! Hindi ako sanay na wala ka rito!◆ Pagalit na sabi ni Travis sabay iwas ng tingin. Napalingon naman ako kay Jeorge at nakita kong namula ang mukha niya.

◆Sige na, tabihan mo na siya.◆ Sabi ko kay Jeorge.

◆Fine!◆ Inis niyang sabi at tsaka lumabas ng sasakyan upang lumipat sa tabi ni Travis. Nakita kong nilingon ni Travis si Jeorge pagkapasok nito. Nanlaki naman ang mata ko ng walang sabi-sabing hinalikan ni Travis si Jeorge sa may harapan ko.

◆Let◆s go.◆ Sabi ni Travis at tsaka niya pinaandar ang makina ng sasakyan. Para namang walang nangyari sa pagitan nilang dalawa at tahimik lang kami sa loob. Kinakausap ako ni Jeorge at minsan ay si Travis. Gusto kong magpasalamat na hindi nila tinatanong kung kamusta na kami ngayon ni Axcel.

NAKARATING kami sa isang bar pagkalipas ng isang oras. Medyo traffic kaya natagalan kami. Marami na rin ang tao sa labas ng bar dahil mag-aalas diyes na ng gabi. Bumaba na kami sa sasakyan at nakita kong agad na pumulupot ang mga braso ni Travis sa bewang ni Jeorge. He◆s so possessive.

◆Nandito na raw sina Din.◆ Sabi sa akin ni Jeorge. Sinalubong kami ng ingay ng bar pagkapasok namin sa loob. Marami nang nagsasayawan sa dance floor at mas marami rin ang tao sa loob. Pumunta kami ni Jeorge sa pinareserve nilang pwesto. Nagulat naman ako ng makitang naroroon silang lahat.

◆Hi Heena.◆ Bati sa akin ni Xander. Tinignan ko naman sila at tahimik lang sila. Lalo na si Din na hindi nagsasalita habang seryoso lamang na nakatingin sa akin. Ganoon din si Rissa, Shaun, Symon, at Aivan. Si Allen at Alex ay naroroon din. Bigla ay nakaramdam ako ng kaba. Para bang mayroong hindi magandang mangyayari ngayong gabi at ayoko ng ganitong pakiramdam.

Umupo ako sa tabi ni Jeorge at tanging tugtog lamang ng bar ang nagsisilbing ingay sa paligid naming lahat.

Mayroon ng mga alak sa lamesa namin at karamihan doon ay mga beer at tequila. Nakita kong seryosong nakatitig lamang sa akin si Din at kung hindi ko siya kilala

ay iisipin kong malaki ang galit niya sa akin dahil sa pagtitig niyang iyon. Magsasalita na sana ako ng biglang mayroong magsalita sa likuran ko.

“I’m here.” Sabi ng napakapamilyar na boses sa may likuran ko. Agad kong naramdaman ang pagbilis ng tibok ng puso ko dahil sa loob ng isang buwan, ngayon ko na lamang ulit napakinggan ng boses niya. I bit my lower lip.

Nakita kong umupo siya sa may harapan ko sa tabi ni Xander. Nakipagbatian lamang siya sa mga pinsan niya. Pinipilit kong iwasan na mapatingin sa kanya dahil alam kong nasa akin nakatingin ang kanyang mga mata.

Nag-inuman lang kami at panay pag-uusap sa mga kung anu-anong mga bagay. Si Jeorge ang lagi kong kausap at napag-usapan namin ang tungkol sa kanila ni Travis. Hindi niya raw alam kung ano ba ang mayroon sila ni Travis. Basta ang alam lang daw niya, malandi si Travis. Lumipas ang mga oras at may tama na ang iba sa amin. Medyo nahihilo na rin ako pero alam ko sa sarili kong kaya ko pa.

“This is bullshit! I really can’t take this anymore!” Bigla kaming napalingon kay Din na biglang tumayo. Namumula na ang buo niyang mukha at halatang may tama na. Tumayo rin si Xander at pilit na pinapaupo si Din pero hindi ito nagpatinag. Nanlaki ang mga mata ko ng biglang lumapit si Din kay Axcel at sinampal ito ng pagkalakas-lakas. Nagulat kaming lahat at biglang napatayo si Jeorge at Rissa.

“Fvck you!” Sigaw ni Din sa kanya at muli itong sinampal ng pagkalakas-lakas. Napatakip naman ako ng bibig ko at nakita kong tumayo sina Symon at Shaun para awatin si Din. Napatayo na rin ako ng bigla muling sampalin ni Din si Axcel.

“Putang ina mo! Ang kapal ng mukha mong saktan si Heena! Putang ina mo, Axcel! Wala kang kwentang tao! Hindi mo man lang nagawang isipin kung ano ang mararamdaman niya sa ginawa mong iyon! Putang ina mo! Darating ang oras na ikaw naman ang iiyak! Ikaw naman ang masasaktan at sinisugurado kong si Heena rin ang magiging dahilan ng lahat ng ‘yon! You are a jerk! Asshole!” Sigaw ni Din kay Axcel habang pinagsasampal ito. Pilit siyang inaawat ng mga pinsan nito at wala akong magawa. Paano nila nalaman?

Naramdaman ko ang pangingilid ng luha sa gilid ng mga mata ko. Tama na siguro ito, dapat pala hindi na ako pumunta pa rito kahit na alam kong maaari ko pang makita si Axcel. Sana siguro hindi na nagkaganito ang lahat.

“I should go.” Sabi ko sa kanila at tsaka ako nagmamadaling lumabas ng bar. Hindi ko na napigilan pa ang pagbuhos ng emosyon ko. Umiyak ako pagkalabas na pagkalabas ko ng bar. Pumunta ako sa parking lot kung saan wala masyadong tao at doon umiyak. Kasalanan ko ang lahat ng ‘to, kung sana ay dati ko pa hindi hinayaan na matuloy ang walang kwentang engagement na ‘yon, hindi sana magkakaganito ang lahat. Hindi sana sila magkakagalit ngayon.

“Heena.” Bigla akong napatigil sa pag-iyak ng marinig ko ang napakapamilyar niyang boses. Marahas kong pinahid ang mga luha sa pisngi ko at agad na umalis doon. Pero hindi pa ako nakakailang hakbang ay hinatak na niya ang braso ko at pilit akong pinaharap sa kanya.

◆Ano bang problema, Heena?! Ano bang nagawa ko bakit hindi mo ako magawang harapin man lang?! Ano bang mali sa akin at hindi mo ako kinakausap?!◆ Sigaw niya sa akin. Nag-angat ako ng tingin sa kanya at nakita ko ang dugo sa may gilid ng labi niya. Pinakatitigan ko ang mga mata niya at nakita kong naghihintay siya ng mga sagot sa mga tanong niyang iyon.

